

**Pag-alagwa
sa Hawla:
Pagkatha ng Makabagong
Kuwentong Hayop**

TOMÁS

The Journal of the UST Center
for Creative Writing and Literary Studies

Volume 5 • Issue 1

Tomás is a refereed journal published by the
UST Center for Creative Writing and Literary Studies

©2024 by the authors and editors

All rights reserved.

No copies can be made in part or in whole without prior written permission from the
authors and the editors

ISSN: 0119-7908

TOMÁS

The Official Peer-Reviewed Journal
of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies

Cristina Pantoja Hidalgo
Editor-in-Chief

Chuckberry J. Pascual
Associate Editor

John Jack G. Wigley
Managing Editor

Dawn Catherine Llanera
Book and Cover Designer

International Editorial Board

Gemino H. Abad
National Artist for Literature
University of the Philippines Diliman

Ramon Guillermo
University of the Philippines-Diliman

Virgilio S. Almario
National Artist for Literature
University of the Philippines Diliman

Robin Hemley
Professor Emeritus
The University of Iowa

Jose Duke S. Bagulaya
The Education University of Hong Kong

Luisa A. Igloria
The Muse Writers Center in Norfolk

Nerissa S. Balce
The State University of New York
at Stony Brook

Jazmin Llana
De La Salle University Manila

John Blanco
University of California San Diego

Shirley Lua
De La Salle University Manila

Cecilia Brainard
Philippine American Literary House

Vicente Rafael
University of Washington

Gary C. Devilles
Ateneo de Manila University

Tim Tomlinson
New York University

M. Evelina Galang
University of Miami

Ruanni Tupas
University College London

Eugene Gloria
DePauw University


Galileo Zafra
University of the Philippines Diliman

Pag-alagwa sa Hawla:

Pagkatha ng Makabagong
Kuwentong Hayop

KISHA ALEENA H. ABUDA

TOMÁS
The Journal of the UST Center
for Creative Writing and Literary Studies
Volume 5 • Issue 1



ABSTRACT

The goal of this monograph, *Pag-alagwa sa Hawla* (Liberation from the Cage), is to collect and give new meaning to Philippine literary texts that contain animal characters, symbols, and imagery, as well as representation of animality. Through an extensive search for these animal-bearing pieces, it will be revealed that there is a dominant tradition of suppressing animal representation by way of using animals and their animality as imagery, metaphor, stereotype, and tools of satire not just in Philippine literature but also literature from other cultures. This monograph will also establish that this caging of animal representation mirrors the plight of animals in the real world, and therefore, the stories in this collection must free the caged animal in literature.

To achieve this new understanding of animal experience, this monograph shall prove that fiction, particularly the short story, will create new representations of animals through world-building, perspective or point of view, and a glimpse of the interior lives of animal characters. Through the production of new animal fiction, the reader can now move past the long-held tradition of caging animals in conventional representations, and begin to see the animal and their experiences in the present.

Keywords: short story, fiction, animals, Veganism, Speciesism

NILALAMAN

Abstract	v
Para sa Hayop, Para sa Tao	ix
KABANATA 1: Poetika	
Panimula	3
Mabuti ang Mabait	3
Katumbas ng Paglabas	5
Mulat sa Pagsusulat	6
Ang Tradisyon ng Pagkahon sa Mga Hayop	11
Politika sa Pagsulat	60
Mga Problema ng Makata	60
Ang Paglabas sa Dilim	65
Genre ng Pagkalag: Katha at Maikling Kuwento	74
Pagbubuod ng Proyekto	83
Sanggunian	86
KABANATA 2: Mga Piling Kuwento	89
Konsepto ng Koleksiyon	91
Tayong Dalawa	92
Maganda Pa Ang Daigdig	103
Tahol in My Heart	115
TUNGKOL SA MAY-AKDA	138

PARA SA HAYOP, PARA SA TAO

Para kanino?

Laging ipinupukol ang tanong na ito sa mga estudyante ng Malikhaing Pagsulat. Bahagi ng kahingian sa pagsusulat ng malikhaing tesis ang deklarasyon ng politikal na intensiyon ng estudyanteng-manunulat, at madalas, ang artikulasyon ng intensiyong ito ay nagmumula sa pagsagot ng tanong na ito. Samot-sari ang lumilitaw na sagot, siyempre pa. May nagsusulat para aliwin ang sarili, at halos insidental na lang kung ano ang magiging pagtanggap ng mambabasa. Mayroong nagsusulat para sa sining; sapat na ang kagandahan bilang rason ng paglikha. At mayroon din namang iniaalay ang panulat para sa iba: para sa mga bata, para sa mga may katulad na identidad, para sa kapareho ng uring panlipunan, para sa mga manggagawa, magsasaka, OFW, at iba pang sektor, para sa mahihirap at mga indibidwal na nasa laylayan, mga pinagkaitan ng katarungan.

Sa bawat sagot, malinaw rin ang pagtukoy sa isang ideyal na mambabasa. Nariyan ang sarili, ang kritiko (para sa nagsusulat para sa sining), at ang iba't ibang sektor o mga indibidwal na pinag-aalayan ng pagod at panulat, e.g. manggagawa, magsasaka, OFW, at iba pa. Pero kung ipapataw ang tanong na ito sa pag-aaral ni Kisha Aleena Abuda na *Pag-alagwa sa Hawla*, ang maaaring mahugot na sagot ay: *mga hayop*. Oo, nagsusulat si Abuda tungkol sa mga hayop, para sa mga hayop. Susulpot ngayon ang tanong ni Spivak: paano mo magagawang bigyan ng bores ang nasa laylayan kung ang mismong pagsasalita para sa kanila ay pagpapatahimik rin? Paano sila makakapagsalita kung wala silang access sa mismong wika, sa sistema ng pagpapakahulugan?

Mahirap sagutin ang tanong na ito, at parang laging walang patutunguhan kundi pagkalugmok dahil kapag dinulo ang argumento, walang kapasidad ang manunulat—o kahit na sino—na maturok kung ano ang danas ng kanyang kapwa. Lagi at lagi tayong mananatiling nasa labas ng bawat isa. Kaya nga si Spivak na rin ang nagpanukala ng “strategic essentialism”: magsulat at magmito pa rin ng kaisahan at pagkakaugnay, kung ito ang kinakailangan para banggain ang mga mapaniil na estruktura ng kapangyarihan. Oo, may limitasyon ang representasyon, pero mabuti nang mayroon kaysa wala; mabuti nang may pakialam sa kapwa, sa iba, kaysa malunod sa sarili, sa katulad.

Mabuti. Nakasuksok rin ang salitang ito sa bawat sagot sa “para kanino?” Mabuti ang panulat nina Balagtas at Rizal dahil mga malikhaing pagtutol ito sa kolonyalismong Espanyol. Gayundin ang panulat ng mga Katipunero. Mabuti ang mga akdang kumokondena sa Batas Militar, mabuti ang mga akdang nagsusulong ng karapatan ng kabataan, mga kababaihan, at LGBTQIA+.

Muli, malinaw ang tugon dito ni Abuda, dahil ang pag-aaral niya ay isang sustenidong paliwanag ng kung ano ang itinuturing niyang mabuti, i.e. ang kanyang etika sa panulat. Sa pagtalunton niya ng kasaysayan ng representasyon ng mga hayop sa ating panitikan—na tinagurian niya bilang “tradisyon ng pagkahon”—malinaw para kay Abuda na naglalayon ang kanyang panulat na “palayain” ang mga hayop sa mga mapaniil na pagkulong sa kanila. At hindi lamang para maiwan sa lebel ng representasyon, kundi para kumilapsaw sa materyal na kondisyon ng mga hayop. Bahagi ng etikang isinulong ni Abuda ang hindi pagturing sa mga hayop bilang pagkain lamang ng tao. Mahirap na posisyon ito—maaari pa ngang sabihing bunga ng pribilehiyo, dahil hindi hamak na mas mahal maging vegan kaysa kumain ng isda at karne—at kinikilala ni Abuda ang

kasalimuotan ng relasyon natin sa mga hayop. Tingnan halimbawa itong pag-uukilkil niya sa sarili, at kung paanong ang sariling ito ay bahagi ng mas malawak na lipunan, na may komplikadong relasyon sa hayop:

Peste kasi ang bubwit kung ituring natin, at tulad ng milyun-milyong hayop na kasama natin dito sa mundo, nasa hanay ng mga hayop na maaaring paslangin ang mga bubwit. Siyempre, hindi katanggap-tanggap ang pagkitil sa mga nakagawiang kasama sa bahay tulad ng aso at pusa, o mga espesyal na hayop na nakatira sa mga masukal at tagong parte ng mundo na tinaguriang wildlife, lalo na ang mga kasama sa listahan ng endangered species. 'Di kinalulugdan ang pagkain o pangangaso sa mga ito, at sama-sama nating babatikusin ang mga taong naniniwala na mali ang kumuha ng buhay ng iba.

Pagkatapos, uuwi tayo sa kanya-kanyang bahay para kumain ng paboritong adobong gawa sa mga kinitil na baboy. May kasama pang panghimagas na ice cream galing sa mga inahing bakang pilit binuntis para lang gatasan at pagkakitaan, lingid sa kaalaman natin na may mga naulilang guya dahil hindi nila puwedeng inumin ang gatas ng mga sariling ina. Bago matulog ay makikita natin ang paparating na Yulin Dog Meat Festival sa China at pipirma tayo ng petition sa Change.org para wakasan na ang kagimbal-gimbal na pagbebenta ng laman ng isang uri ng hayop, habang libo-libong manok, baboy, at baka ang inihahatid natin sa katayan araw-araw dahil nakagawian na natin silang kainin, dahil masarap, dahil andiyan na sila, at dahil hayop sila.

Pagkatapos nito, tatalakayin ni Abuda ang mabagsik na implikasyon ng pahayag ng isang Pilipinong naging headline sa New York Times noong 2016: “They are slaughtering us like animals.” Ano nga ba ang depinisyon natin ng pagpaslang, kanino o sa ano ito katanggap-tanggap gawin, saan, at bakit?

Kung ibabatay sa mga argumentong ito, madali namang makumbinsi sa pag-aaral ni Abuda. Madali lang, dahil sino ba ang gustong sumuporta sa pagdurusang ibang nilalang? Pero hindi naman isang kurap lang ang pagbabago. Lalo na ang pagdedesisyon na huwag nang kumain ng karne ng hayop, halimbawa. Kailangang kilalanin pa rin ang pagkamulat at naging pagtanggap sa komplikadong relasyon ng lipunan sa mga hayop. Nadarama ko ito sa tuwing nagpapakain ng mga nakakasalubong na puspina at nagagalit sa mga kuwento ng pananakit sa hayop; pero lumalampas sa akin ang pinagdaanang proseso (pagdurusang) ng manok na piniprito ko. At ang totoo, bago ko basahin ang pag-aaral na ito ni Abuda, natakot akong magsisi sa lahat ng naging kasalanan ko bilang isang carnivore. (Ito rin ang hula kong mararamdaman ng ibang mambabasa.)

Kaya ganoon na lang ang gulat ko nang mabasa ang malikhaing artikulasyon ni Abuda ng kanyang politika, poetika, at etika sa mga maikling kuwentong kabilang sa monograph na ito. Hinahamon ng mga kuwento ang hangganan ng representasyon sa pamamagitan ng pagsagad ng pagiging iba. Ang “Tayong Dalawa” ay kuwento ng pag-ibig mula sa perspektiba ng ipis; ang “Maganda Pa Ang Daigdig” ay tungkol sa danas ng mga langgam; nagpapanukala ang “Tahol in my Heart” tungkol sa pag-iral ng mga aso, at sa ugnayan nila sa tao. Isinasampal ng mga akda ang pagiging iba ng danas ng hayop, pero kasabay nito, nagmimito rin ng hindi maitatangging pagkakatulad: ang ipis ay umiibig; ang mga langgam ay may pag-iisip; tumatawid sa pisikal ang pag-iral ng mga aso. Binibigyang-diin ng pananaliksik at malikhaing panulat ni Abuda ang buhay ng mga

hayop at hinihiraya ang imposibleng proposisyon na mapapasok natin ang kamalayan nila, hindi lamang para sabihin sa mambabasa na “masama ang pumatay ng hayop.” Ipinagbubunyi niya ang pag-iral ng mga hayop, binabakas ang mga posibilidad ng ugnayan—pagkakatulad—natin sa kanila. At naroon ang kanilang bagsik: mas nakakapagbago ng isip ang lugod, ang pakikiisa, kaysa paninisi.

Chuckberry J. Pascual
Associate Editor

**KABANATA 1:
POETIKA**

PANIMULA

Mabuti ang Mabait

May bubwit sa bahay. Sumisilip siya sa kurtina sa sala at nakikita ko ang anino niya sa likod ng tela. Sa gabi, naririnig namin ang kaluskos ng maliit niyang paa na umaakyat sa hagdanan, ang pagkalabit ng mga hamak na kamay sa mga kabinet sa kusina, at ang tahimik na paghalukay niya sa mga karton ng biskuwit at plastik ng tinapay. Madalas, kung naiwan ang supot ng pandesal sa mesa, kinabukasan ay matatagpuan namin itong may munting marka na hugis ngiti. Siguro, masaya siyang nakapuslit sa mga tagong lagusan sa aming bahay, sa mga nakauwang na kahoy sa kisame, at nakatiklop na alambre ng screen sa bintana. Nagba-bandyong bandyong siya sa mga patay na kawad ng telebisyon at bentilador, makuha lang ang mga naiwang mumo sa sahig at upuan.

Siguro, naamoy niya ang mga nakakubling pagkaing nais tikman kahit pa ang katumbas nito ay ang pagpasok sa isang bahay nang patago at sa dilim, kubkob ang pag-asang hindi mahuli ng mga may-ari ng bahay. Suwerte na kung busog ang mga pusang gala sa mga lumang kanin at tinik ng isdang isinaboy ng mga kapitbahay. Matulin siyang tatakbo papunta sa amin, tanda ang pasikot-sikot ng kuwadrang silid at mga lulundaging kasangkapan sa bahay. At kahit may badya pa rin ng malagkit na patibong na naghihintay sa isang sulok sa kusina, susuyurin pa rin niya ang mga bahay tulad ng sa amin, dahil wala siyang magagawa kundi maghanap ng palaman sa sikmura.

Hindi siya papapigil sa tatay kong maingat na naglalapag ng mga patibong sa bawat kanto ng bahay at naglalagay ng bughaw na bigas na

hahaluan ng malasang ulam para amuhin siya. Walang titinag sa pag-aasam niyang makapuslit ng kapingangot na kahit ano kapalit ng paghagip sa katawan niya sa madikit na papel sa lapag ng aming bahay. Buong lakas ang pagpupumiglas niyang makatakas sa mahigpit na yakap ng kapisangong papel na magtatapos lang rin sa marubdob na pagtapak ng tatay ko sa labas ng bahay.

Peste kasi ang bubwit kung ituring natin, at tulad ng milyun-milyong hayop na kasama natin dito sa mundo, nasa hanay ng mga hayop na maaaring paslangin ang mga bubwit. Siyempre, hindi katanggap-tanggap ang pagkitil sa mga nakagawiang kasama sa bahay tulad ng aso at pusa, o mga espesyal na hayop na nakatira sa mga masukal at tagong parte ng mundo na tinaguriang wildlife, lalo na ang mga kasama sa listahan ng endangered species. ‘Di kinalulugdan ang pagkain o pangangaso sa mga ito, at sama-sama nating babatikusin ang mga taong naniniwala na mali ang kumuha ng buhay ng iba.

Pagkatapos, uuwi tayo sa kanya-kanyang bahay para kumain ng paboritong adobong gawa sa mga kinitil na baboy. May kasama pang panghimagas na ice cream galing sa mga inahing bakang pilit binuntis para lang gatasan at pagkakitaan, lingid sa kaalaman natin na may mga naulilang guya dahil hindi nila puwedeng inumin ang gatas ng mga sariling ina. Bago matulog ay makikita natin ang paparating na Yulin Dog Meat Festival sa China at pipirma tayo ng petition sa Change.org para wakasan na ang kagimbal-gimbal na pagbebenta ng laman ng isang uri ng hayop, habang libo-libong manok, baboy, at baka ang inihahatid natin sa katayan araw-araw dahil nakagawian na natin silang kainin, dahil masarap, dahil andiyan na sila, at dahil hayop sila.

Paano bang dapat lumabas ang mga hayop sa dilim? Ano ba ang epekto nito sa kanila? At una sa lahat, bakit kailangan silang ikulong sa dilim at ‘di bigyang- pansin? At kung mayroon mang napapansin, bakit

pili ang mga ito? Sapat ba na dahil 'di sila tao kaya hindi na sila dapat alalahanin?

Katumbas ng Paglabas

Sa mga malalim na gabi na gising pa ako, nadadatnan ko ang pagpapakita ng isang bubwit. Marikit itong hihinto at titingin sa akin, inaalala siguro kung ako ba ang nag-iiwan ng madikit na papel sa sahi. Makalipas ang ilang segundo ay maririnig ko ang mahinang yabag niya sa tablang hagdan. Oras na ng pasukot-sukot niya sa dilim. Hindi ko malaman kung naghahanap ng pagkain o unti-unting gumagawa ng lungga sa isa sa mga maalikabok na sulok ng bahay. Mabuti't mahimbing na ang tulog ng tatay ko.

Ano nga kaya ang nangyayari sa mga hayop na lumalabas sa dilim? Depende ba sa hayop at sa kung anong paraan ng paglabas? Kung may lumitaw siguro na itinuturing na extinct na species ng pilandok sa mga masukal na parte ng Samar at Leyte, magdiriwang ang mga wildlife conservationist ng bansa, at malamang, susuyurin ng iba pang dalubhasa mula sa iba't ibang parte ng mundo ang maliit na isla ng Samar para lang mapagmasdan ang mahiwagang usa na nagawang magpakitang muli pagkatapos ng ilang taong pagkawala. Kung elepante siguro ito na galing sa sirko tulad ng nangyari sa Honolulu noong 1994, hindi magdiriwang ang mga tao na nanonood ng palabas, dahil ang inaasahan nilang higitang hayop na magbibigay-aliw sa kanila ay nababaliw na sa kagustuhang makatakas sa pagkakabilanggo. Ang salubong? Walumpu't pitong tama ng bala sa dambuhalang katawan nito bago tuluyang bawian ng buhay. At kung libo-libong bangkay ng baboy naman ang lumutang mula sa marumi at nakasusulasok na baha sa North Carolina, maaawa ang mga tao—hindi sa mga nasawing buhay ng alagang hayop kundi sa mga magbababoy na malulugi dahil sa porsyentong nawala sa pinagkakakitaang buhay.

Paano bang lumalabas ang mga hayop sa balita o diskurso sa lipunan? Lumilitaw lang ba sila kapag nagambala tayo, tulad ng pagkabalisa ng tatay ko noong isang beses na pinakawalan namin ng kapatid ko ang bubwit na nadikit sa patibong? Kunsabagay, napapansin ko lang rin naman ang ipis kapag may nakita akong maliit na itim na hugis sa puting dingding, o ‘di kaya’y mala-paruparo itong lumipad sa kung saan ako nakaupo.

Mulat sa Pagsusulat

Tulad ng marami sa atin, kinagisnan ko ang pagkain ng hayop at paggamit ng mga bagay na galing sa kanila. Lumaki ako na paborito ang fried chicken at spaghetti, pork chop, sunny-side-up egg, sinigang na baboy, nilagang baka, at siyempre, ‘di mawawala ang ice cream. Nagsisinungaling ako kung sasabihin kong madali ang pag-iwan sa mga ito, dahil ang pagkain ay ‘di lang tungkol sa *pagkain* kundi ang pakiramdam na nararanasan habang kumakain. Oo, ‘di lang tungkol sa kabusugan o pagkapawi ng uhaw o gutom ang mga ito. Totoo na may malalim tayong ugnayan sa pagkain, lalo na kung may nabuong alaala o tradisyon kasabay ng gawaing ito.

Wala rin naman akong pakialam sa mga daga, langgam, at lalong-lalo na sa ipis. Peste silang lahat dahil marumi sila at sila ang dahilan kung bakit may mga sakit na kumakalat. Maliliit sila at ‘di mahalaga ang kanilang mga buhay. Mapa-hanggang ngayon ay ayaw ko sa ipis at lalong ayaw ko na nasa bahay ko sila. Kahit pa paborito kong cartoon show ang *Tom and Jerry*, hindi ko nakakikitaan ng pagkakapareha si Jerry at ang bubwit sa bahay namin, kaya ayos lang sa akin noon kapag pinapatay sila. Kinabukasan, masaya ko pa ring susubaybayan ang palabas na kinagigiliwan. Hinangaan ko rin ang kuwentong pambata tungkol sa masinop na langgam na nagipon ng pagkain bago ang tag-lamig kaya may nakain siya sa mga panahong walang tumutubong pagkain sa lupa.

‘Di rin ako malapit sa mga nagdaan naming aso. Nagugustuhan ko lang sila kapag nabuburyo ako o wala akong kalaro. Hindi ko gustong mag-alaga ng aso dahil ayokong naglilinis ng tae o nakaaamoy ng ihi. Ayaw ko rin ng responsibilidad dahil kailangan silang pakainin, pabakunahan, palabasin, at kung ano-ano pa. Pero gusto kong magpa-picture kasama sila lalo na kapag tuta pa lang sila. Cute kasi. Pero ilan sa mga palabas na nagustuhan ko noon ay *Beethoven* at *Lassie* dahil pinapakita doon kung paano magmahal ang mga aso. Sa mga palabas na ‘yon, matatalino at madaling turuan ang mga aso, may kakayahan silang makahanap ng mga bagay na nawawala, o magbigay aliw sa kanilang mga amo. Matalino sina Lassie at Beethoven, ‘di tulad ng mga aso naming aspin. Walang alam na tricks.

Nauna kong nadiskubre ang salitang “vegan” sa isang 9GAG post sa Facebook, siguro noong high school pa ako. Ang sabi sa post, “If vegans want to save animals, why are they eating their (animals’) food?” Oo nga naman, kung gusto mo maisalba ang buhay ng mga baka, bakit mo kukunin ‘yong damo nila? Mamamatay sila sa gutom. Nagkaroon din sa akin ng stigma ang mga animal rights activists lalo na ‘yong may mga kaparaanan na maingay, nakabubulabog, o maituturing na sukdulan. Nakakita ako noon ng mga placards na nakalagay ang mga katagang “Meat is Murder.” ‘Yong iba, pumupunta pa sa mga steakhouse at sinisigawan ‘yong mga taong kumakain doon ng “meat is murder,” at sa isip-isip ko, mga hibang lang ang gagawa no’n sa kapwa tao nila. Personal na desisyon ang pagkain ng hayop, at mas lalong katawa-tawa ang bigyang karapatan ang mga hayop mabuhay. Sa isip-isip ko: Talaga? Langaw, may karapatang mabuhay? E kumakain lang ng tae ‘yon, e.

Nang maging vegan ang kapatid ko noong 2017, hindi ko maintindihan kung bakit niya ipinagkakait sa sarili niya ang mga pagkain.

Sa isip-isip ko, mamamatay siya sa gutom. Hindi sa kangkong nabubuhay ang tao. Walang protina ‘yon, kaya nga may katagang “lantang-gulay” e, dahil mahina ka kung gulay lang ang kakainin mo. At saka mas mahilig siya sa piniritong manok, ‘yong drumstick kasi malambot iyon at malapit sa buto. “Sarap to the bones,” ika nga ng isang ad para sa manok. Noong sinubukan niyang ipaliwanag sa akin, naisip ko: e ‘di ba ‘yong halaman may buhay din? Ibig sabihin pumapatay ka pa rin.

Pero noong kinukuwento niya sa akin kung ano ang dinadanas ng mga baka para lang makuhanan sila ng gatas, kahit lumalabas lang sa kabilang tainga ang pumasok sa isa, alam kong may kirot akong naramdaman sa aking sikmura. Siyempre, nawala rin ‘yon noong kumakain ako ng sundae sa McDo o kaya ‘yong McFlurry. Masarap kasi at saka, ‘di ba hayop naman ang baka? ‘Di ba binigay sila ng Diyos sa atin? Kaya ayos lang kung ano mang naisin nating gawin sa kanila. Ayos lang kahit pinipilit sa ari nila ipasok ‘yong matigas na pahabang bakal na mayroong semilya, kasi kailangan nilang mabuntis, kasi gusto ko ng gatas. Gusto ko kasi, kaya ayos lang na gawin sa kanila ‘yon.

Dumating ang panahon na hindi ko na masyadong ikinatutuwa ang pagkain ng ice cream. Oo, masarap, pero hindi masarap kapag naiisip ko kung ako ‘yong nasa kalagayan ng baka. Kung babae akong baka, paulit-ulit akong gagahasain para magkaanak ako. Tapos, kapag nanganak na ‘ko, kukunin sa akin ‘yong anak ko kasi bawal niya inumin ‘yong gatas ko, kasi ibebenta ‘yon sa mga tao. Kapag dumating na sa panahon na sira na ang reproductive organs ko dahil sa labis na paggamit, ibebenta naman ‘yong laman ko para katayin. Pero teka, buhay ako, a! Nakakaramdam ako, a. Iniisip ko kung ano ‘yong tawag sa pagturing sa mga babae bilang bagay, at pagsasabi na hindi mahalaga ang isang nilalang dahil “bagay” ka lang. Matagal akong nagmuni-muni patungkol sa pinaggalingan ng ice cream ko hanggang sa matunaw itong hindi ko pa nagagalaw.

Noong unang makakita ako ng mga footage ng kinakatay na baboy, sinubukan ko pa ring isipin kung gaano ako kasaya kapag kumakain ako ng pork chop o sinigang. Iniisip ko pa rin na ganito lang talaga ang takbo ng buhay at may mga nabubuhay para buhayin ang iba. ‘Di rin kasi ako mahilig sa gulay at alam kong mahirap nang baguhin ang nakasanayan ko na sa buong buhay ko. At paano naman ang mga magbababoy? Ang mga mangingisda? Mawawalan sila ng trabaho o ng pagkakakitaan kapag huminto ako sa pagbili ng hayop. Kung majority ng mga tao sa mundo o kahit malaking porsyento ng populasyon ang hihinto sa pagkain ng karne ng hayop, tiyak na maraming manggagawa sa sektor ng agrikultura ang makukulelat. Kita ko na noon pa man kung paano nadedehado ang mga mangingisda natin dahil sa territorial dispute sa West Philippine Sea, na mapahanggang ngayon ay suliranin pa rin natin. Nasa lugar ba ang pagpili ko sa mga hayop sa panahon ng sakuna? Kung irarason ko sa sarili ko na patuloy na bumili at kumain ng hayop para tangkilikin o suportahan ang mga manggagawa natin na karaniwan ay salat sa buhay, maginging totoo ba ako sa sarili ko? Hindi naman ako bumibili ng fried chicken para suportahan ang mga nagbebenta ng manok. At lalong hindi ko naiisip ang mga magbabaka kapag kumakain ako ng ice cream.

Totoo nga siguro na may malalim tayong ugnayan sa ating pagkain. Hindi basta-basta ang pagkain dahil may alaala ang mga ito at may nabubuong tradisyong nais nating ipagpatuloy. Ang pagkain ay ‘di lang tungkol sa pagkapawi ng uhaw at pagtanggap ng gutom. May damdamin ang pagkain at nakapaghahatid ito ng ginhawa sa atin. Pero may *damdamin din* ang mga pagkain bago sila maging pagkain natin, nakararamdam din sila ng uhaw at gutom tulad natin. Kung tradisyon na natin ang pagpaparami at pagkatay sa kanila, iniisip ko na lang kung gaano na katagal ang tradisyon ng pang-aalipusta sa lahi o uri nila simula’t simula pa. Nais rin nila makaramdam ng ginhawa, kaya nga siguro lumalapit sa tae

‘yong langaw o kaya mahilig magngatngat ‘yong mga daga, kasi gusto rin nilang mabuhay, tulad ko.

Kaya ako nagsusulat para maiparating ang mga ganitong pangyayari, at para bigyan ng boses ang karanasan ng mga hindi nakapagsasalita. Sumigaw man sila o umiyak, madalas itong ‘di napapansin dahil hindi sila tulad natin. Nagsusulat ako para tanungin ang mambabasa kung ayos lang sa kanya na dahasin ang isang uring nakararamdam rin ng takot, lungkot, at saya. Sa pagsulat, nais kong itala ang mga sandali at saglit ng maikli nilang buhay, at magbakasakali na sa hinaharap ay makamit rin ng mga hayop ang karapatang pilit ninanakaw sa kanila ng mga tulad natin: ang karapatang mabuhay rin.

ANG TRADISYON NG PAGKAHON SA MGA HAYOP

Kung mas susuriin, ano nga ba ang nangyayari sa mga hayop sa dilim? Kung paglabas lamang sa dilim ang babatikusin, hindi natin makukuha ang kabuuang naratibo ng mga nakakubling hayop. Sa pagsinghap natin sa nagdaang balita sa pagpaslang ng mga balyena't pating, at pagkatay ng libo-libong aso sa isang festival sa China, patuloy nating ikinukubli ang pandarahas na dinaranas ng mga kahati natin sa mundong ito. Kaso lang, sino bang may pakialam? Nakararamdam lang naman tayo ng pagka-hayop kapag tayo ang nakararanas ng kawalang-katarungan.

Halimbawa na lang ang artikulo ng isang taga-*New York Times* na pinamagatang “They Are Slaughtering Us Like Animals” (Berehulak) na nailimbag noong 2017. Tungkol ito sa madugong pagpaslang o mga extrajudicial killings na naganap at nagaganap pa rin matapos mailuklok si Rodrigo Duterte. Sa artikulo, nagpakita si Berehulak ng limampu't pitong litrato ng mga pinaslang nang walang karampatang hatol sa apatnapu't isang lugar sa Pilipinas. Isa sa mga nakapanayam niya ay sinabi ang mga katagang ito, malamang sa Filipino: “Pinapatay nila kaming parang mga hayop.” Ang paggamit ng katagang ito ay tahasang pag-amin sa kung ano angtrato natin sa mga hayop. Kalakip nito ang paniniwalang may mali o inhustisya sa pagpaslang sa mga hayop na itinuturing na livestock. O baka hindi lang angkop ang pandarahas na ginagawa natin sa mga hayop kapag tayo na ang nasa bahay-katayan?

Tunay bang daluyan lang ng ibang pagmamalupit ang mga hayop? Ginagamit lang ba sila kapag may gusto tayong bigyang-diin, na karaniwan

ay pantao lamang? Ang mga sumusunod ay iilang nakasanayang tradisyon ng pagkahon natin sa mga hayop sa panitikan.

Kuwentong-Bayan, Alamat, at Pabula

Sa mahabang tradisyon natin sa pagsusulat at pagtutula, unang lumabas ang mga akdang patungkol sa hayop sa mga alamat at pabula o mga tinatawag na folk tales o animal tales. Base sa nalikom ni Damiana Eugenio hinggil sa pagbubukod na ginawa ni William Bascon, ang mga kuwentong-bayan o folktales ay itinuturing na kathang-isip lamang ng mga manunulat at tagapakinig nito kung ikukumpara sa mga alamat at mito na pinaniniwalaan na totoong nangyari sa nakaraan (Eugenio xxi). Ang alamat ay naratibo ng mga pinagmulan o pinag-ugatan ng mga halaman, uring lupa o tubig, at mga hayop, habang ang mito ay naratibo naman ng mga pangyayari sa nakaraan o remote past tulad ng kung paano nalikha ang mundo, araw, buwan, karagatan, atbp. Ang mito, alamat, at kuwentong-bayan ay nagkakaisa sa porma bilang prosa at naglalaman ng mga aral na ginagamit noon upang magturo o mangaral. Habang nakakulong sa partikular na panahon ang mito at alamat dahil sa taglay nilang aral sa lipunang ginagalawan ng mga tao noon, nakaalagwa naman ang kuwentong-bayan dito dahil kadalasan itong ginagamit bilang libangan lamang kahit pa may moral rin naman ang mismong naratibo. Pumapasok sa categoryang kuwentong-bayan ang mga prosa tungkol sa hayop na nais kong bigyang pansin.

Sa mga nadaanan kong kuwento, kapansin-pansin ang tema ng karahasan, pagpaparusa, at pananangis ng mga hayop o mga magiging hayop. Ang mga kuwentong bayan at alamat ayon sa mga unang naratibo ay nakaangkla na agad sa dalawang pagsasalungat o binary opposition. Ganito rin ang nakikitang istilo sa mga kuwentong-hayop at pabula kung

saan nakakulong na agad ang gamit ng mga hayop upang magbigay liwanag o gabay sa moral ng tao (xxix). Kadalasang gumagamit ng pagtutunggali ng hayop laban sa hayop sa mga pabula, habang nakakabit sa balikat ng mga hayop ang pagsasalungat na itinalaga sa kanila ng mga manunulat.

Mahalagang pagtuunang pansin ang pagkakaiba at pagkakarapareha ng kuwentong-hayop (animal tales) at pabula (fables). Pagpapakahulugan ni Eugenio na nagmula kay Stith Thompson, "...Philippine animal tales are non-mythological stories in which human qualities are ascribed to animals, designed usually to show the cleverness of one animal and the stupidity of another" (xxvi). Nakatuon ang plot ng kuwentong-hayop sa pagpapakita ng katalinuhan ng isang hayop at katangahan ng isa pa, kung saan sa kalikasan kadalasan ang tagpuan i.e., kagubatan, kakahuyan, tabing-ilog, bundok, sa taas ng puno, etc. Kadalasan ring ginagawang libangan ang mga kuwentong ito, kaysa pagpulutan ng magandang aral. Sa mga pabula, mga hayop rin ang pangunahing tauhan, at umiikot ang kuwento upang magbigay-aral sa huli, at bagkus, mas nakatuon sa pantaong aspekto ng moralidad. Ani ni Eugenio, "Another type of animal tale commonly found in the Philippines is the fable, which contains a moral applicable to humanity" (xxix).

Sa diskurso patungkol sa nilalaman ng mga pabula ni Aesop, mas malawig na pagbubukod sa kuwentong-hayop at pabula ang ginawa ni Ben Edward Perry:

The fourth, and most important, of Perry's four criteria is that a fable at least pretends to be told for the sake of a moral, not merely for entertainment. The presence of a moral protects the story part of a fable from the charge of being an out-and-out lie, since the moral gives the fabulist a meaning, at once deep and explicit, that goes beyond the fiction; and the presence of a moral distinguishes fable

formally from other types of short narrative such as riddles, allegory, parables, and animal folktales. Although even the simplest kinds of folktale (including animal stories) are often fraught with philosophical significance (whether profound or worldly), the storyteller is interested in this meaning only secondarily. His primary concern is to relate a story—to move along the action or the drama of the explanation. In contrast, the most distinctive feature of the fable form is that this philosophical import is divulged openly in the moral. (Ziolkoski 10)

Isa sa popular na kuwentong-hayop ang kuwento ng matsing at buwaya. Kahit iba-iba ang bersiyon mula sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas, iisa lang rin naman ang balangkas ng naratibo. Laging masama ang intensyon ng buwaya sa matsing dahil gusto nitong kainin o kunin ang atay, puso, o baga ng matsing. Aayain ng buwaya ang matsing na sumakay sa likod niya para tumawid sa ilog. Sa kalagitnaan ng langoy ay malalaman ng matsing ang tunay na layunin ng buwaya, at bagkus, iisahan niya ito at sasabihing naiwan ang lamang loob na nais kainin ng buwaya. Dahil tanga, babalik ang buwaya sa pampang, at makakatakas ang matsing (Eugenio 3–6).

Ang matsing ay simbolo ng pagiging tuso at matalino, mabilis, at maliksi. Nakadepende sa kuwento kung magiging bida o kontrabida ang matsing. Sa kuwento ng matsing at pagong, kontrabida ang matsing dahil nais lamangan ang pagong na, kumpara sa kanya, mabagal gumalaw. Pinangangatawanan naman ng pagong ang pagiging madunong na tumutumbas sa pagiging makupad. Sa naratibong ito, namumutawi ang pagiging mapanlamang ng matsing dahil nais nitong makuha ang lahat ng

saging kahit sa umpisa ay nagkasundo sila ng pagong na maghahati sa puno o bunga ng punong saging (Eugenio 8–13).

Makikita sa dalawang kuwento ang pagsasalungat na nabanggit kanina. Ang isa ay tuso, habang ang isa ay mangmang. Ang isa ay mabilis at ang isa ay mabagal. Mapagbigay ang isa at matakaw ang pangalawa. Makikita rin ang kalakasan at kahinaan sa mga kuwento at mga pagtutumbas sa mga ito. Sa kuwento ng matsing at buwaya, mas malaki at mabangis ang buwaya, at kung tutuusin ay walang kawala dito ang matsing. Naibabaliktad o nababawasan pa rin ang kalakasan ng buwaya dahil kung ano ang kulang sa matsing ay napupunan naman ng pagiging matalino nito. Sa kabilang banda, tuso at mapanlamang ang matsing kung ikukumpara sa pagong, kung kaya't ginawaran ng dunong ang pagong upang makabawi sa matsing.

May ganap na tunggali na nangyayari sa mga kuwentong ito, at siyempre may karahasang taglay ang pagtutunggaling ito na kaagad lamang tinatanggap ng mambabasa. Sa Tagalog na bersiyon ng kuwentong pagong-matsing, pinapipili ng matsing ang pagong kung paano nito gustong mamatay: kung ipupukpok siya sa bato o lulunurin (Eugenio 9). Sa Pampango naman, naglagay ng matatalim na patibong ang pagong sa paanan ng punong saging para maapakan ito ng matsing pagbaba niya. Nakapaloob rin sa kuwentong ito ang isang bahagi kung saan nagtatago ang pagong sa ilalim ng niyog at hindi siya nakikita ng matsing. Sa galit ng matsing ay ninais niyang matagpuan ang pagong para kitilin ito. Nagsasalita ang pagong, at lingid sa kaalaman ng matsing ay nasa ilalim lang ito ng niyog. Sa pag-aakalang tiyan niya ang nagsasalita, inis na hinampas ng matsing ang sariling tiyan gamit ang isang malaking bato hanggang mamatay (11). Sa bersiyon naman ng Isinay, nalunod sa huli ang matsing (13).

May ipinapakilala na ring hierarchy sa iilang kuwento, at isa na rito ang alamat galing sa Marinduque kung bakit ayaw ng pusa sa aso at kung bakit nais kainin ng pusa ang daga. Sa kuwento, may isang hari na gumawa

ng batas-kasulatan patungkol sa pagkain para hindi mag-away-away ang mga hayop sa kagubatan. Ang sa pusa ay buto ng isda, samantalang ang buto ng iba pang hayop ay sa aso. Dahil sakim ang aso, kinuntsaba niya ang daga para ngatngatin ang parte ng kasulatan kung saan nakasaad na dapat sa pusa ang tinik ng isda. ‘Di kalaunan, nagkaproblema ang aso at pusa dahil kinakain na rin ng aso maging ang pagkain ng pusa. Nang humarap ang pusa sa hari, nakitang wala sa kasulatan na may pagkain ang pusa. Ito ang dahilan kung bakit galit ang pusa sa aso at takot ang daga sa pusa (26–27).

Bagamat walang marahas na detalyeng ibinigay ang kuwento, makikitang nakakulong ang tatlong tauhan sa pagbibigay-rason ng alamat sa ugnayan ng tatlong hayop. Una, may hari sa kuwento na nagtalaga kung anong dapat kainin ng mga hayop. Ang hari ay tao at makikita na agad dito ang pandidikta na ginagawa ng tao sa buhay ng hayop. Pangalawa, ang kalidad ng pagkain na ibinibigay ng hari sa mga hayop: buto. Kung iisipin, talagang mag-aagawan ang mga hayop kung ganito lang ang kanilang kakainin. Wala pa ngang binanggit kung ano ang maaaring kainin ng daga na itinuturing na nasa ibaba pa ng hierarchy ng tao-aso-pusa. Pangatlo, ang kapabayaan ng hari o kakulangan niya bilang pumapagitna ang dahilan ng ‘di pagkakasundo ng tatlo. Mahalagang alalahanin na bagamat nagbibigay ng pantaong pananaw ang may-akda ng alamat, sa realidad ay umaakto lamang base sa instinct ang mga hayop na ito para mabuhay kaya’t ‘di rin masisisi ang aso sa pagiging sakim at mapanlamang.

Sa alamat ng pinagmulan ng unggoy at buwaya na hango sa Tagalog, nagmula sa tao ang dalawang hayop. May isa raw ama, dahil malapit nang pumanaw, na inutusan ang anak na magpakasal sa isang magandang babae. Sumuway ang anak at iba ang pinakasalang babae dahil mas maganda ito sa gusto ng ama. Sa galit dahil sa pagsuway, tinanggal ng ama ang lahat

ng pagmamay-ari at damit ng anak at pinaalis itong nakahubad, at saka binato ng pahabang kahoy (stick) ang anak na siya namang dumikit sa likod nito. Pagsasalaysay ni Eugenio: “This is the reason why we see the monkey in the forest naked and always wagging his tail as if he is repeating his misdeeds” (350). Pinarusahan rin ang asawang babae ng matandang lalaki: “Before throwing her into the sea, he pounded her hands and feet, and struck her with a bolo, and that is why crocodiles have webbed feet and scaly garments” (351).

Sa alamat naman ng unang ibon ng mga Moro, mga tauhan ang isang ina at kanyang anak. Isang araw, nawala ang anak sa paghahanap sa libingan ng kanyang ama. Ilang araw hinanap ng ina ang anak at tinawag ang ngalan nito nang paulit-ulit. Sa lubos na pananangis, tumalon ang ina sa isang bangin habang binabanggit pa rin ang ngalan ng anak na “kuhao” at biglang nagkaroon ng pakpak, at siya ang naging unang ibon (342–343). Sa isa pang kuwento ng pinagmulan ng ibong “bahao,” may isang apat na taong gulang na bata na umiiyak para pakainin siya ng bahao o tirang kanin. Sa inis, pinalo siya nang paulit-ulit ng kasambahay na taga-alaga, at naging ibon ang bata na umiiyak pa rin para sa bahao (344).

Sa alamat ng unang alitaptap na galing sa Samar, nautusan ng prinsipeng isang binata na hanapin ang isang magandang dilag. Dahil hindi mahanap ng binata, napag-isipan niyang hindi naman talaga maganda ang dilag na ipinahahanap sa kanya. Lumitaw ang dilag at sinumpa ang lalaki na maging langaw hangga’t hindi ito makahanap ng dalagang mas gaganda pa sa kanya. Umaga at gabi ay naghanap ang binata, at sa gabi ay nagdadala siya ng ilaw sa paghahanap, ang naging rason kung bakit may ilaw ang alitaptap. Hanggang ngayon ay naghanap pa rin ang lalaki (352–353).

Dahil nagbibigay ng pinagmulan ang mga alamat, nagbibigay ito ng paliwanag kung bakit o paano naging hayop ang isang hayop. Mahalagang pagtuunan ng pansin ang tema ng karahasan, pananangis, pagdurusa, at

kaparusahan sa mga tauhan sa kuwentong nabanggit. Bukod sa pagpapalagay kung saan nagmula ang mga bagay o hayop, at paglalahad-moral sa mga tagapakinig, nagtatalaga na rin ng pagpapakahulagan o profiling ang mga may-akda sa subjek na hayop at pagtutumbas ng kahulugan o kaugalian nito sa magiging kaparusahan o kahihinatnan sa huli.

Sa mga nabanggit, lumilitaw kaagad ang kamalian o kahinaan ng tao, dahilan kung bakit sila kinundena at isinumpa na maging hayop. Makikita rin ang pananangis at pagdurusa lalo na sa mga alamat ng ibon kung saan ang mga tauhan ay dumanas ng napakasakit at masalimuot na karanasan bago maging ibon. Mahalagang pansinin na itinutumbas sa iyak ng tao ang tunog ng ibon na kumakatawan sa nosyon na parusa ang maging hayop. Napaigting ang nosyon na ito sa alamat ng unggoy, buwaya, at alitaptap na pare-parehong pinarusahan ng mas nakatataas sa kanila kung kaya sila naging hayop.

Marapat ding pansinin ang ipinapataw na kapinsalaan sa katawan na nagbubunga ng deformity sa mga napaparusahang tao sa mga alamat na ito. Ang unang unggoy ay binato at natuhog ng isang mahabang kahoy, habang ang buwaya naman ay pinalo ang kamay at paa, at tinaga maging ang katawan. Ang mga ito ang kumakatawan sa nosyon na paghuhubad ng pagkatao ang pagiging hayop at pagiging pangit (ayon sa pantaong pananaw) ng hayop dahil sa karahasang dinanas nila.

Kung susumahin, makikita sa mga nakalap na kuwentong hayop at alamat ang binary opposition, hierarchy, pagsasalungat ng kalakasan at kahinaan, pandarahas na tinatanggaap nang ganap ng tagapakinig, dahas bilang pinagmulan ng mga hayop, parusa sa pagiging hayop, at higit sa lahat, ang Othering na nagaganap para maging hayop ang isang hayop.

Epiko

Mahalagang tingnan at suriin din ang ating mga epiko patungkol sa paggamit nila sa hayop dahil isa ito sa mga pinakauna at matandang uri ng panitikan na umusbong magmula pa sa tradisyon ng pagbigkas. Pangalawa ay ang pag-unawa sa genre na epiko na patungkol agad sa tao o bayani (epic hero) ang pagsasalaysay, dahil wala namang epiko na patungkol sa hayop. Sa ganitong pag-intindi, nasa balangkas na ng epiko na gagamitin lang ang mga hayop na isinama sa naratibo. Ang mga babanggiting epiko ay nalikom mula sa *Philippine Folk Literature: The Epics* na tinipon ni Damiana L. Eugenio at nailimbag noong 2001.

Sa mga epikong nalikom, makikitang malapit ang hayop sa tao dahil sa iilang gamit nila sa tauhang bayani. Katulad ng ibang kasangkapan o sandata na gamit ng bayani tulad ng espada at kwintas, ginagamit rin ang mga hayop sa mga epiko bilang panlaban o panangga sa mga kaaway ng bayani. Minsan, sila ang ginagamit bilang hudyat ng panganib na paparating sa mga tauhan, o di kaya'y ginagamit rin mismo upang makapaghatid ng delubyo sa mga ito. Sa mga babanggiting epiko, pansinin kung paano nagiging kasangkapan din ang mga hayop, at kung paano sila nagiging daluyan o katuloy (extension) mismo ng mga bayaning nagmamay-ari sa kanila.

Sa popular na epikong *Biag ni Lam-Ang*, nagmamay-ari si Lam-ang ng puting tandang, inahing manok na may dilaw na binti, at mabalahibong aso (Eugenio 2). Ani Eugenio: "Among the most dominant of this type are the preference for certain magic numbers, magic objects, magic objects and animals possessed by the hero..." (xxx). Sa Epiko ni Lam-ang, ginamit ang tandang (rooster) upang bumagsak ang bakuran ng bahay (outhouse) ni Ines, ang babaeng nais niyang pakasalan, habang ginamit naman ang mabalahibong aso para itayo muli ito.

He set down his chicken, the white rooster
It flapped its wings once
And the outhouse fell into shambles,
Prodding Dona Ines Cannoyan to look
Out her window.
His hairy dog howled
And the outhouse was restored... (12)

Naging tagapagsalita rin ni Lam-ang ang tandang nang imbitahan siya ni Ines sa kanyang bahay. Matapos ang pagdiriwang ng kasal ng dalawa, pumayag si Lam-Ang na hulihin ang isang uri ng molusko o kabibi (shellfish) na tinatawag na *rarang*. Sa pangangaso nito nalulon si Lam-ang ng isang higanteng isdang tinatawag na *berkakang*.

And having seen some
Dived once more—
Right into the mouth
Of the fish,
A big tioan-tioan shark. (19)

‘Di kalaunan, nahanap ng isang maninisd ang mga buto ni Lam-ang, na siya namang muling binuhay ng alagang tandang.

The yellow-legged hen crowed;
The rooster shook its wings.
And the bones started to move.
The dog with curly locks
⁹⁰⁰Howled twice
Then clawed the ground

As though to bury the bones of Lam-ang.

Then the man Lam-ang

Got up once. (20)

Sa epikong ito, lumitaw ang gamit ng mga alagang hayop ni Lam-ang. Ang tandang, inahing manok, at aso ay mga kasangga at kakampi ni Lam-ang sa kanyang mga pagsubok. Una na rito ang pagkapanalo ni Lam-ang sa kamay ni Dona Ines Cannoyan. Sa taglay na kapangyarihan ng tandang at ng aso, napabilib niya ang nililigawan, dahilan para pumayag ito na pakasalan siya. Pangalawa, ang mga hayop na ito rin ang muling bumuhay kay Lam-ang nang makita ng maninisid ang kanyang mga buto sa tiyan ng higitang isda. Pangatlo ay ang pagiging tagapagsalita ng tandang para kay Lam-ang. Nagsisilbing representasyon ng isip ni Lam-ang o extension ng kanyang saloobin ang tandang, at ito rin ang naging daluyan ng mensaheng nais niyang iparating sa iba. Pansinin na natanggalan rin ng pagka-tandang, pagka-inahing manok, at pagka-aso ang bawat hayop sa epiko sa pagbibigay sa kanila ng pawang kapangyarihang gagamitin lang din ni Lam-ang sa pagtatagumpay niya sa buhay. Bukod sa pagkawala ng pagka-hayop ng mga ito, naitumbas pa sila bilang mga gamit o kasangkapan lang ni Lam-ang para sa kanyang pakikipagsapalaran.

Kabaligtaran naman ng mabuting gamit ng mga hayop ay ang pagiging katunggali o kalaban ng iba pang mga hayop na nabanggit. Nakadaragdag ito sa Othering ng mga hayop sa mismong epiko at kabuuan ng panitikan, kunsaan nasa binary opposition ng bayani/kaaway (hero/villain) ang tao/hayop. Nilamon ng higitang isda si Lam-ang, alinsunod sa propesiya sa simula pa lamang ng epiko, at bagkus nakadagdag ang kaganapan ng propesiyang ito sa katuparan ng pagiging bayani ni Lam-ang dahil namatay siya at nabuhay magmulí. Dito, naging daluyan ng propesiya ang higitang isda.

Sa epikong *Labaw Donggon*, iba ang paggamit sa hayop na babanggitin dahil ginawang karugtong ng pagkatao o buhay (life force) ang hayop. Sa epiko, ang karibal para sa ikatlong asawa ni Labaw Donggon na si Saragnayan ay tinatago ang kaluluwa sa katawan ng isang baboy-ramo.

But Saragnayan did not die
He could not be put to death
He could not be killed
For he had no life within himself
It was kept inside the body of a pig. (120)

Kahit ilang beses nais paslangin ni Labaw Donggon ang karibal, hindi niya ito magawa dahil wala sa katawan ni Saragnayan ang kaluluwa nito. Dahil natalo at nais ipaghiganti ang ama, ang mga anak ni Donggon na si Asu Mangga at Buyung Barunugan ang naghanap sa baboy-ramong nasa kabundukan. Nang mahanap nila ito:

¹⁷⁵⁰And true indeed
The wild boar suddenly slept
Barunugan then stepped on its side.
“Oh what a pig
What an animal
What greatness in size
How impressive is its length.”
“Let us cut the pig
Let us open the animal
And remove its heart
Which we will eat
Of which we will partake

So that we'll be able
to defeat Saragnayan.
¹⁷⁷⁰In charms
Overpower his might.”
Asu Mangga roasted
The heart of the pig
And then they ate it.
They ate it whole. (130–131)

Sa bahaging ito ay makikita kung paanong tatalunin ng magkapatid ang kalaban ng ama. Dahil nahanap na ang baboy kung saan nakakubli ang kaluluwa ni Saragnayan, kikitilin nila ito at kakainin ang laman, simbolo na rin ng pagiging dominante nila sa labanang nagaganap. Dahil kinain na ang baboy ay nasupil na rin nila ang karibal ng ama. Pansinin kung anong hayop ang ginamit sa epiko. Ito ay isang baboy-ramo o wild boar at hindi ibon, unggoy, isda, o leon. Kahit hayop ito na kasama sa kategoryang *wild animals*, maamo ang baboy-ramo kung ikukumpara sa ibang mababangis na hayop tulad ng ahas, oso, o tigre. Sa realidad, magiging domesticated din ang baboy ‘di kalaunan at magiging isa sa mga hayop na maaaring isaka (farm).

Kung papansinin, ang pagtatalaga ng baboy bilang kumakatawan sa kaluluwa ni Saragnayan ay pagbahid kaagad sa imahen ni Saragnayan bilang mandirigma at bilang tao. Inilagay ang katauhan ni Saragnayan sa isang hayop na maaaring i-domesticate at mapaamo, maaaring katayin at kainin ‘di tulad ng ibang mababangis na hayop sa kagubatan. Ang paglalahad pa ng detalye patungkol sa baboy-ramo ang nagpapakita kung gaano ito kapayapa dahil ito’y natutulog nilang pinatay, at hindi na nakalaban pa o nagpumiglas.

Kalakip ng mga detalyeng ito ang pagbuo rin ng mambabasa ng imahen ng baboy. Paano ba naipinta ang baboy sa naratibong ito? Ginamit ang imahen ng baboy bilang paglalapastangan kay Saragnayan at bilang inferior kumpara kay Labaw Donggon. Sa pagpapakita sa pagkain ng puso nito, ibinababa ang katayuan ni Saragnayan sa antas ng baboy. Isa itong pagtatalaga sa estado ng baboy sa lipunang ginagawalan ng mga tauhan sa panahong iyon. Kahit pa kalapit ng tao ang hayop, ang pagpaslang at pagkain sa puso ng baboy ay pagtatalagang inferior ang baboy sa tao.

Sa epiko namang *Tulalang* na galing sa North Central Cotabato, may istilo ring ginamit tulad sa dalawang nauna. Una, may kalapating ginamit upang ipahayag na may masamang mangyayari kay Tulalang. Alinsunod dito ang pagdating naman ng isang agila na magiging kalaban ni Tualang.

⁴⁸⁰You do not have to search for
His
Purpose,—
Of that eagle;
Because it is well known to you
That he frightens everyone
With his golden beak
And dagger-like talons. (358)

‘Di kalaunan ay matatalo ni Tulalang ang agila at magiging alipin niya ito. Bukod sa agila, ginamit naman ang ahas bilang taguan ng life force o buhay ng mga kaaway ni Tulalang. Sa mga bersong sumusunod makikita ang detalyeng ito:

A serpent was confined,
That one.

Because it might be
That there, the snake
Is the one taking care of, watching over,
Where the life's breath is kept
For all those warriors. (370)
... ¹³⁶⁰Its body lies stretched out,
Its breathing ended.
And then, Tulalang,
It was seen, it was found,
The small bottle
The tiny bottle.
It was in the very center,
Of the middle of the heart.
And it contained the breath
Which they had left with the snake... (371)

Tulad ng sa Labaw Donggon, ang kaluluwa ng kaaway ni Tulalang ay nasa isang hayop rin. Kumpara sa baboy-ramo, mas mabangis at mapanira ang ahas dahil sa taglay nitong mapanlasong tuklaw. Nakatali rin ang mga kaaway ni Tulalang sa imahen na ito bilang mga nakapipinsalang nilalang. Nang mapatay ito ni Tulalang ay kaagad ding natalo ang mga kaaway niya, hudyat na nagwagi siya sa labanang iyon.

Pansinin ang pagkakapareho ng paggamit ng puso sa epikong ito at ng kay Labaw Donggon. Laging puso ng hayop o nasa puso ng hayop ang pinakamahalagang bahagi ng katawan nila, ang buhay nila, na kinakailangang supilin, kunin, kainin, o paslangin ng mga bayani upang magtagumpay. Ganap na pag-uugnay ang matatamasa ng mambabasa sa mga bayani, at kasabay nito ang pagkamuhi sa mga hayop na naglalaman

ng kaluluwa ng kaaway dahil sila ay karugtong at kumakatawan din sa mga kaaway at katunggali ng mga bayani.

Sa kabilang banda, maaaring tingnan bilang mapagpalaya ang paglalagay ng kaluluwa ng taong tauhan sa katawan ng mga hayop. Kung titingnang maigi, ang paglalagay ng life force ng tao sa hayop, domestikado man ito tulad ng baboy o mabangis tulad ng ahas, ay pagbibigay halaga sa hayop na kinalalagyan ng kaluluwa o buhay ng tao, bida man o kontrabida sa naratibo. Dahil nasa loob nila ang lakas at buhay ng isang tao, mahalaga rin sila at kung iisipin pa ay nagiging kapantay ang tao sa ganitong paraan. Kung may kaluluwa ang mga hayop na ito, kaluluwa ng mga tao, bagkus ay kinakikitaan sila ng halaga sa kuwento o epiko. Nasa kanila ang lakas ng mga tauhang nabanggit at ito ang nagbibigay sa kanila ng kahalagahan at nag-aangat sa kanilang estado bilang hayop lang.

Sa pagsusuma, lumitaw sa mga epikong ito ang pagkulong sa mga hayop sa mga masasamang katangian ng tao dahil una, itinatalaga ang mga ito bilang mga katunggali o kaaway ng mga bayani sa mga naratibo. Pangalawa, ginamit ang pagka-hayop nila bilang negatibong katangian ng mga taong kakabit nila. Pangatlo, sa kaso ni Lam-ang, naging kagamitan lang ang hayop sa pansariling pakikipagsapalaran. Kahit magkaroon pa sila ng mga natatanging kapangyarihan, karugtong pa rin sila ng kapangyarihan ni Lam-ang at bagkus, nawawala ang pagiging hayop nila o katangiang indibidwal na eksklusib sa kanila. Sa kabila nito, makikitang may pagpapantay rin ang halaga ng tao at hayop sa unang dalawang epiko. Dahil nakatago ang lakas, buhay, o life force ng mga tauhang tao sa mga hayop, iniaangat nito ang halaga at estado ng mga hayop mismo sa epiko. Kung titingnan sa ganitong paraan, nagiging mapagpalaya rin ang mga nabanggit na epiko sa karaniwang tingin sa hayop bilang mababang-uri kumpara sa tao.

Bugtong

Ang bugtong ay isa pang uri ng panitikan na dapat siyasatin. Maiksi at may taglay na dunong ang mga bugtong, at makikita sa mga ito ang paglalaro sa wika at imahen ng mga makata. Bukod sa kumakatawan ito sa araw-araw na gawain at buhay ng mga tao noon, nakapaghahatid din ito ng kasiyahan sa pamayanan, habang hinahasa nito ang pag-iisip at paglilinang ng mga tao sa kapaligirang kanilang ginagalawan. Ayon kay Bienvenido Lumbera, isang Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan sa Pilipinas:‘

As poets, the creators of riddles were in close contact with the life around them. The riddles are direct transcriptions of experience, communicating the feel of the life that motivated their creation. The tasks of the rural folk—rowing, fishing, fetching water, reaping grain, plowing, cooking, etc.—are reflected by the subjects and metaphors used, revealing a poetic sensibility keenly responsive to the environment (7).

Makikita rin sa mga bugtong ang ganap na defamiliarization ng mga hayop na subjek. Dahil kailangan mahulaan ng ibang tao kung anong hayop o bagay ang tinutukoy ng makata, kailangan ikumpara o ihalintulad ng makata sa mga simpleng bagay ang nais niyang mahulaan ng ibang tao. Dagdag pa ni Lumbera:

Thus, the imagery of the riddle is always homely, drawn from the immediate environment of the folk. Common objects are exaggerated when described, but there is no attempt to glamorize the commonplace. The tendency, as

a matter of fact, is always to pull down to earth (through the answer) what the imagination has raised to the level of fantasy. (7)

Makikita ito sa mga nakalap na bugtong. Heto ang iilan sa kanila na nalikom ni Paz M. Belvez:

Heto na si Tiya go,
Dala-dala ang kubo. (85) *Pagong*

Papunta rito't papunta roon,
Ay walang tigil kakabulong. (85) *Bubuyog*

Ang ginagamit niyang laway,
Sa pagbuo ng sariling bahay. (86) *Gagamba*

Maliit pa si Kumpare,
Naaakyat ang tore. (86) *Langgam*

Baston ng kapitan,
Hindi mahawakan. (86) *Ahas*

Bahay ni Ka Huli
Haligi'y bali-bali
Ang bubong ay kawali. (87) *Alimango*

Makikita sa mga bugtong na ito ang pagtatali ng imahen ng hayop sa iba't ibang bagay na karaniwang makikita lang sa mga komunidad

noon. Dahil kailangang pamilyar ang mga imahen na inilalahad ng makata, kailangan ding gumamit ng imahen na malayo o di-karaniwang itatali sa mga hayop na nabanggit.

Makikita na rin agad ang paglitaw ng pagsasatao o personification ng mga hayop na hindi pa rin naman tumitiwalag sa pagiging indibidwal o natatangi ng isang hayop. Dahil ispisikong mga imahen ang ginagamit para ilarawan ang hayop, ispisipikong hayop lang din naman ang tinutukoy ng mga ito.

Papunta rito't papunta roon,
Ay walang tigil kakabulong. (85) *Bubuyog*

Sa bugtong na ito, inilarawan ang ispisipikong gawain ng bubuyog na pabalik-balik sa kinagagalingan at kinaroroonan. May mimesis din o paggaya sa katangian nitong mag-buzz na idinetalye bilang “bulong.”

Kumpara sa ibang uri ng panitikan na kinabibilangan ng tradisyon ng pagkahon sa mga hayop, natatangi ang bugtong sa pagpapalaya sa imahen ng hayop. Dahil binibigyan sila ng bugtong ng mga bagong imahen sa paglalarawan o pagpinta sa pagiging indibidwal nila, napapalaya ang hayop sa uri ng ganitong panitikan. Sa nakakaaliw na mga linya at maikling berso, maaaring ipahiwatig ng makata kung paano niya nakikita ang isang hayop na may pagsunod sa tunay na katangian nito (true-to-life description).

Bagamat mapagpalaya ang bugtong dahil sa defamiliarization, maaaring nakukulong din ang hayop sa mga maliliit na pagpapahayag ng kanilang katangian dahil sa mismong istruktura ng bugtong. Maituturing na impressionistic na uri ng pagtula ang mga bugtong, kung kaya't kinakailangang mahawakan agad ng mambabasa ang mga imahen na inilalahad ng makata. Sabi nga ni Lumbera:

The riddle is usually a test of wit which requires that the audience *see* the point of convergence between the object literally described and the object actually referred to. In this respect, it is an initiatory form of oral lore—it sharpens the *sensibility* of the audience who has to search his experience for the answer. (3, sa akin ang italics)

Bagamat nakatutuwa at nakapagpapaigiting ito ng imahinasyon, walang makukuhang koneksiyon o kalinangan patungkol sa danas ng hayop ang mga mambabasa ng bugtong dahil na rin mismo sa tinalagang gamit nito sa lipunan: ang mang-aliw.

Kung hindi kayang galugarin ng isang genre ang kabuuan o puso mismo ng isang hayop, ay maaaring ikinukulong na rin nito ang hayop sa mga maliliit na detalyeng wala rin namang gamit sa pagbuo ng empathy sa kanila. Ngunit dahil ganito rin naman ang istilong ginagamit ng bugtong para ilarawan ang mga parte ng katawan ng tao o mga prutas at halaman, maaari pa ring tingnan ang bugtong patungkol sa hayop bilang neutral na porma o istruktura ng panitikan sa danas ng hayop.

Sawikain at Kasabihan

Ang mga sawikain at kasabihan ay may ritmo at berso rin tulad ng bugtong, ngunit naka-pokus upang maglahad ng aral o moral sa tao. Sa paanong paraan nga ba ginagamit ng may-akda ang mga ito na alinsunod sa pagkahon sa mga hayop na subjek at objek ng nasabing genre? Ang mga salawikain at kasabihan na natipon ay susuriin upang bigyang-linaw ang katanungang ito. Ayon kay Paul Versoza:

“In the early communal life of our people, the moral code of the Filipinos consisted of pithy sayings and rhymed proverbs which have come down to our times known as salawikain, sawikan, or kasabihang bayan.” (2)

Kadalasang ginagamit ang mga kasabihan upang magbigay-aral o magturo, lalo na sa mga bata dahil ipinapabasa na ang mga ito sa kanila sa murang edad pa lang. Marami sa mga nasuring salawikain o kasabihan ang gumagamit ng hayop para maiparating ang aral na gustong ipahiwatig.

Mahalagang punahin na sa unang pagsusuri, makikitang ang paksa ng mga salawikaing nasa itaas ay hayop dahil sila at ang kanilang mga katangian lang naman ang binabanggit. Ngunit dahil sa mala-tulang ayos ng mga kataga (may sukat at tugma) ng mga kasabihan, may pangalawang pagbasa rin na dapat (at inaanyayahang) gawin. Ito ang iilan sa kanila na itinipon ni Paz M. Belvez noong 2009. Kasunod ng bawat kasabihan ang mas malalim na pagbasa sa mga ito.

“Mabuting di hamak
Ang isang ibong nasa palad
Kaysa sandaang ibong
Nasa papawirin at lumilipad.” (13)

Ang unang salawikaing nabanggit ay naglabas ng imahen ng mga ibon: una, isa na nasa palad (ng tao); at pangalawa, hugpong ng mga ibong lumilipad (at malaya). Ang paglagay ng imahen ng palad ng awtor ay paglitaw rin ng perspektibang pantao, at sa paningin na ito, naikukulong ang mga ibon sa nais sabihin, o orihinal o pangunahing mensahe ng may-akda: ang makuntento sa kung ano ang mayroon ka ngayon. Para sa kanya,

walang mapapala ang taong naghahangad ng higit pa sa kung ano ang nasa kanya na. Mabuti na ang may isang ibon na nasa pagkakahawak ng tao kaysa ang isandaan na malaya mula sa tao. Mabuti na ang may isang ibon na puwedeng gamitin kaysa maraming ibon na hindi puwedeng gamitin.

“Parang isdang kapak
Makintab ang labas
Ang loob ay burak.” (23)

Sa pangawalang salawikain, lumutang ang imahen ng isdang kapak, isang uri ng isdang makintab na kadalasan sa tubig-tabang natatagpuan. Ang pagsiksik ng salitang “parang” sa kauna-unahang linya ay pagpasok rin ng pantaong pananaw at pagbibigay-kahulugan sa isdang kapak. Dahil isdang naninirahan sa tubig-tabang, kadalasan ay may nakakain itong lupa at bagkus naglalasang burak o lupa ang laman nito. Inihahalintulad agad ang katangian ng isda sa pinapatamaan ng mensahe (tao, siyempre, dahil sino ba ang magbabasa?). Maganda nga ang panlabas na anyo pero burak naman ang nasa loob. Burak, lupa, dumi, basura.

“Ang kalimitan ng isda
Nahuhuli sa bunganga” (29).

Naisiksik din sa panlimang kasabihan ang tao, kahit ibang parte naman ng isda ang ginagawang daluyan ng mensahe. Ang salitang “nahuhuli” ay katumbas ng pagpasok ng taong nangingisda at pagpapakita ng relasyong mangingisda-isdang nahuli. Pinalabas sa kasabihan na sa bibig nahuhuli ang isda, at idiniin na ito ang rason kung bakit ito nahuhuli. Ang katagang ito ay pagtutumbas sa mensaheng: “Kaya ka napapako sa

sinabi mo kasi ang daldal mo.”/“Nadudulas ka sa pagsasalita dahil madaldal ka”/“Marami ka kasing sinabi, ‘yan tuloy napapala mo.” May tunog paninisi o pagsasakdal sa sinabihan ng katagang ito, at makukuha rin dito ang pagrarason kung bakit nahuhuli ang isda: dahil sa bibig nito. Bukod pa rito, nilulugar sa dilim ang pangangailangan ng isda bilang nilalang na kailangan kumain. Kaya nahuhuli ang isda dahil may bibig ito at kailangan nitong kumain. Nagustuhan kasi ng bibig nito ang pain kaya ito nahuli, sinaksak, kinaliskisan, niluto, at kinain.

“Ang lahat ng gubat
Tirahan ng ahas.” (24)

Ang pangatlong sawikain ay tahasan naman sa pagkulong sa kahulugan ng (1) gubat at (2) ahas. Ipinararating na gubat (o ang ‘hindi siyudad’) ay tirahan ng mga ahas, o mabangis at mapanlasong hayop. Parehong nakatali ang pagpapakahulugan ng gubat at ahas habang hindi rin naman sila ang tunay na tinutukoy ng may-akda. Ang gubat na magulo, masukal, nakalilito, pasikot-sikot, ‘di organisado, puro hayop, at tirahan ng mga ahas: gumagapang na hayop, nanunuklaw, mapanganib, mapanlinlang, taksil, mang-aagaw. Kung susuriin pa, makikitang may “othering” na naganap sa dalawang linyang sawikain. Ang lahat ng nasa magulong lugar ay mapanganib ay kabaligtaran ng: Ang mga (taong) nasa maayos na lugar (o siyudad) ay mapagkakatiwalaan (o disente). Sino ba ang makapagsasabi nito kundi ang mga taong taga-siyudad (at may kaayusan) na maituturing na may kredibilidad o dignidad? Ano ba ang maituturing na gubat sa ating lipunan at sino ba ang mga nakatira doon?

Idiomatikong Pananalita

Sa parehong libro, nailista rin ni Belvez ang ilang idiomatikong pananalita (idiomatic expressions) kung saan ginagamit ang hayop. Ito ang iilan sa kanila:

- (a) Ahas: taksil, hindi tapat, mapanlilo; Ahas na ulupong: mapanganib na tao; Gagapang na parang ahas: maghihirap ng maghihirap (31)
- (b) Baboy: mahilig maglublob sa kaputikan; salaula, burara, taong marumi; Ngasab-baboy: maingay na pagkain o pagnguya (33)
- (c) Bakang gatasan: taong laging hingian ng pera (33)
- (d) Balyena: Napakataba, babaeng labis ang taba (33)
- (e) Dagain: pansamantalang nakawin ang mga bagay na ipinagkatiwala; Mahirap pa sa daga: taong ubod ng hirap, napakahirap (36)

Kung titingnan, makikitang piling mga katangian lang ng mga nasabing hayop ang lumilitaw sa ating pananalita at panitikan, at siyempre, laging kaugnay ang pantaong pag-uugali (na kadalasan ay kamalian/human folly). Tatlong pagpapalagay ang maaaring kunin sa mga ito. Una, lumilitaw ang hayop (o pagka-“hayop”) sa mga makulay na pananalita. Pangalawa, sa pag-angat ng katangiang pang-hayop ay paglubog (o pagbabalik sa dilim) naman ng hayop bilang subjek ng pananalita. Dahil tinatalagang mas mataas o mas may saysay ang karanasan at kaisipang pantao, nagagamit ang piling katangiang hango sa hayop (o non-human animals) para bigyang-kahulugan o ilarawan ang karanasang pantao. At pangatlo ay ang pabibigay-liwanag o diin sa isang katangian o karanasang pantao. Pagpapatunay ang sawikain at mga matalinghagang pananalita na maging sa panitikan ay ginagamit pa rin natin ang mga hayop para maging tulay, daan, lakaran ng mga mensaheng pantao lang rin naman.

Tula

Sa popular na tula ni Fr. Albert E. Alejo na “Sanayan Lang ang Pagpatay” na naisulat noong panahon ng Martial Law, iginuhit ang pangungunsinti sa pagpatay ng mga taong nanonood lang sa pagpaslang sa iba. Gamit ang metapora sa pagkitil sa butiki, ipinakita ni Alejo ang pagiging komportable ng sambayanan sa pagpatay o sa panonood nito. Sa una ay isinasalaysay kung ano ang naging reaksiyon ng bansa sa pagpatay:

... Sa una siyempre
Ikaw’y nangingimi. Hindi mo masikmurang
Tiradurin o hampasing tulad ng ipis o lamok
Pagkat para bang lagi ‘yang nakadapo
Sa noo ng santo sa altar
At tila may tinig na nagsasabing
Bawal bawal bawal ‘yang pumatay. (Alejo)

Sa mga susunod na taludtod, makikitang unti-unting natututo ang persona sa pagkitil ng butiki, sa pamamagitan ng panonood sa kanyang tiyuhin sa iba’t ibang paraan ng pagpatay sa butiki: pagbalibag ng tsinelas, pagpilantik ng lampin, pag-ipit, pagdukit ng mata, pagbleyd ng paa, pagpisa sa itlog sa loob ng tiyan, pagsubo ng rebentador, atbp. Kung papansinin, ang mga nahuling istilo ng pagpatay ay istilo ng pagpatay sa tao noong panahon ng Martial Law, kung saan pinahihirapan ang nasasakdal bago tuluyang patayin. ‘Di kalaunan, nagpahayag ang persona ng pagkasawa sa pagpatay at kasunod nito ang panduduro sa mambabasa na kinukunsinti ang pagpatay sa paraan ng panonood at kawalang-pagkilos:

Ganyan lang talaga ang pagpatay:
Kung hindi ako ay iba naman ang babanat;
Kung hindi ngayon ay sa iba namang oras.
Subalit ang higit na nagbibigay sa akin ng lakas ng loob
Ay ang malalim nating pagsasamahan:
Habang ako’y pumapatay, kayo nama’y nanonood.

Itinalaga ng persona ang mga mambabasa bilang kasabwat sa mga pagpatay na nagaganap. Sa tula, makikitang ginamit rin ang imahen ng pagkitil (at torture) sa butiki upang ilabas ang pagiging kasabwat (o complicit) ng mga tao sa lipunan sa mga nagaganap ng pagpatay. Tulad ng mga sawikain at matalinhagang salita, may pagkukubli pa ring nagaganap kahit pa nailabas ang hayop sa panitikan dahil ginagamit lang din naman ito para magpahayag ng sariling mensahe.

May inklinasyon din ang batikang manunulat na si Mike Coroza sa paggamit ng hayop upang magbigay ng mensaheng pantao. Sa kanyang tula na “Daga,” ginamit ang mga salitang kakambal ng daga o pagiging daga upang magpahayag ng damdaming pangamba sa pagsinta. Sa unang berso:

Naglulungga sa puso ang pangamba,
Ngingangatngat ang ating pag-asa
Kaya hindi natin mabigkas nang malakas
At tiyak ang ating balak, maging galak

Ipinagtabi ang imahen ng daga na naglulungga sa pamamahay ng pangamba sa puso ng magsing-irog. Ang “pangangatngat” ay partikular na

gawain rin ng mga daga na kalimitang kadikit rin ng katagang “paninira,” na siya rin namang pagtutumbas sa daga bilang maninira. Bagkus, ipinalalabas ni Coroza na ang pangamba, sa pagsasalamin sa daga, ay nakasisira ng relasyon. Parang daga kung manira ang pangamba sa isang relasyon.

Maikling Kuwentong Pambata

Ang mga sumusunod na maikling kuwento ay gumagamit ng iba't ibang point-of-view at perspective patungkol sa hayop. Mainam na linawin ngayon pa lamang ang pagkakaiba ng point-of-view (POV) at perspective sa sumusunod na pagbasa. Ang tinutukoy ng POV ay kung *sino* ang nagsasalita sa naratibo (Sargent). Mailalarawan ang POV sa tatlo: unang-panauhan o first-person, ikalawang-panauhan o second-person, at ikatlong-panauhan o third-person. Ang perspective naman ay ang lente o boses na ginagamit ng may-akda ayon sa limitasyon ng kaalaman ng nagkukuwento (Sargent). Halimbawa, maaaring sa ikatlong-panauhan ang POV ngunit limitado ang kaalaman sa iisang tauhan lamang. Kung gayon ang kuwento ay matatawag na naratibong nasa third-person limited. Mainam na linawin ang mga ito dahil nakaaapekto rin ang POV at perspective sa daloy ng naratibo at sa trato ng akda sa danas ng hayop.

Isa pang katawagan na gagamitin sa pagbasa ay ang kamalayang-pantao. Mas maiintindihan ang kahulugan nito kapag iniugnay sa danas-tao na ang ibig sabihin ay karanasan ng tao sa totoong buhay. Ang kamalayang-pantao ay humanistikong pagtingin sa isang danas at may mensaheng-pantao; ibig sabihin may pagtangkilik ito sa danas ng tao sa realidad. Madalas gagamitin ang danas-tao kasabay ang katawagang danas-hayop na sa madaling salita ay karanasan ng hayop o mga hayop sa realidad. Sa mga sumusunod na kuwento, maaaring ipinapalabas ng akda o teksto

na may pagtangkilik sila sa danas-hayop ngunit kamalayang-pantao naman ang umiiral. Ang mga ito ay sariling pagpapakahulugan ko lamang base sa naobserbahang motibo sa pagsulat ng mga awtor na nabanggit sa mga pagsusuri. Mahalagang maintindihan na may paglagay ng halaga ang aking pagbasa sa kung paanong kumakatawan sa tunay na danas ng hayop ang mga akda—kung patuloy nitong kinukulong sa mga stereotypical na katangian ang mga hayop na sumasang-ayon pa rin sa status quo, o binibigyang espasyo ng akda ang pagiging indibidwal ng subjek na hayop na may natatanging danas na hindi nakakulong sa pantaong pagpapakahulugan.

Unang susuriin dito ang mga maikling kuwentong pambata dahil may kaayunan o pagkakatulad ang mga ito sa gamit ng hayop na nagmula pa sa mga pabula (makikita sa pahina 12–18 ng papel na ito). Kung matatandaan, ang pabula o kuwentong-hayop ay nagpapakita ng katangahan ng isang hayop at katalinuhan ng isa pa, at may layuning magturo ng mabuting asal sa mga mambabasa na karaniwan ay bata (Eugenio xxiv). Karamihan sa mga maikling kuwentong pambata ay ganap na ginagawang tauhan ang mga hayop, isa sa mga katangian ng ganitong uri ng pagsusulat. Sa madaling salita, ginagamit ang boses at katangian ng hayop para mapatakbo ang naratibo. Katulad ng mga naunang uri ng panitikan na umusbong dito sa Pilipinas, ang kamalayang umiiral sa mga akda ay mapagkubli sa danas ng mga hayop. Kaakibat ng pagkukubling ito ay ang dahas na dinaranas ng hayop sa kuwento at pandarahas sa kahayupan o animality sa panitikan.

Mainam na intindihin ang pangunahing layunin kung bakit kadalasang ginagamit ang hayop bilang tauhan sa maikling kuwentong pambata. May kaakibat na defamiliarization ang gamit sa hayop sa mga kuwentong ito. Halimbawa na lamang ang unang kuwentong pambatang tatalakayin sa siping ito, “Ang Unang Baboy sa Langit,” kung saan ang

pangunahing tauhan na si Butsiki ay kumakatawan sa mga batang mambabasa na nais bigyang aral ng may-akda. Sa kabila nito, mas may malalim na ugnayan ang ganitong kasanayan sa pagsulat ng maikling kuwentong pambata. Ayon kay Perry Nodelman:

“...the state of animals who talk like humans is a metaphor for the state of human childhood, in which children must learn to negotiate between the *animal-like* urges of their bodily desires and the demands of adults that they repress desire and behave in socially acceptable ways—that is as *adult humans do.*” (76, sa akin ang italics)

Didaktiko ang pangunahing layunin ng maikling kuwentong pambata, kung saan may nais iturong asal at gawain sa mga batang mambabasa. Laging mayroong pagnanais o likas na kagustuhan (“urges”) na kailangan supilin para maging katanggap-tanggap ang bata sa lipunan na siyang lalaki bilang huwarang indibidwal at mamamayan—edukado, sumusunod sa batas, sibilisado, atbp. Sa ganitong schema, may hierarchy ding lumilitaw kung saan nasa itaas ang nakatatandang tauhan na kumakatawan sa pagiging sibilisado at disente, nasa gitna ang bata na tumutulay mula sa pagiging tulad ng hayop patungo sa pagtanda, at nasa laylayan ang hayop na hindi kayang turuan at siyang alipin ng tinaguriang “primal urges.” Samakatuwid, mayroong stereotypes kaagad patungkol sa mga hayop ang ipinapakita at patuloy na itinataguyod sa mismong genre na gumagamit ng hayop bilang tauhan sa kuwento (Nodelman 74). Sa ganitong balangkas, laging kinakailangan ang pangangasiwa ng matatanda at ang katiyakang magiging matanda rin ang batang mambabasa na siyang tuluyang iiwanan

ang pagiging tulad ng hayop. Kumbaga, agarang itinatagala na dapat iwanan ang pagiging tulad ng hayop ng batang mambabasa at batang tauhan sa maikling kuwento dahil ang hayop ay hindi tao at bagkus ito ay masama.

Angkop ang ganitong pagbabalangkas sa maikling kuwentong pambata na may tauhang hayop tulad ng akda ni Rene O. Villanueva na “Ang Unang Baboy sa Langit.” Sa kuwento, sinusundan ang buhay ni Butsiki, isang baboy na naiiba sa lahat na naging santo at unang baboy sa langit. Ginamit ng kuwento ang ikatlong-panauhan na limitado sa pangunahing tauhan nito, ang baboy na si Butsiki. Ipinakilala si Butsiki bilang natatanging baboy na “May tala sa noo” at “Kumikinang na kuko” (Villanueva 47). Higit pa rito, iba ang ugali ni Butsiki sa ibang mga baboy: naliligo siya araw-araw at hindi nagtatampisaw sa putikan tulad ng ibang baboy. Isinatauhan kay Butsiki ang pag-aalaga ng sarili: “Paggising sa umaga’y naghihilamos siya. Bago kumai’y naghuhugas ng kamay. Nagse-pilyo matapos kumain. Nagtatakip ng nguso kapag bumabahing” (47). Dahil ito ay akdang pambata, mahihinuha agad na ginagamit ang naratibo upang magturo ng good grooming habits sa mga bata, alinsunod sa didaktikong layunin ng maikling kuwentong pambata.

Sa kuwentong ito, makikita na itinatakwil ang pagka-baboy ng isang baboy na siyang sumasalamin din sa animal-like urges ng bata. Sa edad ng mga batang mambabasa ng kuwentong ito, malamang ay hindi nila gustong maligo at magsepilyo, kung kaya’t kinakailangang turuan pa sila ng mga magulang nila para mag-ayos ng sarili gamit ang kuwentong ito. Alinsunod sa balangkas ni Nodelman, ang natural na pag-uugali ng mga bata na pagiging marumi ay maihahalintulad sa pagiging hayop, at sa kuwentong ito, sa pagiging baboy.

Ngunit naiiba si Butsiki sa ibang kauri niya. At sa paraang ito, dito lamang siya nagiging kaaya-aya o katanggap-tanggap sa pananaw ng

mambabasa. Dahil natatangi at nabubuklod sa lahat ng baboy, inaanyayahan ang mambabasang musmos na tangkilikin si Butsiki. Ang kaibahang ito ay dahilan para itakwil siya ng maraming kapwa-baboy. Dahil mahilig ang mga baboy sa marurumi at sa maputik, hindi nila nagustuhan ang mga gawain at turo ni Butsiki na nagsimulang umabot sa mga kalapit na bahay-babuyan. Ang ibang hindi sumunod ay nagkasakit at namatay, at hindi nagamit ang mga katawan nila para kainin ng mga tao. Sa puntong ito, makikita na may negosasyon sa pagitan ng tao at hayop: ang pagiging tao ay malinis at ang pagiging hayop ay marumi. Dahil nasa gitna ang bata na may likas na inklinasyon sa pagiging tulad ng hayop, kinakailangang makumbinse ng akda ang batang mambabasa na gustuhin ang pagiging malinis, ang pagiging tao, at pagiging matanda.

Dahil malinis si Butsiki, siya ang kinatay para ihanda sa piyesta. Matapos kainin si Butsiki, napunta siya sa langit. Katangi-rangi ang sumusunod na sipi matapos isalaysay ang pag-akyat ni Butsiki sa langit kung saan sinalubong siya ng maraming anghel na mistulang pinupuri ang huwaring baboy: “Walang silbi ang baboy na hindi naging litson! Walang halaga ang baboy na hindi man lamang naging tsitsaron! Ipaalam sa lahat, si Sta. Butsiki ang magiging unang baboy na patron” (48).

Makikita rito ang pagbabagong gamit sa kahayupan o animality ni Butsiki: Sa una, itinakwil ang kanyang pagka-baboy upang mabuklod sa sang-kababuyan; pangalawa, pinuri ang katulad ni Butsiki na ipinalabas na huwaring baboy na nagampanan ang kanyang tungkuling pang-baboy—ang maging pagkain ng tao. Makikita muli rito ang dalawang mukha ng pagiging baboy sa akda na maaaring mapalawig sa pagbasa ng pagka-hayop ng mga hayop sa panitikan: Ang pagtakwil sa pagka-hayop at ang pagtupad ng mga hayop sa tungkuling ipinapataw sa kanila ng kamalayang pantao. Kung maaalala sa pagbasa ng mga sawikain, ganito rin ang dinadanas ng

mga hayop bilang subjek at objek—ang Othering sa katangiang pang-hayop at kasabay nito ang paggamit ng pagka-hayop na magsisilbing daluyan ng humanistikong danas.

Isa pang dapat pansinin dito ang pagbuo ng karakter ni Butsiki bilang mala-Hesus na figura kung saan siya’y nabubuklod at iaalay para sa kapakanan ng lahat. Sa pagbalangkas ng ganitong uri ng karakter, lalong napapaigting ang tungkulin at ang walang-kawalang kapalaran ng isang baboy—ang magdusa at kitilin. Tulad ni Hesus, ipinanganak na naiiba si Butsiki, itinakwil rin ng mga kauri, at namatay para maisakatuparan ang marangal na gampanin. Sa ganitong paghubog sa karakter ni Butsiki, mas lalong nabibigyang-katwiran ang pagpatay sa kanya sa huli. Binibigyang-diin ang kahalagahan ng kanyang pagkamatay at ang ruok ng kuwento kung saan napunta siya sa langit: na siya’y nakarating sa paraiso dahil siya ay naging mabuting baboy, isang huwarang baboy na naging pagkain ng mga tao. Anong silbi ng baboy na hindi kikitilin? At sa paglagay kay Butsiki sa pedestal, naging Sta. Butsiki siya na dapat tularan ng bawat baboy sa mundo. Sa puntong ito, makikita ang pagbabagong gamit sa pagka-hayop mula sa pangangatawan o pagsalamin ni Butsiki sa mga batang mambabasa na nais turuan ng tamang pag-aalaga sa sarili, at kasabay nito ang paggampan ng hayop sa kuwento para pagtibayin ang status quo ng hayop sa realidad—ang maging malinis para sa komersyal na produksiyon ng karne.

Sa unang pagbasa, inaanyayahan ang mga mambabasang bata na gayahin ang good grooming habits ng baboy na si Butsiki na kinakailangang isa-tao, bagkus ang pagiging naiiba ni Butsiki. Ngunit mahalagang pansinin ang pagpapalit ng kamalayan o pananaw sa kuwento. Ang pagiging malinis ni Butsiki ay hindi para sa sarili kundi para sa mga taong kakain sa kanya. Sa kuwento, mahalaga ang pagiging naiiba ni Butsiki para magampanan

niya ang naitakdang gampanin. Sa realidad, maiging malinis ang mga hayop na itinuturing na livestock para makain sila ng mga tao kahit pa ang pagtatampisaw sa putikan ay kinakailangan ng mga baboy upang mapabuti ang sarili: dahil ‘di kayang magpawis, kailangan ng mga baboy na magtampisaw sa putikan upang maibsan ang init sa katawan. Sa kuwento, batayan ng pagka-baboy ang pagkain ng marurumi, habang sa realidad ng mundo, epekto ng animal husbandry ang pagiging marumi ng kinalalagyan ng mga livestock—dahil sa dami ng sinasakang hayop at kakulangan ng pasilidad para sa well-being o welfare ng indibidwal na hayop, nagiging marumi ang kanilang tulugan, ihian, dumihan na iisang lugar lang rin naman.

Makikita sa akdang ito ang kamalayang-pantao na ikinukubli sa naratibo kung saan hayop ang tauhan. Sa unang tingin ay kuwentong-hayop ito na may pagtangkilik sa mga hayop, ngunit kung susuriing mabuti, hindi tungkol sa hayop ang kuwentong ito kundi naratibong kinakalag ang hayop sa tungkulin na tao rin ang nagtalaga—ang pagiging livestock.

Isa pang kuwento sa koleksiyon ni Villanueva na itinatampok ang buhay ng hayop ay ang “Karunungan ng Pusang Itim” na nailimbag noong kasagsagan ng pagpapatayo ng Bataan Nuclear Power Plant. Sa kuwento, may pamilya ng mga pusa ang lumikas sa kanilang tinitirhan dahil sa pangambang dala ng “pabrikang kidlat.” Isa ito sa mga kuwento ni Villanueva na agarang tumatalakay sa isang panlipunang suliranin. Sa kuwento, maraming pusa ang ayaw magsilikas sa kanilang mga tirahan dahil hindi naniniwala sa nagbabadyang trahedyang dala ng pabrika. Ginamit ang hayop na pusa upang isalaysay ang masamang dulot ng pagtatayo ng ganitong klase ng pagkukunan ng enerhiya. Tulad ng “Unang Baboy sa Langit” nahulog rin sa patibong ang kuwentong ito sa pagkukuwentong

walang pagtangkilik sa hayop. Kung tutuusin nga, maaaring palitan ang pusa ng kahit anong hayop para lang maikuwento ang naratibong nais ipinta ni Villanueva. Malinaw naman na gusto niyang ipakita ang malaking pagbabagong dulot ng paggawa ng power plant sa mga batang mambabasa na may maliit na kapasidad na umintindi ng suliraning tulad ng nasabi.

Pero bakit kailangan gumamit ng hayop? Bakit hindi na lang gumamit ng mga tao bilang tauhan? Siyempre, dahil bata ang kinukwentuhan, ay kailangan i-defamiliarize ang isang mabigat na pangyayari na karaniwang kasama sa pormula ng mga kuwentong pambata. Pangalawa, ginagamit ang hayop dahil sila ay walang kalaban-laban o tinatawag na marginalized. Sa realidad, ang mga pusa na karaniwang nakikita lamang sa daan ay walang mga amo at walang tagapag-alaga. Sila ang mga tinatawag na pusang gala, puspín, o pusang Pinoy. Kung may mangyayari ngang delubyo tulad ng pagputok ng bulkan, baha, o lindol ay sila ang unang maaapektuhan. Sa ganitong pagtingin ay maaaring basahin ang kuwento ni Villanueva bilang naratibong may pagtangkilik sa danas ng hayop. Ngunit ang paggamit ng marginalized na karakter sa kuwento nang hindi nagkukuwento tungkol mismo sa marginalized ay uri ng pagkukubli sa danas ng marginalized. Tulad ng “Unang Baboy sa Langit” na eupimismo ng institusyonal na pagpatay sa mga hayop, hindi naman ikinukuwento ng may-akda ang kuwento ng pamilyang pusa sa gitna ng krisis para sa mga pusa. Bagkus, pinagalaw niya ang mga pusa na parang tao o isinailalim sa anthropomorphization. Dahil para sa tao ang naratibo, na walang pagtangkilik sa mga pusa sa realidad at sa kanilang danas, ikinukubli rin ng kuwentong ito ang tunay na danas ng mga hayop.

Mainam ring tingnan na karamihan sa mga akdang nailista sa tradisyon ng pagsusulat kasama ang hayop ay nakatuon sa mga batang mambabasa. Dahil ba ito sa inklinasyon ng mga bata sa hayop? Dahil

ba madali mamaniapula ang pagka-hayop sa isang kuwento? Dahil may layuning magbigay-kaalaman sa mga batang mambabasa, pinapatakbo ang mga kuwentong ito ng mga hayop na kayang iangkla ang pagka-hayop sa nais iparating ng may-akda na karaniwang may dichotomy ng mabuti at masama, tulad ng sa kuwento ni Butsiki. Mainam ding pansinin na kahit para sa bata ang mga kuwento sa koleksiyon ni Villanueva, hindi nito kinukuha ang perspective o pananaw ng bata.

Ano nga kaya ang kalalabasan ng kuwento kung kukunin mismo ang boses ng bata sa pagkukuwento tungkol sa hayop? Ano kaya ang maidudulot ng kamusmusan sa pagtatangkang ikuwento ang danas ng musmos rin?

Maikling Kuwento

Kung titingnan ang akda ni Domingo G. Landicho na “Inakay” na isinulat sa pananaw ng bata, lilitaw na nagbibigay ng panibagong anggulo ang pagkuha ng ganitong pagtingin kapag nagkukuwento tungkol sa hayop. Sa “Inakay,” isinalaysay kung paano mawalan ng ina ang isang musmos na hindi kayang intindihin ang bigat ng pagkawala ng mag-aaruga sa kanya. Makikita sa akda ang pagsubok na ikuwento ang danas ng hayop sa pananaw ng bata bilang marginalized din sa naratibo mismo, at kung paano ito posibleng maging daan sa makabagong pagkukuwento tungkol sa mga hayop. Dapat naman tandaan dito na ang akda ay hindi kuwentong pambata kundi kuwento ng bata tungkol sa hayop. Sa kabila nito, may mga siwang pa rin na dapat punan ng makabagong kuwentong-hayop.

Sa “Inakay,” ang POV ay nasa ikatlong-panauhan ngunit nasa pananaw ni Rolando. Bungad sa kuwentong ito ang pagnanais ni Rolando na tiradurin ang inang-ibon ng mga bagong-panganak na inakay sa puno

ng kamatsile sa tapat ng bahay nila (Landicho 258). Kasabay nito ang pangyayaring mag-uugnay kay Rolando at sa mga inakay na may posibilidad maulila kapag natamaan ng bata ang inang-ibon: ang pagkakaroon ng malubhang sakit ni Aling Ines na siyang nanay naman ni Rolando (259). Dahil musmos at sabik sa laro, hindi iniinda ni Rolando ang pagkaratay ng kanyang ina sa sakit na walang lunas at 'di na kaya pang agapan. Dito pa lang ay malinaw na magkahilera ang apat na buhay at dalawang danas: ang kamusmusan ni Rolando, ang pangangailangan ng mga inakay, ang paghihingalo ni Aling Ines, at pagsusumikap ng inang-ibon sa kabila ng panganib na dulot ni Rolando; at ang danas ng mga mauulila na walang pagkakakilanlan sa kamatayan at ang danas ng mga ina bago bawian ng buhay.

Kung titingnan sa ganitong paraan, nagiging pantay ang danas-tao at danas-hayop dahil magkasabay silang ikinukuwento sa naratibo. At kung titingnan sa ganitong balangkas, may posibilidad na may pagtangkilang ang kuwentong ito sa mga ibon. Ngunit pantay nga ba ang pagtrato sa dalawang danas? Kaya ba silang pagpalitin ng pagkakasunud-sunod sa kuwento nang may parehong kabatiran tungkol sa buhay sa realidad? Pansinin ang dalawang sipi sa una at huling talata ng kuwento:

“Pasubok-subok si Rolando. Nakahanda sa kamay niya ang tirador. Nakakubli siya sa mga puno ng saging. Mula sa mataas at malagong punong kamatsile na hindi kalayuan sa kanyang kinaroroonan ay naririnig niya ang matitinis na siyapan ng mga inakay na ibon sa pugad.” (258)

Kapag itinuloy pa sa susunod na talata, isinalaysay ang pagsusumikap ni Rolando na mintisin ang inang-ibon nang ilang araw at ang pagkabigo niya. Pagtapos noon ay ibinunyag na ang pangyayari sa sariling buhay ng bata at ito ang malubhang pagkakasakit ni Aling Ines at ang walang-kaagapan nito. Ganito ang istilo ni Landicho sa buong kuwento—sapin-sapin na naratibo ng bata at ibon. ‘Di kalaunan ay pumanaw ang nanay ni Rolando habang nasa labas ang bata na kasalukuyang pinupukol ang inang-ibon. Muli, magkasabay na binawian ng buhay si Aling Ines at ang inang-ibon. Pansinin ang huling dalawang talata sa kuwento:

“Patay na! Batid niya ang kahulugan niyon. Ang hindi niya inaasahan ay mamamatay ang kanyang ina. Akala niya’y may sakit lamang iyon at gagaling din ang sakit. Nabitawan niya ang hawak na ibon. Bumagsak iyon sa lapag. Wala na ring buhay.

Sa agaw-dilim na hapong iyon sa paglatag ng gabing dumaratal ang hindi mapigil-pigil na pag-iyak ni Rolando ay parang nakisama, nakiisa sa papaos nang papaos na pagsiyap ng mga inakay sa pugad.” (264–265)

Sa huling dalawang talata ay nagkatagpo si Rolando at ang mga inakay dahil pareho na ang kanilang sitwasyon—mga musmos na ulila. Ang mga pangyayari na nagdadala sa rurok ng kuwento—ang pagtuklas ni Rolando sa kamatayan—kung saan isinalaysay ang pagsubok ng inang-ibon sa kamay ni Rolando ay nagsilbi lamang na istilo o aparato ng may-akda para paigtingin o bigyang-linaw ang danas ni Rolando.

Bakit ikinukuwento nang magkasabay ang naratibo ng inang-ibon at inakay nito, at pagkatuklas ni Rolando sa tunay na lalim ng kamatayan? Hindi ba't para ilarawan lang din ang pangyayaring ito sa buhay ng bata? Dahil hindi naman puwedeng pagbaliktarin ang dalawang danas na pinagsapin-sapin, mas nangingibabaw pa rin ang danas ng tao o kamalayang-pantao. Ang ginagampanang tungkulin dito ng inakay at ng inang-ibon ay para mapaingting ang danas ng batang mauulila at hindi para ikuwento ang danas ng mga ibong mauulila. Kumbaga, ikinuwento ito ng may-akda na may layong iparating ang danas ng isang ulilang bata at hindi ng mga ibon. Ipinapalaman ang kuwento ng mga ibon sa malakihang tinapay ng naratibo ng pagka-ulila ni Rolando.

At hindi ba't ganito rin naman ang ginagawa noon pa sa mga sawikain, kasabihan, at pabula? Mistulang nagiging talinghaga ang danas ng hayop para bigyang-kulay ang danas-tao, at bagkus may pagtangkilik lamang sa kamalayang-pantao. Kung sa panitikan ay kaya nating gamitin ang mga hayop para sa mga pansariling pagpapahayag, malamang ang pinanggalingan nito, ang realidad, ay ganito rin kung tratuhin ang hayop. Kung magpapatuloy ito ay tuluyan lang maiiwan sa dilim ang mga hayop at ang pagbibigay-kahulugan ay makukulong lang din sa pananaw-pantao. Sa ganitong paraan, ang bubwit sa bahay namin ay bubwit na peste pa rin hanggang sa pagkamatay, sa halip na bubwit na nakaramdam, nagugutom, at walang uuwiang tahanan.

Iba naman ang ugnayang tao-hayop ang ipininta ni Alvin B. Yapan sa kanyang maikling kuwento na “Apokalipsis” at “Regalo” na parehong kabilang sa koleksiyon na “Sangkatauhan Sangkahayupan” na nailimbag nitong 2016 lamang. Makikita sa mga kuwento kung paano nagiging malabo ang pagkakaiba ng tao sa hayop, habang patuloy na nagbibigay ng kahulugan sa pagiging tao. Nauna nang nabanggit ni Oscar

V. Campomanes sa paunang-salita niya sa mismong libro ang ganitong palagay nang ihalintulad niya ang antolohiya ni Yapan sa iilang akda ni Kafka na “kuwento ng pagbabagong-anyo—ang pagiging-hayop ng tao, at pagiging-tao ng hayop—ni Kafka” (vii). Nakaangkla ang ganitong pagbasa ng *pagiging* o “becoming” mula rin kila Deleuze at Guattari sa kanilang akdang “Becoming-Intense, Becoming-Animal, Becoming-Imperceptible” (232–350) kung saan may pokus sa proseso ng “pagiging” kaysa pagiging ganap o “fixed.” Sa kaso ni Kafka at Yapan, malabo ang pagitan ng pagiging-tao sa pagiging-hayop at vice versa. Mas lalong maiintindihan ang ganitong mungkahi sa siping ito mula sa “Illusions” ng kritikong si Walter Benjamin na mabuting inilagay ni Campomanes sa talababa ng panimulang-salita: “It is possible to read Kafka’s animal stories for quite a while without realizing that they are not about human beings at all. When one encounters the name of the creature—monkey, dog, mole—one looks up in fright and realizes that one is already far away from the continent of man” (Benjamin 122). Ngunit malinaw ang ibinigay na pagkakaiba ni Campomanes sa akda nina Yapan at Kafka—kung kay Kafka ay walang saysay ang pagbabagong-anyo ng tao, nakaugat naman daw sa “kasaysayan at kontekstong lipunan” (xvii) ng may-akdang si Yapan, sa Pilipinas, ang paggamit niya ng hayop at pagbabagong-anyo ng tao sa kalipunan ng mga kuwento.

Sa “Apokalipsis” (150–166), ang tatlong tauhang babae ay sabay-sabay nabuntis at nanganak ng mga di-taong nilalang na naging sanhi ng kanilang pagkamatay. Una at magkasabay na namatay sina Martha na nanganak ng limang bangus at Maria na nanganak ng pusa (155). Namatay naman matapos ang tatlong araw ang pangatlong babae na si Isabel na siyang nanganak ng buto na kanya namang itinanim at nagbunga ng isang dila (164). ‘Di tulad ng mga nakaraang paggamit sa hayop sa panitikan, hindi alegorikal o simbolikal ang paggamit ng mga hayop sa kuwentong ito.

Makikita sa pagbasa ng buong akda na may katapat na simpleng paliwanag kung bakit ito ang isinilang ng mga babae. Sa kaso ni Martha na mahilig makipagtalik sa kung sinu-sino (160–161), huli siyang nakipagtalik sa isang kilong bangus (162), dahilan para mabuntis siya at manganak ng limang bangus. Sa kaso ni Maria, nakipagtalik siya sa isang lalaking mukhang pusa, naglihi sa pusa, kung kaya't nanganak siya ng pusa (159). Kumakain naman ng santol si Isabel at aksidenteng nalunok ang buto nito isang araw matapos makipagtalik sa kanyang asawang si Diego, na siya namang namatay sa eroplano (156–157). Kumbaga, linear ang dahilan kung bakit nila isinilang ang mga iyon. Nagkakaroon lamang ng simbolikong katuturan ang mga ginamit na hayop at bagay kung titingnan sa kabuuan ang kuwento, tulad ng pagsipat sa tagpuan at kondisyon nito sa kuwento.

Kung papansinin, hindi matanggap ng mga tauhan ang kanilang kahihinatnan na siya namang pahiwatig ng mga hindi-taong supling nila. Nabanggit na rin ni Campomanes sa kanyang pagbasa na nasasadlak ang mga tauhan sa mga kondisyong hindi nila hawak o kontrolado. Simboliko ang tagpuan sa kuwento na dalawang apartment na magkatapat na nabubulok sa isang eskinitang napag-iwanan ng panahon. Kasunod nito ang pagkawala, sa una pa lang, ng nagpapa-upa sa magkaharapang gusali. Kumbaga, walang may pakialam kung may nakatira doon, at bagkus, wala ring may pakialam kung mawala man ang mga babae doon o manatili. Mainam na banggitin dito ang panimula sa “Apokalipsis”:

May eskinita ang bawat siyudad na humahantong sa mga loobang nakaligtaan na't napag-iwanan na ng panahon. Ang mga lugar na ito ang unang nakakaramdam ng pagtanda ng siyudad; parang mga uban na dapat nang kulayan ng tina o bunutin, nang mahalihan ng panibagong buhok. Wala nga lang nakasisiguro kung

magiging itim o mananatili pa ring puti ang papalit na hibla. Walang nakasisiguro kung muli pa itong tutubo o mamamatay na lamang nang walang nakahahalata. (150)

Sa siping ito, mahihinuha kaagad ang kawalan ng pag-asa na magkaroon o kahit man lang mag-asam ng mas magandang buhay o hinaharap ang mga nakatira doon. Sa oras ng panganganak at pagsigaw nina Maria at Martha, walang nakarinig ng kanilang mga ingay at wala ring nakadiskubre ng kanilang pagkamatay dahil maraming nangyayari kasabay ng kanilang panaghoy. Kung susuriin, sinasalamin nito ang pagkawalang pakialam sa kanila ng siyudad, ng mundo, at samakatuwid ang pagkawala rin ng hinaharap para sa mga tauhang ito. Sa mga huling pahina ng kuwento, makikita kung paanong walang tunay na pumapansin sa pagkamatay ng mga babae, kahit pa dinaraan ang kanilang gusali ng mga naniningil ng kuryente at tubig. Humahalo lang ang baho ng kanilang naaagnas na mga bangkay sa baho ng siyudad, sa eskinita kung saan naroroon ang kanilang mga gusaling walang nagmamay-ari, nabubulok lang din at tunay na napag-iwanan tulad ng tatlong babae.

At lalong sinong may pakialam kung manganak ng hindi-tao ang mga babae? Sino ring may pakialam sa mga supling na iyon na napag-iwanan ng panahon at kanilang mga ina? Kung walang may pakialam sa mga ina nilang tao na, paano pa kaya silang mga hindi-tao, mga hayop na marunong magsalita ngunit wala man lang mag-aaruga? Siguro, para kay Yapan, iyon ang kahihinatnan ng lipunan na walang pakialam sa mga marginalized na katulad ng mga babaeng tauhan, mga taong nakatira sa singit ng siyudad, sa gitna ng gulo at ingay. Kung titingnan pang mabuti, maaari ring basahin na ang mga di-taong supling ay ang kinahinatnan ng

mga babae. Sa ilang taon natrato sa kanila ng siyudad at lipunang kanilang kinabibilangan, naging *hindi-tao* na rin sila, at ang mga supling na iyon ay maaaring ituring na produkto o ganap na manipestasyon ng kawalan ng kanilang sangkatauhan.

Sa “Regalo” (167–195), simbolikal ang gamit ng hayop na pinili. Inugat sa matandang paniniwala o pamahiin ang pusa na nasa imburnal na sa simula pa lamang ng kuwento ay tumutulay sa pagiging totoo o hindi. Hindi nawawala ang tanong na: May pusa ba talaga o wala? Dahil ang batang si Gener lang ang nakaririnig ng pusa tuwing dis-oras ng gabi, palaisipan kung tunay na may pusa bang ngumingiyaw sa imburnal o nasa imahinasyon lang ito ni Gener. Pansinin ang siping ito:

“Akala niya sa loob lamang ng utak niya nanggagaling ang ngiyaw. Guniguni lamang niya. Ngunit nang magising siya sa ikatlong araw sa ngiyaw pa rin ng pusa, natiyak niyang hindi na lamang iyon panaginip o bangungot. Napansin niyang pahina na nang pahina ang ngiyaw ng pusa. May sapat na siyang kaalaman noon tungkol sa mga panaginip, kahit nasa elementarya pa lamang. Hindi humihina ang mga ngiyaw sa panaginip o bangungot. Hindi sila nanganganib na maglaho sa pandinig. Lumakas pa nga dapat bawat gabi hanggang mapuno ang buong kabahayan nila ng mga ngiyaw na siya lamang ang nakaririnig. Ngunit humihina ang ngiyaw ng pusa. Humihina ang ngiyaw ng kuting. Maliit lamang ang ngiyaw. Mula sa isang kuting, napagpasyahan niya.” (167–168)

Ang siping ito ay isinalaysay matapos “itapon” ni Gener ang pusang nakituloy sa kanila noong minsang nagkabagyo. Pinakain ni Gener ang pusang ito ng putahe mula sa hapag-kainan nila ngunit pinagbawalan siya ng kanyang nanay na gawin iyon dahil may ugaling mag-“regalo” ang mga ligaw na pusa o pusang gala ng mga patay na hayop tulad ng daga o butiki. Dito nanggaling ang terminong “regalo” o “pagreregalo” na ginagawa ng mga pusa. Sa realidad, ginagawa talaga ito ng mga pusa, na tulad nga ng sinasabi sa kuwento, “panukli sa pagkupkop” sa kanila (167). Ibig sabihin, nagsimula ang kuwento na may aktwal na pusang nakasalamuha si Gener na kanyang itinapon. Saka lang siya may narinig na ngumingiyaw matapos ang pangyayaring iyon.

Pangalawang dapat pansinin ay ang tagpuan at oras kung saan at kailan naririnig ni Gener ang pusa. Malinaw na isinalaysay na nasa kanal o imburnal ang pusa na palaging ngumingiyaw tuwing gabi, kung kailan tulog na ang buong magkakapitbahay. Marumi ang imburnal at lagusan ng lahat ng basura at mga bagay na ayaw na ng buong magkakapitbahay. Sunod, mapapansing mapagkubli ang gabi at ang karimlan nito ang nagsisilbing lagusan sa pagiging buhay ng kuting. Kung tutuusin, sa gabi lang buhay ang pusa, dahil tahimik ito sa umaga. Kung ihahambing sa “Apokalipsis,” magkapareho ang gamit sa tagpuan ng kuwento. Parehong walang may pakialam sa dalawang gusali kung saan nakatira ang tatlong babae, at wala rin namang may pakialam sa imburnal kung saan nakatira ang pusa. Nabubulok ang dalawang gusaling magkatapat sa “Apokalipsis” at tapunan naman ng nabubulok ang imburnal.

Pangatlong dapat tingnan ay ang mga naging kaibigan ni Gener na kalauna’y narinig din ang pagngiyaw ng pusa. Marapat nang sabihin dito ang malinaw na pagkakapareho ng tatlong lalaki—nawawala ang mga tatay

nila. Unang nabanggit ang biglang pagkawala ng tatay ni Gener. Hindi rin alam kung bakit isang araw, hindi na lang umuwi ang tatay ni Gener. Sumunod na ipinakilala si Lucas na pangalawang taong nakarinig ng mga ngiyaw ng pusa sa imburnal. Tulad ni Gener, bigla na lamang din nawala ang kanyang tatay na sa pagsulong ng kuwento ay malalamang nasangkot sa isang drug operation, nakulong, at nakatakas. Matapos mabalitang nakatakas ang tatay niya, wala nang ibang balita kung saan nagpunta ang tatay ni Lucas. Huling dumating si Julio na mas matanda nang kaunti sa dalawang binata. Ibang uri ng pagkawala ng tatay ang naranasan ni Julio. Na-coma kasi ang tatay niya kung kaya't palaging tulog. Naroroon ang pisikal na katawan ng tatay niya ngunit hindi pa rin niya makasalamuha dahil sa coma. Kasabay ng mahabang tulog ng tatay ni Julio ang pagkawala naman ng kakayahan niya para antukin.

Sa puntong ito, marapat sabihin na magkasunod ang pagkawala ng kanilang mga tatay sa kanilang buhay at pagkarinig ng mga binata sa ngiyaw ng pusa sa imburnal. Dito tumutulay ang pagiging totoo at kathang-isip ng pusa sa kanal dahil maaaring sikolohikal ang naririnig ng mga tauhan. Maaaring *folie a deux* ang nangyayari, kung saan nakahahawa ang psychosis o delusion ng isang tao sa iba pang tao. Kung sa panlabas na tingin, maaaring tingnan na baka dahil sa lungkot, pighati, o bigat ng problema ng kani-kanilang buhay nanggagaling ang ngiyaw ng pusa, na naghahanap lang ng ibang pagbubuntunan ng atensiyon ang tatlong binata para maaalis ang isip sa katotohanan patungkol sa kanilang mga tatay.

Dalawa ang nakikita kong maaaring pagsipat sa paggamit ng pusa sa naratibo. Una, puwedeng tingnan na may pagtangkilik sa hayop ang kuwento dahil sa walang tigil na pagsubok ni Gener, at di kalauna'y sina Lucas at Julio na rin, na mailigtas ang pusa sa imburnal. Kahit pa tingnan bilang delusyon lamang nila ang pusa na nasa kanal, hindi makakaila na

nagtuon sila ng oras, panahon, at damdamin sa pusang iyon, kahit pa sa una ay hindi sigurado si Gener kung totoo ba talaga na may pusa sa imburnal na gutom at nangangailangan ng tulong. Pansinin ang mga siping ito kung saan nagpapakita ng pag-aalala si Gener sa pusa:

“Ginaya niya ang pagngiyaw ng kuting. Pilit niyang kinakausap. Pilit na inaalo niya ang pusa, pinapanguang hindi niya pababayaan doon sa malalim na imburnal.” (169)

“Ipinasok niya ang kanyang kamay sa loob ng gutter. Pilit niyang iniaabot ang kuting upang sagipin sa pagkakalaglag sa imburnal. Sabay na ginagaya niya ang pagngiyaw nang huwag matakot sa inaalay niyang kamay...” (169)

“Dahil dito, naging maingat si Gener pati sa mga ikinakalat niyang dumi sa paligid, pati sa mga ibinubuhos niyang dumi sa lababong alam niyang hahantong sa kanal. Sa isip ni Gener, nakikita niya kung papaano humahantong ang lahat ng dumi’t plastic ng kakapitbahayan nila sa imburnal. Baka sa dami nila, matangay nila pati ang kuting na inaalagaan niya.” (172)

Marami pang sipi sa kuwento na nagpapakita kung gaano kagustong mailabas ni Gener ang pusa sa imburnal. Bukod sa araw-araw na pagpapakain rito, gumawa siya ng hagdanan para maaaring akyatin ng pusa, hanggang sa makilala niya sina Lucas at Julio, at umabot siya sa sukduhan ng pagnanais na mailigtas ang pusa. Solusyon nina Gener at Lucas na wasakin

ang takip ng imburnal gamit ang maso (183–185) sa kalagitnaan ng gabi. Sa puntong iyon, handa na ang dalawang binata sa kapinsalaang maidudulot ng pagwasak sa imburnal. Handa silang harapin ang kahit anong resulta noon, kahit pa mabulabog ang buong magkakapitbahay at makulong sila. Unti-unti ang pagpapakita ng paglaki ng masidhing hangarin ni Gener na makumpirma ang katotohanan ng pusa sa imburnal. Naghahalo ang inosenteng pagaalala niya simula pagkabata para sa pusa at ang lumalalang delusyon niya sa katotohanan ng pusa na ang tanging pruweba lang naman ay ang pagngiyaw nito at ang apirmasyon ng dalawa pang binata na may kanya-kanya ring problema sa buhay.

Mahalagang tanungin kung saan ba talaga tungkol ang kuwento. Tungkol ba ito sa pagligtas sa pusang maaaring nabubuhay talaga o nabubuhay lamang sa isip ng tatlong kalalakihan, o tungkol ito sa mga nawawalang tatay ng mga tauhan? Sa tingin ko ay makikita ang sagot sa dulo ng naratibo kung saan, nang malaman, sa wakas, ng tatlong lalaki na wala namang pusa sa imburnal ay umuwi sila sa kani-kanilang bahay, bumalik sa kani-kanilang buhay, at doon, sa mga huling pahina ng kuwento, ay nanumbalik ang mga nawawalang tatay. Pansinin ang mga siping ito:

“Ngunit pati dito’y nanatiling bigo ang tatlong binata. Ngumiyaw nasilanang ngumiyaw sa pusa. Umalingawngaw na sa lahat ng siko at sulok ng imburnal ang panggagaya nila sa tinig ng pusa, wala pa ring lumalabas sa hinahanap nila. Hanggang sa gumapang sa kanila ang takot na paano nga kung wala talagang pusa. Sinira nila ang konkretong takip ng imburnal para lamang sa wala. Ang pusa sana ang ipanghaharap nila sa mga taong magigising sa kanilang pagmamaso. Nang maniwala silang may dahilan kung

bakit nila winasak ang takip ng imburnal. Baka ipahuli't ipakulong sila.” (192)

“Hindi maintindihan ng tatlong binata kung ano ang nangyari sa kanila nang gabing iyon. Akala nila ganoon na nga lamang magtatapos ang lahat. *Katulad ng pagkawala ng mga tatay nina Gener at Lucas; katulad ng bigla na lamang pagtulog ng tatay ni Julio.*” (193, sa akin ang italics)

“Nang buksan nina Gener at Lucas ang pinto ng kani-kanilang bahay, natagpuan nilang may nakahandusay na bangkay ng tao sa punasan ng paa papasok sa kanilang tahanan. Naaagnas na ang mga bangkay. Ngunit hindi na mahalagang hindi na nila makilala ang mukha ng patay na nakahandusay doon. Dahil natitiyak nilang bangkay ang mga iyon ng kanilang mga tatay na matagal nang nawawala at bigla na lamang naglaho. *Mga bangkay ng kanilang tatay na regalo sa kanila ng pusang inaalagaan nila...Noon lamang naintindihan ng tatlong binata ang lahat. Bumalik na ang kanilang mga tatay. Ibinalik sa kanila ng pusang inaalagaan at pinalaya nila sa kailaliman ng imburnal.*” (194–195, sa akin ang italics)

Nang mabuksan ang imburnal at matuklasang wala naman talagang pusa doon ay ang sunod na biglang paglitaw ng mga bangkay ng tatay nina Gener at Lucas. Kasabay din nito ang paggising ng tatay ni Julio mula sa coma. Muli, bumalik sa simbolikal at alegorikal na gamit ang pusa at pamahiin tungkol sa pusa. Ngunit itinaas ni Yapan ang kapangyarihan ng paniniwalang iyon: dahil ang mga dinalang bangkay ng pusa na ilang taong inaruga at pinaniwalaan nina Gener at Lucas ay bangkay ng kanilang

mga tatay. Tulad ng paniniwala nila na may pusa sa loob ng imburnal kahit wala naman talaga, ganoon rin ang rason kung bakit bigla na lamang naglaho ang kanilang mga tatay: walang katuturan. Taon ang lumipas na binibigyang-rason ng mga binata ang biglaang paglaho o pagkawala ng kani-kanilang tatay, at taon din ang lumipas sa pag-aaruga nila sa pusa na sa huli ay hindi naman pala nabubuhay. At kung titingnan sa ganitong pagsipat, ginamit lang din ang pusa para sa metaporikal na danas ng tatlong lalaki sa pagkawala ng kani-kanilang tatay. Dahil kahit pa naibalik ang mga naaagnas na bangkay ng mga tatay nina Gener at Lucas, wala pa rin namang lohikal o may katwiran na rason para sa pagkawala ng mga ito. Bukod sa kumpirmasyon na patay na nga ang mga ito, wala namang naibigay na paliwanag sa mga lalaki kung bakit nawala, sa una pa lang, ang kanilang mga tatay. Parang pusa lang na nagdala ng regalong patay na bubwit o bubulin sa punasan ng paa papasok sa tahanan nila: walang gamit o silbi sa pinagdalan.

Kung susuriin pang mabuti, para rin silang mga pusang nasa imburnal—nasa dilim ng pagkahaba-habang panahon na walang pumapansin at ‘di makaahon-ahon. Mga pusang ngiyaw nang ngiyaw at nanghihingi ng tulong; iniwan ng mga dapat nag-aaruga sa kanila. Kahit anong subok na iligtas sila ng mga nakaririnig sa kanilang hinaing, na sa pagbasa ko ay kanilang mga nanay, ay hindi pa rin nila malagpasan ang bigla na lamang paglalaho ng kanilang mga padre de pamilya. Sila ay mga pusang nasa dilim din na maaaring paniwalaan o hindi. At kung sa kabuuan ay ganito ang pagbasa sa kuwento, samakatuwid ay ginagamit lang din ang tunay na danas ng mga pusa para paigtingin ang danas ng tao—mga anak na iniwan ng kanilang magulang, mga batang hindi pinaniniwalaan, mga marginalized na tauhan na tumatawid sa tulay ng mga napakikinggan at mga di-napakikinggan.

Sa dalawang akda ni Yapan, makikita ang ganitong pagpapakahulugan o pagtingin sa danas ng tao—walang katuturan, walang magandang hinaharap, walang may pakialam. Kahit pa pinaglalapit ang danas ng tao at hayop sa pagpapalabo o pagbubura ng hangganan ng kung ano ang tao at kung ano ang hayop, nagagamit pa rin ang pagka-hayop at danas ng hayop para ikuwento ang danas ng tao, sa tingin ko, sa isang postmodernong lipunan.

Nararapat lang ding banggitin dito na sinusundan ang ganitong pagkahon sa hayop sa tradisyon ng pagsusulat ng mga akdang may kasamang hayop o sumasaklaw sa kanilang pagka-hayop. Kung hangarin ni Yapan na ipahiwatig ang nabanggit kong masalimuot na pagtingin sa lipunan, nakaangkla pa rin sa mapagkahon natrato sa hayop sa panitikan ang mga akdang nabanggit. Kung ang mga mamamayan ng lipunan ay walang may pakialam at walang magandang hinaharap, malamang ay gagamit ang may-akda ng hayop para ipahiwatig ang saloobin na iyon. At iyon nga ang ginawa ni Yapan. Muli, maaari pa ring tingnan ang ilang aspeto ng kuwento, partikular sa “Regalo,” na may pagtangkilik sa tunay na danas ng hayop. Kung tutuusin, mas malapit na ang akda ni Yapan sa makabagong pagtingin sa mga hayop sa panitikan na may pakikiramay sa mga hayop sa realidad kumpara sa mga naunang sinuring panitikan.

POLITIKA SA PAGSULAT

Mga Problema ng Makata

Pero teka, hindi ba't ginamit ko rin naman ang bubwit sa pagbalangkas ng sanaysay na ito? Sa pagsasalaysay ng paglalakbay nito sa pasikot-sikot sa bahay namin, pagtakas sa mga patibong na nag-aabang, at pagpuslit ng mga pagkaing naiwan, ano ba talaga ang nais kong sabihin sa kuwentong ito? Hindi naman ito tungkol sa bubwit at paglabas nito sa dilim. Hindi ba't tulad rin naman ako ng mga nabanggit na may-akda, at ang akdang ito'y tulad din ng mga nalikom na butil ng panitikan?

Ano ba ang masama sa paggamit ng hayop sa panitikan para maiparating ang sarili nating mga karanasan? Kung nais namang iparating ng may-akda ang isang mahalagang aral sa mga mambabasa gamit ang imahen ng hayop, bakit ko ito itinuturing na masama? Mali ba ang paggamit ng hayop sa isang panitikan na hindi naman talaga tungkol sa hayop?

Higit pa rito, may suliranin din na dapat bigyang-pansin ang mga tulad kong nagsasalita para sa mga hayop. Dahil hindi naman nakapagsasalita ang mga hayop, at sa gayon ay nangunguha lang tayo ng pagpapakahulugan base sa reaksiyon ng mga hayop na hindi pasalita (non-verbal), ang lahat ng mailalathala na patungkol sa hayop ay masasabing *speciesist*. Ano nga ba ang speciesism?

Ang speciesism ay ipinikilala ni Richard Ryder noong 1970s at ginawang popular ni Peter Singer. Ito ay paniniwalang may iilang hayop lang na maaaring bigyang karapatan, at may iba na maaaring supilin, katayin, at kainin (Ryder). Inihahalintulad ito sa racism, sexism, at iba pang

uri ng social prejudice kung saan may pinapanigang sektor lang din (ng tao o hayop) at may diskriminasyon sa mga “naiiba.” Ang pagiging speciesist ay pagtatakda na ang nakaangat ay maaaring gawin ang kung anong naisin sa mga naiiba dahil “iba” sila. At tulad ng racism at sexism, ito ay walang rasyunal na dahilan.

Ayon sa pilosopo, propesor, at aktibistang si Jason Wyckoff, ang pagsasalita para sa mga hayop ay maituturing pa ring speciesist kahit pa para sa kanila ang pagsasalitang ito. Sa kanyang akdang “The Problem of Speaking for the Animals,” ipinagtabi ni Wyckoff ang konsepto ng Othering galing sa Orientalism ni Edward Said at ang speciesism (117). Sa Orientalism, ipinapahayag ang problema ng pagkatawan (ng Orient at iba pang Arab countries) ng mga kanluraning bansa tulad ng Europa at Amerika sa mga bansang nasa kabilang dako.

Lumitaw rin ang akda ni Giyatri Spivak na “Can the Subaltern Speak?” kung saan kinukuwestiyon kung talaga bang nailalabas ang saloobin ng mga subaltern (Others) sa mga representasyon na kanluranin ang may gawa. Ayon dito, mas pabor sa tagalikha ng kaalaman (na karaniwan ay “puti”) ang paggawa ng mga akdang tungkol sa Subject o Other. Dahil may kaalaman ang may-akda sa sitwasyon ng subjek ng panunulat, may karampatang pribilehiyo ang gamit na wika at uring panlipunan ng manunulat. Sa balangkas na ito, sinusuliranin din ni Wyckoff kung nakabubuti ba ang pagsasalita sa ngalan ng mga hayop para sa mga hayop o karapatan bilang hayop. Iminumungkahi niya na ang mga itinuturing na batas panghayop (e.g., Animal Welfare Act o RA 8485) ay nakakulong pa rin naman sa pananaw ng tao kung paanong dapat tratuhing etikal ang mga hayop. Bagkus, ang sino mang nais sumubok na magsalita para sa mga hayop ay maituturing nang speciesist dahil sa pagkakaroon pa lang ng kaalaman tungkol sa estado ng pamumuhay ng mga hayop.

Solusyon ni Wyckoff ay ang pagbibigay ng makabagong istilo ng pananalita na makatutumbas sa pinakamalapit na pumapangatawan sa pag-uusig sa mga hayop (128). Imbis na gamitin ang mapagkubling salita tulad ng “bacon,” “burger,” “milk,” “egg,” at “meat,” inilabas ng mga salitang “pig flesh/skin,” “ground cow flesh,” “cow/bovine secretion/cow tit juice,” “chicken period/menstruation,” at “flesh/corpse of an animal” ang tunay na kahulugan ng mga naunang salita. Kung ang pagtawag sa mga parte at secretion ng hayop bilang pagkain ay maituturing na speciesist language, ang pagtatalaga kung ano ito sa realidad ay maituturing namang wika ng pag-aklas, pagtutol, at pagpapalaya sa mga nakakulong na kahulugang itinatali sa at tinatali ang mga hayop. Kung paanong nais palayain sa pagkaka-alipin ang mga hayop mula sa tahasang pagbitay ay kailangang gampanan din ng gamit na pananalita ang makatotohanang pangangatawan sa mga hayop.

Bukod pa rito, dapat raw iwasan ng mga aktibista ang paggamit ng mga salitang nagkukumpara sa hayop at tao (118). Kalimitang ginagamit ng mga aktibista ang mga linyang: “Nakakaramdam din sila tulad natin,” at “Parang tao lang din sila kapag nasasaktan at natatakot,” kapag nangangatwiran sa ngalan ng mga hayop. Ipinalalabas kasi nito na may katangiang pantao ang mga naaaping hayop kaya dapat silang bigyang konsiderasyon.

Sa paraang ito ay inuugnay pa rin ang pagkatao (“human-ness”) sa pagka-hayop at nababahiran ang tuwid na representasyon sa mga hayop. Kailangan bang may katangiang pantao ang hayop para bigyan ito ng karapatang mabuhay nang malaya? Kung oo, umiiral pa rin ang pagka-speciesist ng wikang gamit at itinuturing pa rin na Other ang hayop dahil kailangan pang ipares ang katangiang pantao para lang maging katanggap-tanggap itong respetuhin. Solusyon ni Wyckoff dito ang pagtatanggal ng mga katagang indikasyon ng pagsasatao o personification sa mga hayop,

kasabay ang pokus sa pagiging sentient o pagkakaroon nila ng damdamin/kakayahang makiramdam, dahil hindi naman nakakulob o eksklusibo sa pagiging tao ang kakayahang makaramdam. Ngunit laganap din ang diskusyon sa usapin ng animal ethics ang pagsasatao o anthropomorphization ng mga hayop. Taliwas sa mungkahi ni Wyckoff, ang anthropomorphism ay pagbibigay ng pantaong kaugalian o kagawian sa mga hayop. Ngunit kung hindi hahayaan na magkaroon, palitawin, at bigyang-liwanag ang kakayahan ng mga hayop upang makaramdam tulad ng tao, hinahayaan na rin natin silang manatili sa dilim. Sabi nga ni Jacques Derrida sa akdang “The Animal that Therefore I Am”:

But in forbidding myself thus to assign, interpret or project, must I conversely give in to the other violence or stupidity [bttise], that which would consist in suspending one’s compassion and in depriving the animal of every power of manifestation, of the desire to manifest to me anything at all, and even to manifest to me in some way its experience of my language, of my words and of my nudity? (387)

Kung susumahin, kung sa anthropomorphization lilitaw ang danas ng hayop, bakit hindi siya maaaring gamitin na paraan ng pagsusulat? Hindi ba’t mahalaga na magkatagpo ang danas ng hayop at danas ng tao?

Ang aktibismo ay hindi panitikan, ngunit ang panitikan ay maaaring maging isang uri ng pag-aklas o pagtutol. Ang panitikan ay sumasalamin sa lipunan at bahagi rito ang pagpapakita ng kasamaan at kabutihan ng tao (Abrams 168; Llosa); at tulad ng pagkatay ng mga salita sa pagbasa ng tekstso, sinasalamin ng gawaing ito ang pagkatay rin ng mga hayop sa tunay na buhay (Adams 137). Mahalaga sa akin ang pagpansin sa

lugar at pinanggagalingan ni Jason Wyckoff bilang siya ay (1) Caucasian, (2) lalaki, at (3) nakatira sa first-world country dahil ako ay (1) Pilipina, (2) babae, at (3) nakatira sa isang third-world country. Ingles rin ang gamit na wika ni Wyckoff at may ibang pagtutumbas sa speciesist na pananalita at aktwal na bersiyon nito. Halimbawa, bacon: pig flesh/skin. Sa Pilipinas, ang baboy na pagkain ay baboy lang rin na hayop. Kumbaga, magkamukha lang ang speciesist na salita sa pagtutol na pananalita.

Sa Pilipinas ay mas tanggap rin ang pagkitil sa hayop at sanay tayo sa pagkatay na nangyayari sa mga hayop, ‘di tulad ng mga taga-United Kingdom na may mataas na porsyento ng mga nangangatay na nagkakaroon ng post-traumatic stress disorder o PTSD ayon sa isang pagsisiyasat noong 2017 (Nagesh). Sa atin, normal lang ang pagpugot sa ulo ng manok sa likod-bahay at paggawa ng tinola gamit ang bangkay nito. Mayroon din tayong tradisyon ng “pinikipikan” na manok kung saan pinapalo ang laman ng manok habang buhay sa paniniwalang mas sumasarap ang laman ng manok kapag ginagawa ito. Mayroon din tayong tradisyon ng pagkain ng aso na kadalasan ay ginagawang pulutan o “asocena” sa iilang parte ng Pilipinas. Kumakain din tayo ng mga maituturing na patapon na parte ng hayop tulad ng dila ng baka na ginagawang lengua, Betamax o dugo ng manok o baboy, at isaw o bituka ng baboy o manok. Popular din ang litson-baboy na kadalasang inihahanda sa mga mahahalagang okasyon o pista, at sa probinsya, kadalasang sa likod-bahay lang kinakatay ang baboy bago tuhugin.

Mahalagang pansinin na iba ang mambabasang middle-class ni Wyckoff kumpara sa mambabasa dito sa Pilipinas. Dahil mas ‘di natin alintana at mas tanggap natin o malapit sa atin ang katotohanan ng mga pagpatay at paraan ng pagtrato sa hayop, kinakailangan ding gamitan ng mas marahas na pananalita sa aktibismo at pagsulat, at kasama rito ang pag-uugnay ng pantaong karanasan o katangian o relasyon sa karanasan ng mga

hayop. Ang lohika: kung kalapit ng isang danas-tao ang isang danas-hayop, mas magkakaroon ng pakikiramay o empathy ang mambabasa sa danas-hayop, at dahil sa lapit ng dalawang danas sa isa't isa, may pagkakataon at espasyo ang mambabasa na ilagay ang sarili sa posisyon ng hayop na kalalabasan din ng empathy o kahit panloob na pagsisiyasat sa karanasan ng hayop.

Gayunpaman, subaltern pa rin ang bubwit sa bahay namin kung itatabi sa akin pati na rin ang mga kinakatay na hayop dito sa Pilipinas, 'yon nga lang mas malapit ako sa kanila kung ilalagay ang mga katulad ni Wyckoff sa larawan.

Ang Paglabas sa Dilim

Paano bang mailalabas sa liwanag ang mga hayop na nakakubli tulad ng bubwit na may pagtanggap sa kanilang katangian at may mensaheng magsisilbing pagsalba sa sarili nilang kapakanan? Sa tuwing naiisip ko ito ay naaalala ko ang isang katutubong awit na nakatatak na sa isipan sa murang edad pa lang.

Ang Pipit

May pumukol sa pipit sa sanga ng isang kahoy
At nahagip ng bato ang pakpak ng munting ibon
Dahil sa sakit, 'di na nakaya pang lumipad
At ang nangyari ay nahulog, ngunit parang taong bumigkas,
“Mamang kay lupit, ang puso mo'y 'di na nahabag,
Pag pumanaw ang buhay ko, may isang pipit na iiyak.”

Dito, may pagsubok ang persona na ipakita ang sentience o kakayahang makaramdam ng pipit sa kanta. Ginawang subjek ang pipit at ang tagpuan

ay pagpukol sa kanya ng isang mamang malupit. Sa huli, ang mensahe ay nagsisilbing pagsalba sa mga pipit rin mismo, dahil magdadalawang-isip ang gustong pumukol sa mga ibon, tulad ng pipit, bago ito gawin. May pagkilala rin sa tao bilang may kakayahang manakit at magdesisyon laban dito na nakadagdag tulak sa mensahe ng kanta.

Nadaan ko rin ang tula ni Michael Coroza na “Pusa” sa librong *Dili’t Dilim* na nailimbag noong 1997, kung saan naging subjek at objek ng tula ang pusa at karanasan nito:

Pusa

Humaharurot na sumulpot
ang iyong katapusan
at dagling naglibing
sa kalaliman ng gabi
ang matandang paniniwala.

Sa panahon ngayon,
walang siyam na buhay
sa de-motor na gulong.

Nakangising nagkahulan ang mga aso.
Mga bubwit ay umirit at naglukso.
Sa kanto, sa loob ng dupok na dram
na nakasandig sa posting manhid,
tatlong kuting ang nangangaligkig.

Sa tulang ito ay may pokus sa sentience ng pusa at abilidad nitong magkaroon ng pakialam sa mga anak at kapwa-pusa. Hindi rin gaanong litaw at halos wala ang pananaw-pantao sa tulang ito dahil nakapokus lang ito sa sitwasyon ng pusang gala na nasa bingit ng kamatayan at may maiiwang mga anak. Malinaw ang mensahe nito sa mambabasa: ang magingat sa daan para sa kapakanan ng mga stray animals tulad ng pusa. Ang pagiging subjek at objek ng pusa sa tula ay nagsisilbing pagsalba sa sariling kapakanan, bagkus ay may pagbibigay katwiran sa paggamit ng hayop sa panitikang tulad ng nabanggit.

Maaaring tingnan ang dalawang tula bilang naratibo ng isang partikular na pangyayari sa buhay ng mga hayop. Una, ang pipit bilang persona ay may kasama sa buhay, maaaring mate ito o anak na umaasa. Pangalawa, may pumukol sa pipit, dahilan kung bakit siya nagsusumamo sa taong ito. Ipinapakita rito ang tunay na danas ng hayop—ang pangangaso sa kanila o ang simpleng pananakit sa kanila para lang sa kasiyahan ng tao. Sa tesktong ito ay malinaw ang intensiyon ng sumulat: ang mahabag ang mambabasa sa pipit at makita ang kanilang karanasan bilang karansan na malapit rin sa tao—ang masaktan at posibilidad na may maiiwang kasama. Sa pangalawang tula, ipinapakita naman ang dinadanas ng mga stray animals, tulad ng pusang may mga anak. Magkapareho kung tutuusin ang problema ng dalawang hayop, at ito ay ang maiwanan ang mga kasama sa buhay. Litaw rin ang mga tunay na katangian nila sa totoong buhay. Ang pipit bilang maamong nilalang na may kakayahang umiyak, at ang pusa na madalas masaktan dahil pakalat-kalat sa daan. Natural din sa inahing pusa na alagaan ang mga kuting, dahilan para maghanap ito ng pagkain sa magulo at marahas na siyudad.

Bagamat kakaunti, mayroon ding iilang prosa na may pagtangkilik sa danas ng hayop. Mahalaga ito sa akin dahil (1) may nasimulan nang tradisyon ng pagsulat na may pagtangkilik sa danas ng hayop, at (2) nagsisilbi

itong tuntungan o modelo ng makabagong akda na may pagtangkilik sa danas ng hayop.

Ang “Bantay” ni Domingo Landicho mula sa parehong koleksiyon na nabanggit sa mga nakaraang pahina ay iisa na rito. Kasunod naman ang maikling kuwento ni Tony Perez na “Kiro” na kasama sa koleksiyon niyang *Cubao Midnight Express: Mga Pusong Nadiskaril sa Mahabang Riles ng Pag-lbig*. Magandang talakayin ang dalawang ito nang magkasabay dahil parehong tungkol sa danas ng aso ang ipinapakita ng dalawang maikling kuwento.

Sa “Bantay,” makikitang may pagtangkilik ang naratibo sa danas ng isang asong malapit nang katayin. Sa pangalawang akda ni Landicho, mas may pokus ang naratibo sa danas ng hayop at ito ay ang sa aso. Bagamat nakakahon na agad ang hayop sa kuwento batay sa tungkulin nito sa tao, may espasyong ibinigay ang may-akda para ipakita ang realidad ng buhay ng aso sa probinsya. Sa “Bantay,” batang anak ang nagsasalaysay ng kuwento kung kaya’t nasa unang-panauhan ang naratibo na limitado lamang din sa mata ng bata. Sa ganitong paraan ay mas nabibigyang simpatya ang kalagayan ng aso at ang kawalang-kakayahan ng bata para iligtas ang alaga. Nais kasing gawing pulutan si Bantay ng mga kaibigan ni Ka Edo, ang ama ng bata. Sa siping ito, ipinakita ang sitwasyon ng dalawang marginalized: “Di ako makaimik. Ayaw kong tumutol sa Tatang. Ngunit sa aking kalooban ay nagpupuyos ang piping pagtutol” (Landicho 268). Marginalized ang bata at aso dahil parehong walang agency o kakayahan ang dalawa. Para sa bata, hindi niya kayang sabihin ang nararamdaman kahit ayaw niyang ipakatay si Bantay. At siyempre, marginalized si Bantay dahil nasa kamay lamang siya ng amo na nakapag-desisyon sa una pa lang na gawin siyang pulutan.

‘Di tulad ng ibang kuwento, naglagay ng eksena kung saan may pagkakataong maligtas ang aso, at ito ay ang pagdating ng mga masasamang loob na kinailangang labanan ng aso. Sa pagkakataong ito, mapapatunayan

ng aso ang sarili na nakaayon sa tungkulin na ipinataw sa kanya—ang maging bantay. Sa una pa lang naman ay dalawa na ang kahihinatnan ng aso: ang maging bantay o maging pulutan. Makikitang may duality sa pagtrato kay Bantay nang sinabi ni Ka Edo na: “Ba’yaan mo, Inngo... Magpapalaki uli tayo ng iba” (268). Dahil maaaring mapalitan si Bantay ng iba pang aso sa pagiging bantay sa bahay, nagiging commodity na lamang siya. At mas lalong nagiging commodity si Bantay dahil itinatrato rin siya bilang pagkain. At ano ang kailangan niyang gawin para maisalba ang sariling buhay? Kailangan niyang patunayan na may silbi siya bilang bantay ng pamilya sa kaparaanang ibuwis din ang kanyang buhay. Kung titingnan sa ganitong paraan, wala naman ding kawala si Bantay.

Kung susuriin pa ang naratibo, naging grasya pa ang pagdating ng mga masasamang loob na nagtangkang kitilin si Bantay dahil kung hindi naganap ang mga ito isang gabi bago ang pulutan, baka hindi na makasama pa ng bata nang mas matagal ang alagang aso. Dahil ikinuwento sa unang-panauhan at sa boses ng bata, nagmumukhang may pag-asa sa huli kahit pa duguan si Bantay: “Hindi man lamang binanggit ni Tatang ang inuman kinabukasan” (270).

Sa kuwento, litaw kung paano nakakulong si Bantay sa duality na nabanggit. Ngunit kung susumahin, ipinakita ng kuwento ang tunay na danas ng mga aso. Totoong karaniwan lamang silang iniwan sa labas ng bahay na nakatali at nagsisilbing tagapagbantay ng tahanan. Sa kuwento, hinayaan lang ni Ka Edo at kanyang asawa na tumahol nang tumahol si Bantay kahit pa naririnig nila na may kaluskos sa labas ng bahay (268–269). Lumabas na lamang si Ka Edo nang marinig ang putok ng baril at pag-iyak ng aso. Kumbaga, hindi alaga ang turing niya kay Bantay kundi bantay lang talaga, ‘di tulad ng anak niya na nais pakawalan ang aso noong nagsisimula pa lamang itong mag-ingay (268). Totoo rin ang pagkain ng asocena kahit pa labag ito sa batas. Totoo na ibinibigay ng sariling amo ang

mga alaga para lang sa pulutan. Sa ganitong paraan nagiging mapagpalaya ang maikling kuwentong ito—dahil isinasalaysay nito nang may simpatya ang tunay na danas ng hayop na may pagtangkilik sa hayop. Dahil naibunyag din kung paano nakakahon ang aso sa mga tungkuling tao ang nagtakda, tinatangkilik nito ang danas ng aso sa mapanikil na realidad sa kamay ng lipunan. Sa kabila nito, may pagkukulang ang ganitong uri ng maikling kuwento sa pangkalahatang kalipunan ng kuwentong patungkol sa mga hayop. Ngunit mas maiintindihan ang ganitong pagkukulang kung susuriin ang isa pang maikling kuwentong tampok din ang aso at danas ng aso.

Sa “Kiro” ni Tony Perez, sinusundan ang kuwento ni Kiss simula kapanganakan hanggang kamatayan. Nasa ikatlong-panauhan ang naratibo na limitado lamang sa “isip-aso” ni Kiss, na kuhang-kuha ang kiliti, takot, at kirot ng pagiging aso. May pagtangkilik din ang kuwentong ito sa danas ng mga aso dahil walang makikitang pangalawang hangarin ang may-akda patungkol sa kamalayan o danas ng tao, bagkus nais lang talaga nitong isalaysay ang buhay at danas ng isang aso. Kung ibubuod ang kuwento, makikita kung paano ipinanganak si Kiss at ang danas niya bilang tuta, ang danas ng ipaampon at kilalanin ang bagong lugar at amo, ang maiwan nang walang kasiguraduhan kung magbabalik pa ang amo, at ang danasin ang sakit na hindi pa rin naman lubusang maintindihan ng isip-aso: ang mamatayan ng amo at mauwi na naman sa bagong tirahan. Sa huling tirahan ni Kiss dinanas ang napakasakit sa lahat—ang hindi maalagaan at pabayaan.

Simple lang ang naratibo na may pamumuhunan sa buhay ng isang aso, ngunit malalim ang hugot nito sa damdamin ng bawat mambabasa dahil mabilis at malayang naiuugnay ang damdamin ng tao at aso. Sa kuwento, mahusay na naiparating ni Perez ang lapit ng danas ng hayop at tao nang naka-pokus sa damdamin ng aso. Kung ikukumpara ito sa mga

naunang maikling kuwento, ito na yata ang pinaka-may pagtangkilik sa buhay ng mga hayop at may epektibong gamit sa pagka-hayop ng isang hayop. Dahil nahuli ni Perez kung ano ang iniisip ng aso at kung ano ang kanyang nararamdaman sa pagbabago-bago ng panahon at pangyayari, mabilis na naiparating sa mambabasa ang nais sabihin ng may-akda—na ang kirot na nararamdaman ng tao ay nararamdaman din ng aso. Sa iilang pahina lang ay mauunawaan ng mambabasa kung ano ang ibig sabihin ng kirot para sa aso, mula sa mata ng aso. Walang pagkukubli ang naganap dahil ikinukuwento ang kuwentong-aso na ito para sa aso, para sa lahat ng uri ng aso, may breed man o wala. Ipinakita rito ang kalakasan at kahinaan ng mga kumupkop kay Kiss nang may kaugnayan sa danas ni Kiss at wala nang iba pa. Ang huling talata ng kuwento ang magdadala ng kirot sa mambabasa: “Kinaumagahan, nang datnan siya ng katulong, nakangiti pa siya’t nakaliyad ang tiyan, ngunit sumabog ang puso niya sa labis na tuwa kaya’t wala na siyang buhay” (199). Nagtapos rin ang naratibo nang matapos ang buhay ni Kiss.

Kung ikukumpara sa “Bantay” ni Landicho, mas may pagtangkilik ang “Kiro” ni Perez sa mga aso kahit pareho nilang naipahiwatig ang danas ng aso sa magkaibang sitwasyon. Marahil nakatulong ang pagkuha ni Perez ng pananaw ni Kiss sa ikatlong-panauhan at ang pagsisimula niya sa kuwento sa kapanganakan ni Kiss. Dahil tao ang nagsasalaysay sa “Bantay,” naging limitado rin ang pananaw na dumadaloy sa naratibo, at nakikita lang ng mambabasa si Bantay sa malayuan. Ang pagkuha ni Perez ng POV sa ikatlong-panauhan ay naglalagay din sa mambabasa sa mapanlinlang na hangganan o divide ng tao at hayop na nababalanse naman ng limitadong boses ni Kiss. Kung nakakahon si Bantay sa pananaw ng isang bata, ang mambabasa naman ang nakakahon sa buhay ni Kiss dahil pinadaloy ni Perez ang kamalayang-aso sa buong kuwento. Parehong may simpatya ang dalawang akda sa danas-aso, ngunit mas nakakakuha ng simpatya ang

akda ni Perez dahil hindi niya ipinapahiwatig na may kailangan gampanan ang aso kundi kailangan silang tratuhin bilang aso at aso lang. Ang pagka-inosente ni Kiss at kawalan niya ng kakayahan o agency ay ang maglalapit sa mambabasa (danas-tao) at sa aso (danas-hayop).

Sa puntong ito, mahalagang pansinin na ang mga maikling kuwentong may pagtangkilik sa hayop ay mga kuwento ng domestikadong hayop na kasama sa bahay o pets. Mainam na ilista ang mga hayop na itinampok sa pagsusuring ito: baboy, pusa, ibon, at aso. Kahit maituturing na domestikado ang pusa, mga pusang gala naman ang ginamit sa “Karunungan ng Pusang Itim” na ikinuwentong hindi umaayon sa realism o realistikong moda ng pagsulat. Ang “Inakay” naman, kahit nasa realistikong moda ng pagsulat, ay ginamit lamang ang danas ng ibon bilang metapora o narrative device sa kuwento tungkol sa bata. Kung ihahanay, parehong nasa wild o feral na uri ang mga gamit na hayop sa “Karunungan ng Pusang Itim” at “Inakay.” Natatangi naman ang “Ang Unang Baboy sa Langit” dahil gumagamit ito ng hayop na maituturing na livestock. Kahit naman gustong gawing asocena ang aso sa “Bantay,” hindi pa rin maituturing na livestock ang aso dito sa Pilipinas. Ibig sabihin, sa ngayon, mga alagang hayop o pets pa lamang ang nakakakuha ng simpatya o pagtangkilik sa tradisyon ng pagsulat ng maikling kuwento tungkol sa hayop. Dahil dito, malaki ang kailangang punan ng paggawa ng maikling kuwentong-hayop dahil marami pang mga kamalayan at danas ng hayop ang hindi naisusulat sa papel. Gampanin ito ng manunulat ng maikling kuwento na nais magsulat tungkol sa hayop.

Pangalawang dapat pansinin ay ang pagkakaroon ng karahasan sa bawat kuwentong nabanggit. Talaga yatang hindi maikukuwento ang danas ng hayop nang walang kasamang dahas, at litaw naman ito sa mga sinuring akda. Laging may nakaabang na kamatayan sa dulo ng bawat kuwento at laging may posibilidad na masaktan o mapahamak ang mga hayop.

Sa simula, dalawang uri ng pandarahas ang nabanggit na kailangang pansinin: una ang karahasan na dinadanas ng hayop mismo sa mga kuwento, at pangalawa, ang karahasan na dinadanas ng pagka-hayop sa panitikan. Ang unang uri ay ang mismong karahasan na dinadanas ng tauhang hayop sa mga nabanggit na kuwento: ang katayin, displacement sa pagbabadya ng pagsabog ng nuclear power plant, ang tiradurin at mamatay, ang maulila nang musmos pa, ang katayin para gawing pulutan at mabaril dahil ipinapagtanggol ang amo, at ang iwanan at mamatayan ng amo at mapunta sa mga ‘di mabubuti at pabayang tao. Lahat ng ito’y karahasan na malaking bahagi ng pagkukuwento tungkol sa danas ng hayop, mapagkubli man o hindi. Maging sa sarili kong mga akda ay laging may elemento ng karahasan na kinakaharap ang mga hayop.

Ang pangalawang uri ng pandadahas ay nakatuon sa pagka-hayop o animality ng mga hayop sa panitikan. Kung titingnang mabuti, ang paggamit ng hayop sa panitikan ay uri rin ng paggamit sa hayop. Malaking dagok ito sa tulad kong nagsusulat para sa hayop upang iparating ang danas nila sa ating may kakayahang baguhin ito o pabutihin. Dahil dito, kailangan ko ring tingnan ang paggamit ng hayop sa mga kuwento. Kung ang paggamit o akto ng pagkukuwento sa hayop ay para iparating ang tunay na danas na nangyayari sa kanila, sa realidad ay hindi dinadahas ng akda ang hayop sa kuwento. Sa kabilang banda, kung ginagamit ang hayop bilang metapora o kung ano pang uri ng narrative device na nagpapalawig lamang sa danas-tao, masasabing dinadahas ng akdang iyon ang pagka-hayop ng tauhang hayop. Sa ganitong pagkakaiba ko masusukat kung bumabalikwas ba ang mga bagong kuwentong-hayop sa mapanikil na tradisyon ng pagkahon sa hayop. Kaakibat din nito ang isa pang hamon na kinahaharap ng manunulat ng maikling kuwentong-hayop—ang magsalaysay ng danas ng hayop na may pagtangkilik sa hayop na hindi umiikot o hindi papunta sa posibilidad na maaaring masaktan o mamatay ang hayop sa kuwento.

Pangatlo, mapapansin na wala sa mga kuwento ang gumagamit ng unang-panauhan na POV kung saan hayop ang nagsasalita. Pinakamalapit na siguro rito ay ang “Kiro” na pinadaloy ang kamalayang-aso ni Kiss, ngunit sinulat ito sa ikatlong-panauhan. Mainam sigurong hamakin na rin ang kamalayang-hayop sa pagkuha na rin mismo ng boses ng hayop sa pagsasalaysay ng kanilang danas. Higit ang hamon nito sa manunulat dahil kailangan niyang mailatag nang maayos ang balangkas ng naratibo at maipahiwatig ang danas-hayop na may pagtangkilik sa totoong katangian ng tauhang hayop na napili. Kumbaga, kung kunwaring pusa ang kukunin na hayop ng manunulat bilang tauhan na nagsasalaysay sa unang-panauhan, kailangan niyang makuha ang realidad ng pusa at maging pusa ang nagsasalita sa kuwento. Kaakibat nito ang moda ng pagsulat sa kuwento: kung nakaangkla ito sa realistikong moda ng pagsulat o kung ihahanay sa pantastikong moda. Mas higit na pagsusuri ang magagawa patungkol dito kung mas marami pang akda ang masasama sa pagtingin ng tradisyon.

Sa pagbubuod, nais sundan ng mga makabagong maikling kuwentong-hayop ang pagtangkilik sa danas ng hayop at palawakin ang sakop na danas sa iba’t ibang uri ng hayop. Hindi lamang pets ang kaya o dapat ikuwento sa panahon ngayon. Dapat ding pagsumikapan na hindi pairalin ang posibilidad ng kapahamakan o kamatayan ng hayop sa mga akda. Pangatlo ay ang paggamit ng pagka-hayop sa kuwento para sa hayop at hindi para lalo lang paigtingin o pagtibayin ang ipinapahayag na danas-*tao*. Layunin ng makabagong kuwentong-hayop na pagtagpuin ang danas-*tao* at danas-hayop, at ang katagumpayan nito ay maaabot lamang sa walang patid na pagsisiyasat patungkol sa buhay ng mga kasama natin sa mundong ito.

Genre ng Pagkalag: Katha at Maikling Kuwento

Mapapansin sa mga nakalap na panitikan na mas nabibigyang espasyo ang pagkalag sa hawla ng mga hayop kung mayroong naratibong

niloloob ang akda. Sa “Pipit” at “Pusa,” kahit pa may sukat at tugma, may nilalaman pa rin itong mga naratibo kung saan subjek o tauhan ang mga hayop. Lalong naipakita sa maikling kuwentong “Bantay” at “Kiss” na malaki ang potensyal ng genreng may niloloob na naratibo, ang maikling kuwento, sa tuluyang pagbaklas sa kahon ng speciesistic na tradisyon ng pagsusulat o pagkakatha patungkol sa mga hayop.

Tunay bang ang katha at maikling kuwento ang magiging tulay para sa pagbabagong-tingin sa pagka-hayop? Sa isang artikulo para sa *The New Yorker* noong 2015, inilatag ng awtor na si Ivan Kreilkamp kung paanong sinusubok ng katha, noon pa man, na pasukin ang psyche at damdamin ng mga hayop. Nabanggit ang mga seminal na kanluraning nobelang *Black Beauty* (Sewell), *The Tusk That Did the Damage* (James), *Flush* (Woolfe), maikling kuwento ni Kafka na “Metamorphosis,” at novella na *Animal Farm* ni Orwell. Hinuha ni Kreilkamp, ang ilan sa mga akda ay gumagamit ng anthropomorphization na ‘di lubos na tumatangkilik sa danas ng hayop. Sa *Animal Farm* ni Orwell, satirikal ang gamit sa mga tauhang hayop—kung paanong nakaangat ang mga naaapi at natalo ang manlulupig ay siya ring magiging manlulupig, kahit pa sa sariling uri, ang mga nagwagi. Sa “Metamorphosis,” ipinapakita naman ang epekto ng industriyalisasyon at kapitalismo sa pagiging tao ng tao—kahit maging bilang insekto ay nakakulong pa rin ang pangunahing tauhang si Gregor Samsa sa tanikala ng wika at pananaw sa mundo (Kreilkamp).

Sa kabila nito, may ibang nagtangkang magbigay simpatya at boses sa danas ng hayop. Ang *Black Beauty* ni Anna Sewell ay may tangkang bigyang boses ang isang itim na kabayo, si Beauty, noong Victorian Era kung saan pausbong pa lamang ang industriyalisasyon na malaki ang epekto sa buhay ng mga hayop. Autobiographical ang moda ng pagsulat sa unang-panauhan at ipininta kung paano nabuhay ang mga kabayo na sumailalim sa kamay ng iba’t ibang amo, mabuti man o masama. Ganito rin ang moda

ng pagsulat ni Virginia Woolfe sa akdang *Flush* kung saan sinusundan ang spaniel ni Elizabeth Barrett Browning na nagkukuwento tungkol sa buhay ng amo. Ngunit sintomas ng mga ganitong uri ng akda ang pagkabigo sa pagkuha ng boses ng hayop na ginagamit bilang tagapagsalaysay sa unang-panauhan. Kahit kuha ang danas at damdamin ng hayop, parang hindi hayop ang nagsasalita kundi tao sa likod ng mga salita.

Ganito rin ang komento sa akin ng mga panelists sa isang writing workshop na sinalihan ko noong 2019. Sa isang akda, ipis ang pangunahing tauhan ko na nasa unang-panauhan ang POV. Sa kuwento, ipis mismo ang nagsasalaysay kung paano siya nahulog para sa isang nilalang—ang taong babae na si Jenny. Bagamat marami ang natawa at natuwa sa premise ng kuwento, hindi nakalusot sa masinsinang pagsusuri ang akda. May iilan na nagsabing “parang hindi ipis ang nagsasalita” o ‘di kaya’y “hindi ito benta sa akin bilang ipis.” Bagaman nagtangka na akong mag-isip bilang ipis, talagang lumalabas pa rin ako, bilang tao, sa akda.

Mas lalo ring inusisa ang pangalawang maikling kuwentong sinabak sa workshop. Sa kuwentong ito, sinusundan naman ang danas ng isang maliit na grupo ng mga langgam sa mundong dystopian o kasalukuyang nagugunaw. May iilang kamalian sa pagsulat ang napansin ng mga nagbasa ng aking akda: “Bakit tumatalon itong mga langgam mo? Hindi naman sila tumatalon sa totoong buhay.” “Talaga bang kayang mabuhay ng mga langgam sa loob ng katawan ng tao?” “Kaya bang kainin ng langgam ang balat ng tao?” Ang hindi ko naisagot sa kanila ay ilang oras at araw ang ginugol ko sa pagbabasa patungkol sa kilos at katangian ng mga langgam. Mas mahirap pala talagang pasukin ang psyche ng mga hayop, dahil kahit gaano ko katagal pagmunihan, hinding-hindi ako magiging langgam o ipis. Nakakasalamuha ko sila bilang tagalabas. Bilang tao.

Sa hulihang bahagi ng artikulo ni Kreilkamp, binanggit niya ang isang sipi mula sa sanaysay ni Thomas Nagel na pinamagatang “What Is It

Like To Be a Bat?” na sinulat pa noong 1974. Aniya: “our own experience provides the basic material for our imagination, whose range is therefore limited.” Ibig sabihin, simula’t sapul pa lang ay dehado na ang tulad kong gustong magsulat tungkol sa danas ng hayop dahil hindi ako ang hayop na iyon. Dagdag pa ni Nagel: “Insofar as I can imagine this (which is not very far), it tells me only what it would be like for *me* to behave as a bat behaves. But that is not the question. I want to know what it is like for a *bat* to be a bat.” Kapag nagsusulat ako ng mga susunod na gagawin o iisipin ng mga hayop na tauhan sa aking kuwento, totoo na ang unang nangyayari sa isip ko ay tanungin ang sarili ko kung ano ang gagawin ng isang totoong hayop sa sitwasyong binigay ko. Realidad ang basehan ko para mapanatili ang plausibility ng kilos ng mga tauhang hayop, pero hindi rin dumadaplis sa isip ko na kinakailangan ko rin palang ilagay ang sarili ko bilang hayop sa sitwasyong kinakaharap ng tauhang hayop. Dahil subconscious na hakbang ito ng manunulat, maaaring nagiging pagkakamali ito na sa huli ay tumatagas sa kuwento na siyang nakaapekto sa kabuuang realidad ng akda. Biro nga noong workshop ang paghahanap ng “-ness” o “pagiging” ng mga tauhang hayop: pagiging ipis at pagiging langgam ng mga insektong nais kong bigyan ng boses ngunit sa huli ay ako pa rin ang naririnig.

Malalim na siguro ang ugat ng ganitong inklinasyon sa pagsulat, dahil kung titingnan sa pagtatala sa papel na ito, nakaangkla ang pagkatawan sa hayop sa panitikan sa mga partikular na katangian lamang, mga katangiang nakikita natin bilang tagalabas. Marahil dahil sa ganitong posisyon natin bilang mga tagalabas nagmumula ang pagbuo natin ng imahen ng mga hayop, simboliko man o aktwal. Ang kakayahan nating tumingin sa kanila at ang kawalang-kakayahan nila para tumitig pabalik ang unang pagitan na nabuo sa ating kasaysayan.

Sasanaysay ni John Berger na “Why Look at Animals?” ay tinatalakay ang ugnayan ng tao at hayop magmula pa sa simula. Pagpapalagay niya, ang

tao ay may ibang pagtingin o “gaze” sa mga hayop, dahil may kalinangan ang tao sa mga nilalang na hindi niya kauri. Sa kabilang banda, walang espesyal na o natatanging pagtingin ang mga hayop sa tao, dahil para sa hayop isang uri lang din naman ng hayop ang tao. Dahil daw ito sa kawalan ng midyum ng tao at hayop para magkaintindihan—ang wika. Sabi ni Berger: “But always its lack of common language, its silence, guarantees its distance, its distinctness, its exclusion, from and of man” (6). Dahil hindi kayang makipag-usap o bumuo ng ugnayan gamit ang salita, sa kabila ng pagiging malapit ng tao sa hayop ay hindi mapigilan ang pag-usbong ng dualistikong pagtingin ng tao sa mga hayop.

Ito ang pangalawang pagpapalagay ni Berger: dualistiko ang pagtrato ng tao sa hayop sa pamamagitan ng pagbibigay-puri o reverence kasabay ng pagkatay sa mga ito. Ani Berger: “They were subjected *and* worshipped, bred *and* sacrificed.” Litaw ang ganitong katotohanan sa pagtrato sa mga baka sa India, kung saan itinuturing na divine beings ang mga baka, at kasalanan ang pananakit at pagkitil sa kanila. Sa kabilang dako ng mundo, ginagawang makina ng karne at gatas ang mga baka na walang paglinang sa kanilang nararamdaman o buhay. Kumbaga, kahit malapit o accessible sa atin ang mga hayop, hindi natin sila magawang tratuhin bilang kapantay natin.

Ngunit malalim ang pinanggalingan ng ugnayang tao-hayop dahil bago pa man umusbong ang sibilisasyon, hayop na ang unang kasama ng tao sa mundo. Nagbanggit rin si Berger ng mga pangyayaring nagtatali sa hayop at sa tao tulad ng mga zodiac signs kung saan walo rito ay gumagamit ng imahen ng hayop, pati na rin ang mga alamat kung saan nagmula ang mundo kung saan laging kasama ang hayop sa pagbuo o dahilan ng pagbuo ng daigdig. “Everywhere animals offered explanations, or more precisely, lent their name or character to a quality, which like all qualities, was, in its essence, mysterious” (8–9). Ito ang dahilan kung bakit

patuloy na ginagamit bilang simbolo o sa simbolismo ang mga hayop: dahil nakapagbibigay sila ng dahilan sa mga bagay na hindi kayang ipaliwanag ng tao sa sarili niya, at dahil may kakayahan ang tao na maintindihan ang simbolismo. Sa puntong ito, makikita na ang power relationship ng tao at hayop—na may “knowledge/power” ang tao sa hayop, kaya napupunta sa laylayan ang mga hayop. Dagdag ni Berger: “What we know about them is an index of what separates us from them. The more we know, the further away they are” (16). Kumbaga, dahil kaya natin silang tingnan at dahil hindi nila kayang tumitig pabalik, lalo lamang lumalaki ang agwat ng ating ugnayan sa kanila.

Sa pagpasok ng ika-19 na siglo, nawala ang pagiging metaphoric ng mga hayop, at tuluyan silang ikinahon ng tao sa ekonomikal at komersyal na estado: bilang pagkain o damit. Sa pagdating ng industriyalisasyon ay naging mga makina ang hayop. Kasama na rito ang pagkakaroon ng pets ng mga gitnang-uring pamilya sa Europa, na mistulang ginagawang dekorasyon ang mga alagang hayop (Berger 14). Artipisyal na pakikitungo ang nararanasan ng mga hayop sa panahong ito dahil inalis sila ng mga tao sa likas nilang tirahan at binigyan ng mga bagay na artipisyal din, tulad ng pagbibihis sa kanila o di kaya’y pagtuturo ng mga gawaing nakanguso sa kagustuhan ng tao o mga trained responses.

Dahil sa pagpasok ng mga hayop sa ganitong uri ng pamumuhay ng mga tao, pumasok rin ang mga hayop sa iba’t ibang aspeto ng representasyon sa buhay ng tao, dahilan para lubusan silang sumailalim sa anthropomorphization sa iba’t ibang larangan tulad ng sa telebisyon, brochures, kuwentong pambata, atbp. Ginawang halimbawa ni Berger ang isang excerpt sa Disney episode kung saan naroroon si Donald Duck at kanyang tatlong pamangkin. Sa excerpt, dumadaing si Donald Duck na malayo pa ang dating ng suweldo niya kaya siya naghihirap. Hindi raw siya makalabas sa mga pasyalan dahil wala siyang pera. Pero, hihintayin

niya raw ang liham galing sa mailman dahil baka may padala raw ang mga kamag-anak niya mula sa ibang lugar (15–16). Makikita rito na masyadong sumailalim sa anthropomorphization ang bibe dahil litaw na litaw na ginamit lang ito bilang daluyan ng danas-tao: ang maghirap dahil wala pang suweldo o ang tinatawag na “petsa de peligro.” Kasabay ng panahong ito ang paglabas ng mga animal stuffed toys, animal picture books, animal paintings—mga pagtatangka ng tao na ibalik ang mga hayop sa sinaunang ugnayan nila sa mga tao.

Sa pagpapalawig ni Berger, binanggit niya ang gawa ng Grandville na pinamagatang “Public and Private Life of Animals” kung saan tahasang ginamit ang katangiang pang-hayop para malinaw na iparating ang katangiang pantao. Kahit ang layunin ay magbigay maskara sa tao gamit ang katangiang pantao, ang naging epekto ay kabaligtaran: naging paghuhubad ng maskara ng tao para maipakita kung ano ang tunay na katangian nila. “These animals have become prisoners of a human/social institution into which they have been press-ganged” (19). Dagdag ni Berger, “...they are being used *en masse* to ‘people’ situations” (19). At litaw ang hinuhang ito sa mga akdang nakalap sa tradisyon ng pagkahon na mapa-hanggang ngayon ay laganap sa ating panitikan. Pero totoo pa rin ba na hindi kayang tumingin pabalik ng mga hayop? Noong 1980s pa nailimbag ni Berger ang sanaysay na ito, at sa panahon ng pagkasira ng kalikasan at talamak na pagtulak natin sa maraming species ng hayop sa pagkalipol, hindi maiiwasan ang isipin na baka hindi naman talaga tayo naiiba sa kanila.

Sa pag-aaral ng science fiction, may hinuha ang awtor na si Joan Gordon patungkol sa “gaze” ng tao sa hayop, pati na rin ang pagbabalik ng gaze na ito ng hayop. Aniya:

“How does the human/animal interface operate as a story

we tell ourselves about our position in the world? We used to spend our energies explaining how we are different from animals, making sharp distinctions between humans and animals. Now we say that we are one species among many.” (Gordon 189)

Ginamit niya ang salitang “amborg” mula sa isang science fiction term na “cyborg” na ang ibig sabihin ay “human/machine.” Ang cyborg ay isang pagsubok na burahin, o sa kahit na maliit na paraan ay palabuin ang pagkakaiba ng tao sa makina. Imbis na malinaw ang kaibhan ng tao sa makina, pumapagitna ang cyborg bilang nilalang na parehong tao at makina. Mula sa ganitong pag-intindi, ang “amborg” naman ang siyang naglalapit sa agwat at pagitan ng tao at hayop. Imbis na malinaw at tiyak ang katagoryang tao/hayop, binibigyang espasyo ni Gordon ang posibilidad ng pagiging tao at hayop. Kinuha niya rin ang konsepto ng “pagiging” mula sa teorya ni Gilles Deleuze at Felix Guattari na tinatawag na “being and becoming” (Gordon 195). Mula sa dalawang uri ng pagtingin sa mundo, ayon kina Deleuze at Guattari, maaaring tingnan ang mundo sa pagiging “being” nito na nakahanay sa malilinan na katagorya: lalaki/babae, itim/puti, tao/hindi-tao. Sa kabilang banda, maaari ring tingnan ang mundo sa pagiging “becoming” nito na siyang kabaligtaran ng kasiguraduhang ibinibigay ng “being.” Pagpapaliwanag ni Gordon: “One sees everything in a dynamic state, moving in flows, inhabiting zones without boundary markers, without a subject/object division...animal and human share more than they differ...” (195). Sa ganitong pagtanaw, nabibigyang daan ang mas malapit na ugnayan ng tao at hayop, at mas nakikita sila sa pagiging pareho at hindi sa pagkakaiba.

Mahalagang pansinin na katha, bagaman partikular na science

fiction ang ginagamit na midyum ni Gordon, ang genre na tinutukoy sa usapin ng pagkalag sa humanistikong pagtingin sa pagka-hayop attrato sa hayop sa panitikan. Pagpapalawig ni Gordon:

“[Science] Fiction allows us to imagine that we see through the eyes of the other—the other sex, the other gender, the other social group, the other species, the other kind of sentience. It allows us to...both...gaze at the other and to gaze through the eyes of the other. The other, the not human, stands in for the animal: one delegates the other, who—or what-ever it may be, to the category of the animal by excepting it from the gazing self; one makes the equation that human equals the active gazing self and animals equals the passive—gazed-upon other.” (Gordon 192)

Taliwas sa pagpapalagay ni Berger, sa paggawa ng katha makukuhang tumingin pabalik ng hayop sa tao, sa mambabasa. Imbis na ilagay sa loob ng zoo ang hayop para tingnan lamang ng tao sa malayuan, pinapalaya ng pagkatha ang hayop sa panitikan dahil kaya nitong hamakin ang agwat na binuo ng humanistikong pagtingin sa mundo. Kung ituturing rin naman nating hayop ang tao (dahil tinatawag rin naman nating “nonhuman animal” ang mga hayop, bagkus saklaw rin ang tao sa maraming uri ng hayop sa mundo), ay mas maraming pagkakatulad ang maitatala kaysa pagkakaiba. Lalong kayang lagpasan ang hangganan ng malinaw at tiyak na binary ng tao/hayop sa genre ng pagkatha o maikling kuwento na kayang loobin ang psyche ng hayop at siyasatin ang maaari nilang isipin o maramdaman. Sabi nga sa panimulang bahagi ng artikulong “How Fiction Allows Us to Inhabit Animal Consciousness”: “After all, if fiction has the

power to show us another individual's private and interior uniqueness, then why not depict animals possessing such interiority?" (Rooney). Bagaman may mga pagkukulang ang mga naunang pagsubok sa pagkatha na niloob ang danas ng hayop, maaaring sa patuloy na pagtangkang sumulat ng mga kuwentong hayop masosolusyunan ang agwat na hinabi nang matagal na panahon. Kung dati ay mula sa labas lang ang kayang itala sa kasaysayan ng pagsusulat patungkol sa mga hayop, ang pagbabagong takbo ng panahon at pagkatha ay may kakayahang magbigay-daan tungo sa panloob na danas ng hayop—hindi stereotypical, ngunit mapagpalaya at may pagtangkilik sa tunay na danas ng mga hayop sa realidad. Sa madaling salita:

“The gaze is not only returned, it is exchanged; it is in a feedback relationship—unstable, unpredictable, dynamic, teeming with implications political, social, and ethical about our place(s) in the world.” (Gordon 195)

Pagbubuod ng Proyekto

Sa pagbubuod, napatunayan na ang tradisyon ng panitikang pinanggagalingan ay may paggamit sa hayop na sinusundan ang balangkas na: (1) lumilitaw ang hayop (o pagka-“hayop”) sa mga naunang akda tungkol sa hayop; (2) sa pag-angat ng katangiang pang-hayop ay paglubog (o pagbabalik sa dilim) naman ng hayop bilang subjek ng panitikan; at (3) ay ang pagbibigay liwanag sa isang katangiang pantao.

Para sagutin ang suliranin sa paggamit ng bubwit sa sanaysay na ito, isasalaysay ko kung paanong naging metapora ang sitwasyon ko sa bubwit sa bahay sa sitwasyon ng pagsulat ko tungkol sa mga hayop. Kasama nito ang impression na ayos lang maging marumi, dahil marumi naman talaga ang bubwit, at sa kabila nito ay hinahayaan ko pa siya na maglagi

sa aming bahay (at maglungga). Hindi pa rin nasasagot ang hinuha na masama ang paggamit ng hayop sa panitikan sa pagpapalabas ng karanasang pantao, dahil kung babaliktarin naman ang sitwasyon, magkakaroon ng anthropomorphization sa mga hayop. At kung nais ngang mapalapit ang danas-tao sa danas-hayop, bakit hindi puwedeng gamitin ang hayop sa pagbabalangkas ng danas ng tao? Pumapasok kasi rito ang paniniwalang superior ang tao kaysa sa hayop, at bagkus maaaring gamitin ang microcosm na danas ng hayop para sa malaki at gayong mas mahalagang danas ng tao.

Kung katalinuhan o dunong nga ang pagbabasehan ay marapat sabihin kong nakatataas ang tao kaysa hayop dahil tayo ang may kakayahang makapag-isip, bumigkas, at sa gayon ay makisali sa mataas na antas ng diskurso. Ang mga hayop, bagamat nakapag-iisip din at nakararamdam, ay bumabase lang sa instinct. Pero rason ba ito para magkaroon tayo ng karapatang gamitin ang hayop sa realidad at supilin din sa panitikan? Nais ko lang banggitin ang mungkahi ni Jeremy Bentham sa “An Introduction to the Principles of Morals and Legislation” noong 1789:

Perhaps it will some day be recognised that the number of legs, the hairiness of the skin, or the possession of a tail, are equally insufficient reasons for abandoning to the same fate a creature that can feel? What else could be used to draw the line? Is it the faculty of reason or the possession of language? But a full-grown horse or dog is incomparably more rational and conversable than an infant of a day, or a week, or even a month old. Even if that were not so, what difference would that make? The question is not Can they reason? or Can they talk? but Can they suffer? (Bentham 143–147)

At dahil tinatanggap ko na mas matalino ang tao kaysa hayop, nais kong maintindihan natin ang danas ng hayop sa antas ng ating pag-unawa, rason para palayain ang paggamit ng hayop bilang objek sa tradisyon ng pagkakakahon ng pagpapakahulugan natin sa kanila, habang may pagnanais pa ring matamo ang pagtatagpo ng danas-tao at danas-hayop. Dahil kung ibababa natin sa antas ng danas-hayop ang ating mga karansan ay masasapawan lang din naman ng ating danas ang kanilang karanasan o katangiang pang-hayop. Dahil nakagawian na nating gamitin din sila sa panitikan bilang objek, ang patuloy na paggamit sa kanila bilang objek o midyum ng danas-tao ay pagpilit pa rin na itago sila sa dilim.

Sa paggamit ko ng imahen ng bubwit bilang representasyon sa iba't ibang sektor ng hayop na naaapi araw-araw ay binibigyan ko ring pokus ang mga tulad nilang itinatago sa dilim tulad ng mga hayop na nakakulong rin sa livestock, entertainment, animal testing, fashion, atbp.

Bagamat marumi ang bubwit, may buhay pa rin sila. Mahalagang kaibhan na hinahayaan ko lang maglagi sa bahay ang bubwit, at bagamat hindi ko siya pinapatay, hindi ko rin naman siya pinapakain at itinuturing na kasama sa bahay. Sa realidad, nakikitira lang din siya sa bahay ko at hindi ko rin naman siya pinapaalis, kahit minamabuti kong itago ang mga pagkaing maaari niyang kunin. Hindi ko rin naman mapigilan ang sarili kong tatay na patayin ang tulad niya, pero may isang pagkakataong pinalaya ko mula sa malagkit na papel ang isang bubwit sa labas ng bahay. Marapat ko sanang gawin ay maging masinop sa paglilinis ng bahay namin o di kaya'y takpan ang mga maaaring pasukan ng bubwit, para hindi na rin mainis ang tatay ko sa pagpasok nila sa bahay at hindi sila patayin. Kahit nais kong mabuhay sila nang malaya at malayo sa ugnayang pantao, sa realidad ay may limitasyon rin ang aking kakayahang gawin ito, lalo't

limitado ang hawak ko sa desisyon ng iba. Pero hangga't may magagawa ako para maibsan ang pandarahas na dinadanas nila, sa kahit anong munting paraan, ay gagawin ko pa ring mataimtim.

SANGGUNIAN

- Aaltola, Elisa, and John Hadley. *Animal Ethics and Philosophy: Questioning the Orthodoxy*. Rowman & Littlefield International, 2015.
- Adkins, Brent. *Deleuze and Guattari's A Thousand Plateaus: A Critical Introduction and Guide*. Edinburgh University Press, 2015. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/10.3366/j.ctt1g0b18p. Accessed 19 Sept. 2020.
- Belvez, Paz M. *Salawikain, Kawikaan, at Bugtong*. Anvil Publishing Inc., 2009.
- Bentham, Jeremy. *An Introduction to the Principles of Morals and Legislation*. Publisher Not Identified, 1789.
- Berehulak, Daniel. "They Are Slaughtering Us Like Animals." *The New York Times*, The New York Times, 7 Dec. 2016, www.nytimes.com/interactive/2016/12/07/world/asia/rodrigo-duterte-philippines-drugs-killings.html.
- Berger, John. "Why Look at Animals?" *About Looking*. By John Berger. New York: Vintage, 1980. 3-28. Print.
- Cave, James. "GRAPHIC VIDEO: Remembering Tyke, The Rebellious Circus Elephant, And Her Tragic Death." *HuffPost*, HuffPost, 7 Dec. 2017, www.huffpost.com/entry/tyke-elephant-honolulu-circus_n_5689932.

- Coroza, Michael. *Dili't Dilim*. University of Santo Tomas Publishing House, 1997.
- Derrida, Jacques, and Marie-Louise Mallet. *The Animal That Therefore I Am*. Fordham University Press, 2010.
- Doyo, Ma. Ceres P. "Sanayan Lang'." *Inquirer Opinion Sanayan Lang Comments*, 29 Dec. 2016, 12:20 a.m., opinion.inquirer.net/100382/sanayan-lang.
- Eugenio, Damiana L., ed. *Philippine Folk Literature: The Myths*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2001.
- Eugenio, Damiana L., ed. *Philippine Folk Literature: The Epics*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2001.
- France-Presse, Agence. "Rare Deer Found on Negros Island: Scientists." *ABS, ABS-CBN News*, 28 May 2009, news.abs-cbn.com/nation/regions/05/28/09/rare-deer-found-negros-island-scientists.
- Gordon, Joan. "Gazing across the Abyss: The Amborg Gaze in Sheri S. Tepper's 'Six Moon Dance.'" *Science Fiction Studies*, vol. 35, no. 2, 2008, pp. 189–206. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/25475138. Accessed 19 Sept. 2020.
- Graff, Michael. "Millions of Dead Chickens and Pigs Found in Hurricane Floods." *The Guardian*, Guardian News and Media, 22 Sept. 2018, www.theguardian.com/environment/2018/sep/21/hurricane-florence-flooding-north-carolina.
- Jakobson, Roman. *O Cesskom Stixe*. 1923.
- Kreilkamp, Ivan. "Can Fiction Show Us How Animals Think?" 06 July 2017. Web. 11 Sept. 2020.
- Nagesh, Ashitha. "The Harrowing Psychological Toll of Slaughterhouse Work." *Metro*, 22 Jan. 2018, metro.co.uk/2017/12/31/

how-killing-animals-everyday-leaves-slaughterhouse-workers-traumatised-7175087/.

Nodelman, Perry. "Decoding the Images: Illustration and Picture Books." *Understanding Children's Literature*. Ed. Peter Hunt. London & New York: Routledge, 2002. 69-80. Print.

Rooney, Kathleen. "How Fiction Allows Us to Inhabit Animal Consciousness." *Literary Hub*. 13 Aug. 2020. Web. 19 Sept. 2020.

Ryder, Richard. "Richard Ryder: All Beings That Feel Pain Deserve Human Rights." *The Guardian*, Guardian News and Media, 5 Aug. 2005, www.theguardian.com/uk/2005/aug/06/animalwelfare.

Said, Edward W. *Orientalism*. Penguin, 2003.

Sargent, Betty Kelly. "Ask the Editor: Point of View vs. Perspective." *Publishers Weekly*. 19 Oct. 2018. Web. 17 Sept. 2020. <<https://www.publishersweekly.com/pw/by-topic/authors/pw-select/article/78389-ask-the-editor-point-of-view-vs-perspective.html>>.

Spivak, Gayatri Chakravorty. "Can the Subaltern Speak?" *Colonial Disclosure and Post-Colonial Theory*, edited by Patrick Williams and Laura Chrisman, Columbia University Press, 2015.

Wyckoff, Jason. "The Problem of Speaking for the Animals." *Animal Ethics and Philosophy: Questioning the Orthodoxy*, Rowman & Littlefield International, 2015.

Versoza, Paul Rodriguez. *The Psychology of Filipino Proverbs*. Cooperative Service, 1950.

KABANATA 2 :
MGA PILING KUWENTO

KONSEPTO NG KOLEKSIYON

Ang koleksiyon na ito ay binubuo ng tatlong kuwento tungkol sa mga hayop. Kadalasan ay pangunahing tauhan ang hayop dahil nadiskubre ng manunulat na ginagawang imahen o metapora ang hayop sa panitikan, at bilang tugon, nais niyang bigyang boses ang hayop sa kuwento. Sa iilang kuwento kung saan tao ang bida, nais ng manunulat maging totoo sa sarili niyang danas tungkol sa mga hayop, mula noong pagkabata hanggang magkaroon ng muwang sa takbo ng mundo.

Tulad ng tao, ang mga hayop ay nakaramdam, naghihinagpis, at nagnanais maranasan ang kasiyahan. Pagtatangka ito ng manunulat pagtabihin ang karanasan ng tao at hayop, kahit pa sa tingin ng marami ay napakalayo ng danas ng dalawang ito.

Tayong Dalawa

Ang sabi nila, nagsisimula ang lahat sa isang sulyap. Tapos, masusundan pa ng pangalawa, pangatlo, pang-apat. Sa titig malalaman ang lahat, pero paano kung isa lang ang nakatingin? Kaya kahit nakapikit pa ang mga mata niya, inaabangan kong magbukas ang mga ito, nagbabakasakali na ako ang una niyang makita paggising. Malay ko naman ‘di ba, sa dinami-raming bagay na puwede niyang makita, baka isang araw makaagaw-pansin naman ang isang tulad ko.

Napakaganda niya talaga. Umaga pa lang, kahit bagong gising, naglilivanag ang paningin ko kapag nakikita ko ang maamo niyang mukha, ang matamis niyang ngiti, ang cute niyang ilong, ang nakabibighaning mga mata. Kahit gulo-gulo pa ang buhok niyang pagkahaba-haba, o kahit ‘di pa natatanggal ang muta sa mata, alam kong siya na talaga ang hinahanap-hanap ko. Ika nga nila, kapag nahanap mo na ang “the one” mo, ‘wag na ‘wag mo nang pakakawalan.

Eh ‘di ano pa? ‘Yon nga ang ginawa ko. Mailap lang ‘tong si Jenny. Naku, napakahirap makuha ang loob. Dahil kaya mag-isa siya at ‘di palakaibigan? Sige sige, aaminin ko na, isang linggo pa lang simula nang una ko siyang makilala. Kaso, ano bang gagawin ko kung ganito kabilis ang tibok ng puso ko kapag nakikita ko siya? At saka, tingnan mo nga naman ang pagkakapareha namin: single siya at single ako, mahilig siyang mapag-isa at ganoon din naman ako, at higit sa lahat, sa iisang bubong lang kami nakatira. Ibig sabihin, itinadhana talaga na magkatagpo kami. Isang bagay lang ang sigurado ako, pag-ibig ito. Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko para makuha ang tiwala niya. Siguro nga, kaya ko natipuhan si Jenny dahil naiiba siya sa lahat ng kakilala ko. Sabihin na ng mga kabigan ko na hibang ako, pero ang gusto ko lang talaga sa buhay ay makilala si Jenny, at ang makilala niya rin ako.

Hindi siya palakaibigan kaya naisip ko na mahirap kunin ang loob niya. Mag-isa lang siya lagi sa apartment niya, madalas manood ng chick flicks sa telebisyon at magbasa ng Precious Hearts Romance na libro. Minsan nagtataka ako kung bakit wala siyang kasama dito kahit napakakomportable ng lugar niya. Kapag nasa apartment niya ako, lagi akong masaya, dahil kahit wala siya nandoon naman ang mga gamit niya. Malambot na sofa, masasarap na pagkain, nakakatuwa (at nakakaiyak) na mga palabas. Totoo nga siguro ang sabi ng iba, makikilala mo ang isang tao kapag kasama mo na siya sa iisang bubong.

Kahit maalikabok ang mga nakakahong kasangkapan at kahit pa iisa lang ang bintana niya, hindi ko maiwasang lumagi rito araw at gabi. Sabi nga ng mga kaibigan ko, kahibangan daw ang mahulog ako kay Jenny, dahil sa huli, papatayin lang din daw niya ako sa sama ng loob. Tinangka pa nga nilang sumama sa akin isang araw, pero sabi ko, hindi para sa kanila ang lugar ni Jenny. Sabi nila, masyado raw kaming magkaiba. Pero sa isang nilalang na punong-puno ng pag-ibig, hindi pagkakaiba ang tinitingnan kundi ang mga bagay na maaaring magkatagpo.

Isang tingin ko pa lang sa bahay ni Jenny, alam kong magkakasundo kami. Mahilig din siya sa Oreo's base sa mga mumo sa mesa niya, pati na rin ang 555 at Argentina corned beef. Madalas ko kasing nakikita 'yong mga bukas na lata ng mga 'yon eh. Pakiramdam ko nga, sinasadya niyang iwanan ako ng pagkain minsan kapag aalis siya. Kahapon lang, nagkunwari pa siyang nagmamadaling umalis ng bahay. Naiwan niya kasing hindi nakatakip 'yong tirang ulam niya na itlog at sinangag. Eh ako naman itong tumikim nang kaunti. Sarap! Ipagluluto niya kaya ako araw-araw kapag naging kami na talaga?

Sa isang linggong nakilala ko si Jenny, nalaman kong hindi rin siya mahilig maligo. At ganoon din ako! Hindi ko kasi gusto ang nalalamigan. At tulad ko, madalas siyang magpalit ng damit, ebidensya na siguro ang

mga t-shirt niyang nakasalansan sa sahig na minsanan niya lang kung ligpitin. Ginagawa ko rin kasi ‘yon ilang beses sa isang linggo.

Isa nga lang ang nakikita kong pagkakaiba namin ni Jenny—ang mahaba niyang buhok. Maalaga si Jenny dahil gabi-gabi niya itong sinusuklay at hinahaplos. Sa harap ng salamin, madalas niyang pagmasdan ang sarili at ang makapal niyang buhok, habang ako ay nakasilip at tahimik siyang pinapanood. Dahil sa haba ng kanyang buhok, maya’t maya ay may mga naglalagas na hibla na naiipon sa isang tumpok sa sahig. Kaya siguro kaamoy ni Jenny ang buong lugar niya dahil sa mga ito. Kahit medyo maliit ang apartment niya, punong-puno naman ito ng lingap, at siyempre, mga bagay na kinupkop at itinabi ni Jenny. Kasama na kaya ako ‘don?

Ang mga gamit niya lang ang nagsisilbing kasangga niya araw-araw, at wala ng iba pa. Iniisip ko nga kung nalulumbay siya kapag telebisyon at libro lang uuwian niya pagtapos ng mahabang araw dahil minsan, kapag malalim na ang gabi, naririnig ko siyang umiiyak sa kama niya. Humihikbi tapos uungol nang mahina. Maya-maya, tulog na siya. Siguro nga, pareho kaming sabik sa pag-ibig.

Mahirap ang magpakilala sa kanya. Hindi ko alam kung magugustuhan niya ba ako o hindi, kung papansinin niya ba ako o iindiyenin lang. Alam kong hindi pangkaraniwan ang paraan kung paano kami magkakakilanlan pero ano naman kung gano’n? Kaunting lakas ng loob lang ang kailangan ko at tulong mula sa tadhana.

Isang gabi, habang naghahapunan, sinubukan ko siyang lapitan. Dahan-dahan akong pumunta sa upuan sa harap niya, kabadong-kabado. Tibok lang ng puso ko ang nararamdaman ko. Hindi nawala ang pagtitig ko sa kanya. Binubulong ko na lang sa sarili ko na “Kaya ko ‘to, kaya ko

‘to!’” Bago pa man niya isubo ang isang kutsarang kanin, nakita na niya ako. Noong una, kumunot ang noo niya at nagtagpo ang dalawang kilay na parang tinitingnan ako nang maigi. Pagtapos, bigla na lang nag-iba ang pinta ng mukha niya, parang nagulat siya na nandoon ako sa harapan niya. Nagkatitigan kami, dalawang segundong sumasabog ang dibdib ko sa saya. Umakto akong lalapit sa kanya, pero napaurong siya sa kanyang silya. Huminto ako, napatili siya. “Ahhhhh!” Mabilis siyang tumayo sa kinauupuan, nababalot ng takot ang kanyang mukha. Nahulog ang isang kutsarang kanin sa sahig at patuloy na nagtitili si Jenny na sumampa at tumalon sa kanyang kama. Pero wala na akong paki sa mga sumunod na nangyari dahil ito ang unang beses na binanggit niya ang pangalan ko.

Hindi naging madali ang mga sumunod na araw pagkatapos ng insidente sa mesa. Hindi na muna ako nagparamdam dahil sa ipinakita niyang reaksiyon sa’kin. Nakakakilig nga naman na makita niya ako, pero sa ganoong paraan niya lang ba ‘ko dapat makita?

Pasimpleng sulyap lang ako tuwing nagsesepilyo siya bago matulog o sa tuwing sinusuklay ang mahabang buhok. Sa tindi ng pangangailangan kong hagkan siya, kumakapit ako sa kumpol ng mga nalagas niyang buhok. Oras bago ko bitawan ang mga ito, o kaya yakap sa buong magdamag habang nangangarap ng mga gabing makakasama matulog si Jenny. Sabi nga nila, sakripisyo ang nagpapatunay sa pag-ibig ng isang nilalang. Titiisin ko na ang mga gabing ito kapalit sa habambuhay na kaligayahan kasama si Jenny.

Kung gaano ako kagaling magtago sa gabi, ganoon naman ang husay ni Jenny sa panghahalina sa akin sa umaga kapag nagluluto siya ng umagahan. Sa amoy ng mga hinahain niya sa umaga, paano ba naman mawawala ‘tong gayuma na ibinigay niya sa ‘kin? Kahit simpleng sinangag lang at tortang talong, lahat ng bagay na nahahawakan niya nagmimistulang may magic sa sarap!

At saka ‘yong ketchup talaga ang nagpapadagdag-linamnam sa umagahan niya. Madalas niyang ginagamit ‘yong sarsa na ‘yon kaya pagsapit ng gabi at tulog na siya, nilalapitan ko ang bote na ‘yon at niyayakap nang pagkahigpit-higpit. Minsan, inaamoy ko pa ang samyo ng palad niya sa bote, at baka may naiwan pang bakas ng pagkahawak niya rito. Sa ganitong paraan lang ako napapalapit sa kanya.

Kapag nga nagmamadali siya sa umaga at naiwan ang pinagkainan sa lababo, pinupuntahan ko ‘yong ginamit niyang plato at kubyertos. Iniisip ko pa lang na nilalapat niya ‘yon sa bibig niya kinikilig na ako! Pati ‘yong baso na ininuman niya ng paborito niyang orange juice napakatamis dahil nailapat ‘yon sa labi niya. Alam kong ‘di magtatagal ay mahuhuli niya ang gawain ko, dahil isang araw maaga siyang umuwi.

Saktong hinahalikan ko yong kutsarang ginamit niya nang bigla na lang bumukas ang pinto, at huling-huli ako sa akto. Grabe, hiyang-hiya ako dahil nabisto niya kung gaano ako kahumaling sa kanya. Tumili na naman siya at agad na tumakbo sa banyo. Ako naman, nagulat at dali-daling binitawan ‘yong kutsara. Ano kayang sasabihin ko sa kanya kapag lumabas siya? Sana ‘wag siyang magalit sa akin o mailang.

Pagtango ko, malamig na buhos ng tubig ang gumulat sa akin. Nagulantang ako at napatihaya. Tabo pala ang kinuha ni Jenny sa banyo. Nataranta ako dahil ‘di ako makagapang. Maya-maya binuhusan na naman niya ako ng tubig! Buti na lang ay bumaliktad ako uli at dali-dali akong nagtago sa ilalim ng lababo. Narinig ko pa siyang sumigaw ng “Peste talaga!” Hay, lalo akong nahuhulog sa kanya.

Ang ayaw ko sa lahat ‘yong habul-habulan. Nakamamatay, literal. Mabilis ako pero ‘di ko alam kung bakit lagi niya akong iniwasan. Sa

tuwing lalapit ako, lalayo siya. Hindi lang ‘yong basta lakad ha, ‘yong tipong kakaripas ang paa sa takbo! Pero minsan, ako naman ang hinahabol niya.

Grabe, noong unang beses niyang ginawa ‘yon kilig na kilig ako. Bawat lukso ko ay tumatalon rin ang puso ko sa saya. Parang lumilipad na nga ako. Nakakatuwa sana ‘yon kung wala siyang hawak na tsinelas kasi mahilig pala siya mamalo gamit ‘yon. Mabuti na lang at lagi akong nakakaiwas sa pagbato niya rito. Inuupuan ko lang ang tsinelas na hindi tumama sa akin at kusa na siyang umaalis. Ganoon siya maglambing, at ayos lang sa akin ‘yon. Iba-iba naman ang gawi sa bawat relasyon. Ganito pala ang umibig, nagtatatalon ang tibok sa dibdib.

Sinubukan ko na ring sorpresahin siya, kaso natatakot siya. Noong isang araw lang inaabangan kong buksan niya ‘yong cabinet kung saan nakatago ‘yong paborito niyang corned beef. Pagkabukas niya ay tumili siya at agad na sinara ‘yong pinto ng kabinet. Tinangka ko na ring magpakitang-gilas. Siyempre, pa-pogi. Mula sa taas ng pader hanggang sa kabila, nilipad ko kahit may bentilador na nagbubuga ng hangin. Grabe, sobrang hirap pagalawin ‘yong pakpak ko pero ginawa ko para sa kanya. Tumili nanaman siya ng “Kadiri, lumilipad! Ahhhhhh!” tapos nagtago sa banyo. ‘Di ba ang hirap? Paano ka nga naman mapalapit sa taong gusto mo, kung siya mismo lumalayo? Alam kong malaki ang pagkakaiba namin, pero kahit ‘yon ay ‘di magiging hadlang sa pag-ibig ko sa kanya.

Sa mga sumunod na araw, unti-unting naging mabuti ang trato sa‘kin ni Jenny. Kapag nahuhuli niya akong sumisilip, hindi na siya nagugulat o nagagalit. Titingnan niya lang ako saglit at saka itutuloy ang gawain niya. Hindi niya na rin ako binubuhusan ng tubig kapag nasa lababo ako, at lagi na niyang hinuhugasan agad ang mga pinagkainan niya. Madalang na rin akong nakakatikim ng mga luto niya dahil wala nang tira para sa ‘kin. Madalas na siya magligpit ng gamit. Nagwawalis siya

paminsan-minsan kahit hindi pa rin naaabot ang mga kumpol ng buhok sa kasulok-sulukan ng kuwarto.

Mas maganda ang gising niya sa umaga, mas masigla at masaya siya. Dati, parang kinakaladkad niya ang sarili niya makabangon lang para pumasok sa trabaho, pero ngayon pagtunog ng orasan ay gumigising kaagad siya. Nag-iba rin ang amoy ng buhok niya. May bago siyang ginagamit na shampoo at conditioner. Mas matagal siyang maglagi sa banyo dahil sa pagpapabula, paghaplos, at pagbanlaw ng mahaba niyang buhok. Naging ritwal na niya sa umaga ang maiging pagpapatuyo nito sa tapat ng bentilador at ang pagpapadaan ng kanyang suklay rito. Mas kumintab at lumambot ang mga hiblang nalalaglag sa sahig, at bago ko pa man mapansin, lalo akong nahumaling kay Jenny. Kung paanong nagbubuhol-buhol ang hibla ng buhok na nalalagas mula sa kanyang ulo ay ganoon na lang din ang pagkapit ni Jenny sa mundo ko.

Ang kaso lang, madalas siyang ginagabi ng uwi. Hindi na rin siya nakakapagbasa ng mga libro niya at kapag nagsasalang ng palabas, hindi naman talaga siya nakatutok sa telebisyon. Nakakatitig lang siya sa cellphone niya at maya't maya kung ngumisi. Magdamag niyang hawak 'yon hanggang sa makatulog na lang. Nawala na ang pag-iyak niya sa dilim.

Magandang senyales 'ata ito, dahil simula noong makilala niya 'ko hindi na siya gano'n kalungkot. Kahit pa agaw-buhay ang pagpapapansin ko sa kanya, ayos pa rin dahil napapagaan ko na ang loob niya. Kung napapasaya ko siya sa mga bagay na ginagawa ko, at naiparamdam ko itong init sa dibdib na nadarama ko sa kanya, baka 'di magtagal ay makuha ko ang tiwala niya. Kung ganon, hindi na malabong magustuhan niya rin ako.

Isang umaga, madali siyang nag-almusal at naligo. Matagal siya sa harap ng salamin. Kung ano-anong pulbo ang nilagay niya sa mukha. Siyempre, hindi mawawala ang ritwal niyang pagsusuklay. Aba, bagong suklay pa ang gamit niya. Espesyal na araw siguro 'to para sa kanya.

Iba ang pakiramdam ko. Baka ito na ang araw na pinakahihintay ko! Dahan-dahan akong lumapit sa kanya—inakyat ko ang paa ng tokador at naabot ang mesa kung saan nagkalat ang mga pampaganda niya. Sa pinakatabi ay may bukas na bote ng baby cologne at sa gilid nito ay may patak ng masamyong pabango. Winisikan ko nang kaunti ang sarili ko nito para naman hindi siya mandiri sa akin. Lumapit ako sa kanya habang sinusuklay niya ang isang nagbuhol na parte sa dulo ng buhok. Tutok na tutok siya sa gawaing ito. Bumilis na naman ang kabog sa dibdib ko.

Sa paglapit ko ay naamoy ko ang halimuyak ng kanyang pabango. Ito na yata ang pinakamalapit na nakalapit ako sa kanya. Mabagal akong dumapo sa siko niya at saka kumapit sa bisig niya. Nadarang ako nang tuluyan at parang tumigil ang ikot ng mundo ko. Hindi niya ako napansin kaagad, at nang maramdaman niyang nakadapo ako sa kanya, marahas niya akong tinapik dahilan para tuluyan akong tumalsik. “Kadiri kang ipis ka! Buwisit!” Inis niyang sumbat sa akin, at saka tinapos ang pag-aayos sa sarili. Kalaunan, umalis na rin siya at naiwan ako sa sahig. Ipis nga lang siguro ang tingin niya sa akin, wala nang iba.

Ganoon siguro ako kabulag sa pag-asang titingnan niya ako sa paraang pagtingin ko sa kanya. Gaano kataas ba ang kailangan kong akyatin sa dingding para tingnan niya ako nang hindi yumuyuko? Saan kaya ako nagkamali? Naalala ko ang payo ng mga kaibigan ko, matatapos lang ang lahat ng ‘to sa pagpatay. Patay na puso at durog na damdamin. Buong araw ko siyang hinintay umuwi, iniisip kung ano na ba talaga lagay naming dalawa.

Nagising ako sa tunog ng bumubukas na pinto. Hindi ko alam kung anong oras na, pero alam kong kumagat na ang dilim. Narinig ko ang hagigkik niya, papalapit nang papalapit. Pero may kakaiba. May narinig

akong boses na ‘di kanya. Nagbubulungan sila at nagtatawanan. Sumara ang pinto pero nakapatay pa rin ang ilaw. Nakapagtataka lang. Papalapit ang yabag ng kanilang mga paa. May narinig pa akong kakaibang tunog. Naririnig ko lang ‘to sa mga palabas na pinapanood ni Jenny. Sunod-sunod na lagitik ang narinig ko, umungol si Jenny at ang kasama niya.

Nakita ko na ang mga anino nila sa dilim. Nahulog sila sa kama— lumangitngit ito sa bigat ng dalawa. Lilipad sana ako para makita ang nangyayari pero natabunan ako ng mabigat na tela. Umalingasaw rito ang pabango ni Jenny. Nahirapan akong makaalis dahil nabagsakan pa ito ng ilan pang tela. Muntik na akong hindi makahinga. Malakas na paghinga ni Jenny at ungol ng kasama niya ang narinig ko. May iba pa silang sinabi na hindi ko maintindihan.

Sa wakas ay nakalabas ako sa tumpok ng tela at gumapang sa paanan ng kama. Umakyat ako at nakitang nakadapo sa ibabaw ang kasama ni Jenny sa kanya. Bakit kaya hindi niya ito hinawi tulad ng pagkahawi niya sa akin kaninang umaga? Bakit nakalalapit nang ganito ang kasama niya? Mabilis silang gumagalaw at maya-maya ay bumagal hanggang sa tuluyang tumigil. Tumili si Jenny pero ‘di tulad ng pagsigaw niya kapag nakikita ako. Tumabi ang kasama niya sa gilid niya at pareho silang nanahimik.

Hindi ko magawang gumalaw sa nakita ko dahil hindi ko alam ang dapat kong maramdaman. Ilang oras ang lumipas at napansin kong may kaunting liwanag na sumisilip sa bintana ng kuwarto. Gumalaw ang kasama ni Jenny na ngayon ko lang nakita ang mukha. Maputi ito at matangos ang ilong. Mapintog ang labi at singkit ang mata. Maiksi ang buhok niya kumpara kay Jenny at may malapad na dibdib. Tinignan niya si Jenny at saka sumulyap sa sahig. Napangiwi ito sa kalat sa sahig.

May pinulot siya rito at inilagay sa bandang beywang. Sinuot ang damit tulad ng pagbibihis ni Jenny tuwing umaga. Lagi niyang tinitingnan si Jenny, maingat siyang lumalayo rito. Mahimbing ang tulog ni Jenny.

Umusog ang kasama niya sa paanan ng higaan kung nasaan ako. Yumuko ito at nabunggo ako, at napakapit ako sa binti niya. Habang nagsusuot siya ng sapatos ay napansin niya ako at galit akong hinampas. Hindi ko alam kung ano ang kasalanan ko sa kanya, eh ngayon ko nga lang siya nakita! Nawindang ako sa pagkapalo sa akin at bumagsak sa ilalim ng kama.

Nabali yata ang isa sa mga paa ko dahil ngayon lang ako nakaranas ng ganitong klaseng sakit. Manhid na ang aking dibdib. Nakita kong umalis ang pares ng paa ng kasama ni Jenny at narinig ang pagsara ng pinto. Ilang oras ko rin tinyagang gapangin ang sahig para makaalis sa ilalim ng kama. Dalawang paa ko pala ang napuruhan, at naramdaman ko ang matinding pagod sa unang pagkakataon.

Maya-maya ay gumalaw ang kama at nakita kong umapak ang paa ni Jenny sa sahig. Narinig ko ang pagkapa niya sa higaan na parang may pinapagpag. Mabuti at nagising na siya at wala na ang kasama niya. Kaming dalawa na lang uli.

Dali-daling pumunta si Jenny sa aparador niya at nagsuot ng damit. Pagtapos, pabalik-balik siyang naglakad sa sahig. Gumapang pa ako para mas lalo siyang makita, kahit pa hirap na hirap ako. Nang makaalis ako sa ilalim ng kama ay nakita kong nakatingin si Jenny sa kanyang cellphone, at parang balisa. Nakaupo siya sa harap ng tokador niya tulad kahapon. Maganda pa rin siya kahit medyo namamaga ang ilalim ng mata niya.

Ilang segundo ang nakalipas nang bigla siyang tumayo para pulutin ang mga damit niya sa sahig. Mabigat ang yabag ng kanyang mga paa, nabunggo niya ang istante kung saan nakalagay ang mga libro niya. Pinulot niya ang mga ito isa-isa habang humihinga nang malalim. Binalik niya ang mga libro, pagtapos ay nagtupi ng kumot at inayos ang mga unan sa kama. Pumunta siya sa sulok ng kuwarto para kunin ang walis at pandakot. Nagsimula siyang magwalis.

Mula sa gilid ng kuwarto, sa ilalim ng mesa, sa tapat ng tokador at aparador, pinadaan niya ang mga ito ng walis na parang hibla ng sariling buhok. Patuloy ang paghina ko at pananakit ng buong katawan, sobra akong inaantok. Sana ay mapansin ako ni Jenny.

Nakaramdam ako ng kiliti sa likod ko, tulad ng kiliti na nadama ko nang una ko siyang masilayan. Tapos, parang gumagalaw ako dahan-dahan. Sinalubong ako ng liwanag at pinilit ko pa ring buksan ang mata ko, at baka mawala na lang bigla si Jenny. Mukha niya ang bumungad sa paningin ko, pero malungkot ang pagkapinta nito, 'di tulad nitong mga nakaraang araw. Siguro ay may mali akong ginawa. Tinignan niya ako nang isa pang beses, bago tuluyang iusog sa pandakot kasama ang mga alikabok at kalat. Pagtapos ay itinabi niya ako sa sulok kung saan nanggaling ang walis.

Antok na antok na ako pero bago ako pumikit ay nakita kong tumingin uli sa cellphone si Jenny at napabuntong-hininga. Mabuti at kaming dalawa na lang ang nandito.

Maganda Pa Ang Daigdig

Sa isang malaking bag nanggaling ang mga unang langgam. Simple lang naman ang kanilang pakay: maghanap at sundan ang amoy ng pagkain. Likas ito sa lahat ng hayop, lalo na ang mga tulad nilang maliliit. Iisa lang ang gawain nila noong araw na iyon at walang kaalam-alam na may patutunguhang lugar ang bag. Siyempre, pamilyar sila sa mga ibang bagay sa loob at labas ng bahay ng Tao. Alam nila kung ano ang kaldero dahil nandoon ang malinamnam na kanin. Alam nila ang garapon dahil nandoon nakatago ang asukal. Alam nila ang dispenser dahil doon nakatambak ang saganang suplay ng tubig. At lalong mas alam nila ang mga bagay sa labas ng bahay. Alam nila ang puno sa tapat ng bahay ay nagbubunga ng bayabas. Alam nila na laging umaagos ang tubig na may sabon sa tarangkahan. At alam nila na palaging may naiiwang mugmog sa ilalim ng bangko kung saan araw-araw umuupo at nag-aagahan ang Tao ng pandesal.

Mas lalong kilala ng mga langgam ang Tao. Alam nilang malinis ang kuwarto nito dahil walang kaamoy-amoy ng pagkain dito. Liban sa isang basong tubig na ipinapatong nito sa maliit na mesa sa tabi ng kanyang kama tuwing matutulog, walang ibang samyong umaakit sa mga langgam para puntahan ang silid na iyon. Alam rin nila na mag-isa lang ang Tao sa bahay. Iisang tasa ng kape lamang ang ginagawa nito para sa sarili tuwing umaga. Alam nila ang timpla ng Tao sa kape: isang kutsarita ng instant black, dalawang kutsarita ng puting asukal, at dalawang kutsarita ng creamer. Alam nila na mahilig ito sa maalat dahil mas lasa ang toyo kaysa suka sa sabaw ng adobo nito. Kung minsan, dumadating ang isang araw sa isang buwan kung kailan itlog na pula at kamatis lang ang kinakain ng Tao kasama ang kanin. Madalang na magbukas ng de-lata ang Tao sa bahay. Gusto kasi nito ang mga lutong bahay.

Simple lang ang alam ng mga langgam. Kung ano ang puwedeng lapitan, kung kailan ito puwede lapitan, at kung ano ang hindi dapat lapitan.

Kung kaya't noong inilagay ng Tao sa isang malaking bag ang lahat ng de-lata, biskuwit, tinapay, pakete ng noodles, bigas, bote ng inumin at tubig, at mga tsokolate, hindi sila nag-atubiling pumasok sa loob ng bag. Nahuli nila ang amoy ng lahat ng pagkain na karaniwang itinatago ng Tao sa kanila sa iisang lugar at umiral ang pinakamalakas nilang pandama. Ngunit hindi nila alam na hindi na sila makababalik pa sa bahay nang magsimulang gumalaw ang bag. Madilim at kulob sa loob nito, ngunit hindi alintana ng mga langgam dahil tila naabot nila ang pusod ng pinakamasasarap na pagkain.

Iyon na ang huling araw ng mga unang langgam sa ibabaw ng lupa. Sa haba ng biyahe ay hindi napansin ng mga langgam na wala na sila sa dating tirahan. Hindi nila alam kung ano ang nangyayari sa labas o kung bakit nagmamadali ang Tao na mag-impake at umalis ng bahay. Hindi nila batid na hindi isinara ng Tao ang tarangkahan sa pagmamadali nitong sumakay sa kanyang maiksing jeep. Naramdaman lang nila ang mabilis na pagpapatakbo ng sasakyan. Hindi na sila nakapag-iwan ng kanilang amoy pabalik sa bahay ng Tao, at tila ito ang unang pagkakataong nakaramdam sila ng pagkaligaw. Lalong hindi nila alam ang pinuputak ng radyo habang nagmamaneho ang Tao. “Hindi pa malaman kung ilan ang nasawi sa pagsabog ng planta sa Bataan, ngunit tinatayang higit isanlibong pamilya ang mawawalan ng pansamantalang tirahan...” Hindi nila alam kung ano ang tumatakbo sa isip ng Tao. Hindi nila ramdam ang takot na nararamdaman nito.

Dahil simple lang ang mga langgam, hindi nila batid ang mga nangyayari bago pa man ang araw na iyon. Hindi nila alam ang balita ng hindi mapipigilang pagsabog at ang inaasahang kasunod nito na tinatawag na Matinding Pagyanig sa buong kapuluan. Siguro, alam ng mga kauri nila sa iba't ibang dako ng arkipelago ang pagbabago ng panahon. Malamang, alam ng mga langgam malapit sa plantang iyon na may pagbabago sa amoy

ng hangin, sa lasa ng katas ng mga bunga ng puno, sa mga kasama nilang gumagapang at naghuhukay rin sa lupa. Marahil, alam ng mga langgam na naglulungga malapit sa planta kung paanong tila lumaki ang mga uod, ipis, at daga na kasama nila. Maaari ring nag-iba ang pakiramdam ng mga langgam na iyon sa pagtaas ng kanilang pandamdang na pang-amoy at panlasa, iyong mga langgam na kauri ng mga langgam na nasa bag ng Tao, na nakasakay sa maliit na jeep, na kung magpatakbo ng sasakyan ay napakatulin. 'Di kalaunan ay narating na ng nagmamadaling Tao ang destinasyon nito. Sa loob ng bag ay nabutas na ng mga langgam ang isang balot ng tsokolate.

Hindi alam ng mga langgam na gabi na at kahit madilim na, naaaninagan ng ilaw ng buwan ang kalbong parte ng isang masukal na kagubatan. Naroroon, kasama ng Tao at ng mga langgam, ang paghuni ng samot-saring insekto at hayop na ikinukubli ng kagubatan. Sa loob ng bag ay maaari sanang silipin ng mga langgam ang mga nadaanan ng Tao kung saan may isang malaking punong may mayabong na dahon. Ngunit abala sila sa pagngata ng tsokolate. Malakas ang amoy ng mga bungang mangga sa mahangin na gabi. Sa dilim, kumapa-kapa ang Tao sa lupa at hinawi ang isang tumpok ng mga lumang sanga at dahon, hanggang masilayan nito ang pagkislap ng isang kadena. Walang nakakita na hinila nito pabukas ang isang parisukat na pintuan sa lupa. Sa malalim na gabi, pumanaog ang Tao bitbit ang mga langgam sa bag at mga huling pag-aari nito sa mundo.

Kumupit ng flashlight ang Tao sa gilid ng bag at bumungad ang masikip na lagusang palalim nang palalim. Dahan-dahang bumaba ang Tao, palit-kapit sa manipis na bakal na hinahawakan at tinutuntungan. Isinara nito ang pinto sa itaas bago tuluyang ibaba ang sarili sa makipot na lagusan, hanggang sa maabot ang mas maliit pang pinto.

At doon lamang tila naramdaman ng mga langgam ang pagbabagong amoy ng lugar dahil saglit na napatigil ang mga ito sa pagngasab. Bumaluktot

ang mga sungay nila. Gawain nila ito kapag naghahanap ng pamilyar na samyo ng iba pang langgam. Ibinagsak ng Tao ang hawak na bag at nagkagulo ang mga langgam sa loob. Sa dilim ay nakapa ng Tao ang switch ng ilaw at saka ito pinindot. Bumukas ang malamlam na ilaw at lumitaw ang isang silid na may limitadong kasangkapan: maliit na kama sa isang sulok, isang lamesang yari sa plastik na may kasamang monobloc, lababo na may gripong kinakalawang sa tabi ng mababang inidoro, at bilog na orasan sa dingding. Katabi ng orasan ay isang itim na pigurang nakapako sa pader. Magkahawig ang pigura at ang Tao.

Hindi ramdam ng mga langgam ang paghinga nang malalim ng Tao. Hindi rin nila nakitang tumingin ito sa orasan. Nawindang kasi sila sa pagbagsak ng bag sa sahig. Bahagyang nabuksan ang siper ng bag at nakita nila ang liwanag sa labas. Lumabas ang iilan at sinalubong ng alikabok ng semento. Naamoy kaagad nila na nasa bagong lugar sila. Wala na sila sa bahay. Hindi lamang nila alam kung gaano kalayo.

Habang abala ang mga langgam sa pagkilala sa bagong lugar, isinara naman nang mahigpit ng Tao ang pintong pinanggalingan at sinilip ang bentilasyon sa sulok ng silid. Huminga ito nang maluwag, ngunit napatigil na tila biglang may naalala. Kinapa-kapa nito ang mga bulsa ng pantalon, at tinignan ang bag na nasa sahig. Binuksan nito ang siper ng bag at nahawakan ang radyo't isang two-way radio. Agad nitong binuksan ang radyo at pinihit ang bolyum.

Nasagap ng radyo ang boses ng isang lalaki kahit utal-utal ang tunog. “Pinapaalalahanan...nakikinig na lumikas...piling evacuation centers...sa ilalim o unang palapag ng...sa nagbabadyang pagsab-” Nawala ang boses at dumaing ang tao. Pinihit pang muli nito ang frequency at saka tinitigan ang radyo. “...tinatayang pinakamalakas na pagsabog sa kasaysayan ng Pilipinas...Matapos lamang ang pagputok ng...nakaraang linggo...ang kasalukuyang nirehabilitang Bataan Power—” Pinukpok pa uli nito ang

radyo nang mawala ang boses. "...masalimuot na alaala sa Pinatubo noong 1991...sinlakas...ayon sa mga eksperto...Hiroshima noong 1945... Maghanda..." Nagbuga pa uli ng static noise ang radyo ngunit yumuko na ang Tao matapos ang ilang minuto. Sunod nitong kinalikot ang maliit na two-way radio. Ilang beses nitong pinihit ang kagamitan para makasagap ng signal ngunit walang tunog na lumalabas dito. Kinuha nito ang mas maliit na teleponong nakasabit sa gilid, at itinapat sa bibig. "Hello? Hello? May tao ba diyan? Location please, emergency situation dito sa may Lambakin. Over." Tumingin muli ang Tao sa orasan. Kinuha nito ang bag at inilabas ang isang lukot na kalendaryo. Ipinaskil nito ang kalendaryo sa pader sa ilalim ng orasan at saka inilabas ang panulat: nilagyan ang ekis ang isang kahon.

Tiningnan ng Tao ang nakapakong rebulto, yumuko, at tila bumulong ng mahinang dasal. Pumikit ito at idinikit ang ulo sa pader. Pagdilal, nakita nito ang maliliit na insektong may dala-dalang kapisang biskwit na nagtatangkang umakyat sa makinis na pader. Nagkalat ang mga ito sa paanan ng Tao. Sinundan nito ng tingin ang nakapilang mga langgam at nakitang nanggagaling sila sa bag. Agad nitong hinablot ang bag, inilapag sa mesa, at saka binusisi. Mabilis nitong tinanggal ang mga pakete ng noodles at lata ng sardinas. Sa isang supot ay may nagkakagulong mga langgam. Nakita ng Tao na butas na mga balot ng tsokolate. Nagkalat ang mga langgam. Marahas ang pagpagpag ng Tao sa mga minatamis. Natanggal ang karamihan sa mga insektong hindi pa nadikit nang tuluyan sa mga dulce.

Dahil nabutas na, ang ibang minatamis ay naglabas ng lagkit na lalong nagpahirap sa paghawi ng langgam. "Putang ina!" Inis na sigaw ng Tao sa maliit na silid. Pumunta ito sa lababo at pinihit ang gripo. Nalunod ang ibang langgam sa daloy ng tubig, habang ang ibang nakaabot sa bisig ng Tao ay napitik-pitik. Tila nabalisa at nataranta ang mga langgam sanhi

ng pagkagat nila sa Tao. Lalo naman itong nainis dahil sa hapdi ng maliliit na pantal. Inapakan nito ang mga nahulog na langgam, kahit imposibleng mapisat sila ng suot nitong sapatos. Ngunit may iilan pa ring nakatakas at nagkalat. Mabilis silang nagtago sa iba't ibang sulok ng silid.

Nagpawis ang Tao. Kahit wala namang nagbago sa temperatura ng silid ay tila parang uminit dito. Inilabas nito ang mga natitira pang pakete ng protein bars at ininspeksiyon kung nadali rin ito ng mga langgam. Umingit ang two-way radio—at halos madapa ang tao nang kunin ito na parang nakasagap bigla ng magandang balita. Nabigyan ng oras ang mga langgam para makapaghanap ng pagtataguan mula sa Tao, bitbit pa rin ang mga nasamsam na butil ng pagkain. Pumitik ang kanilang mga sungay at humiwalay ang ilan para makahanap ng panandaliang lungga.

Samantala, walang napala ang Tao sa radyo dahil kahit anong pihit at pindot nito sa kagamitan ay tila hindi gumagana. Nagbubuga ng balita ang radyo. Sinusubukang kausapin ng Tao ang nasa radyo ngunit parang hindi natatanggap ang mga hinaing nito. Napirmi ito sa monobloc chair. Napuno ang silid ng pagtik-tok ng orasan. Nakatulog ito sa pagod, habang nagtipon ang mga langgam sa ilalim ng kama. Ang ibang napilay dahil sa pagpapgag ay nakaladkad pa ng kapwa langgam.

Nagdikit ang panipit ng mga langgam at nagtagpo ang mga sungay na tila nagpaplano kung paano makabalik sa Ibabaw. Hindi nila makakasundo ang Tao. Tila ayaw nito na may kasamang iba. Nagtangkang umakyat ang ilan sa kanila sa makinis na pader ngunit walang mahanap na ibang butas, maliban sa isang maliit na bukana sa sulok ng dingding. Agad itong pinasok ng ilang langgam habang ang mga natira ay walang magawa kundi maghintay sa kanilang pagbalik. Dahil masipag, sinimulang bakbakin ng ibang langgam ang rebultong nakapaskil sa pader mula sa likurang bahagi nito. Gawa kasi ito sa kahoy. Gabay nila ang malakas na palatak ng orasan sa pagbiyak ng maliliit na piraso ng kahoy.

Hindi nila batid ang nangyayari sa Ibabaw, kung saan lumikas na ang maraming hayop at insekto bago pa man maabutan ng unang alon ng isang malakas na pagsabog. Ang mga punong matatarik ay unti-unting bumaluktot habang ang iba ay lumagatok at naputol nang masalpukan ng malakas na buga ng Pagsabog. Agad na nagiba at gumuho ang mga gusali at bahay na malapit sa eksplosyon, kasama ang anumang tao, hayop, o kumag na gumagapang. Walang natira maliban sa kanilang mga abo. ‘Di masabi kung alin ang tao o aso; sa lupa rin ang uwi nilang lahat. Sa Ilalim, nag-unahang sumiksik ang mga uod sa kasingit-singitan ng lupa habang masipag na naghukay ang mga dagang namamalagi sa ilalim ng mga bahay na gumuguho. Sa himpapawid, naagnas ang mga pakpak ng ibon sa hampas ng kakaibang hangin, at nagmistulang ambon ng mga buhangin ang kanilang pagbagsak sa lupa.

Nabalot ng matinding liwanag ang langit na tila may nabuksan na bukana sa kalawakan, at naging malinaw ang lahat ng nasa mundo: kalansay, ugat, at anino. Masusundan ang liwanag ng ilang araw na kadiliman na babalot sa lahat ng natitirang buhay at humihinga. Kabilang dito ang Tao na mahimbing na natutulog sa malalim na banga ng isang bakal na silid. Yakap nito ang radyong utal-utal na lamang ang kayang ibugang tunog. Umiikot ang mata ng Tao sa ilalim ng nakapinid na mga talukap na tila parang puno ng panaginip, habang nagdedeliryo ang lupang nasa Ibabaw. Sa ilalim ng kama, panay ang pagparito’t paparoon ng mga langgam na tila parang nararamdaman ang pagbabagong panahon sa Itaas. Ganito sila kung umasta kapag may paparating na ulan o bagyo. Lingid sa kanilang kaalaman ang unti-unting paggunaw ng gubat sa Ibabaw. Simple lang naman ang nais ng tulad nilang maliliit—ang malayo sa kapahamakan. Ngunit tanda nila ang trato ng Tao sa kanila.

Nanginig ang buong kuwarto, sanhi ng pagkabulabog at paggising ng Taong natutulog sa kama. Bigla itong bumangon. Nahulog ang radyo

at malakas na sumalpak sa sahig. Lumabas ang malutong na mura sa bibig ng Tao. Kinuha niya ang basag na radyo. Umiling-iling siya. Bahagyang huminto ang pagyanig at napuno ng katahimikan ang metal na silid. Ibinaling ng Tao ang tingin sa pag-ikot ng mga langgam sa sahig na tila 'di alam kung saan tutungo. Umiikot sila sa isang 'di nakikitang bilog. Namatay-sindi ang ilaw sa silid, at kasabay nito ang isa pang malakas na pagyanig ng buong kuwarto. Natapon ang mga pagkain sa mesa at natumba ang silya. Nagkagulo ang mga langgam. Nagkauntugan ang mga kapwa-langgam sa bawat pagtatagpo. Sunod na umugong ang dingding na bakal at pagwisik ng buhanging lupa mula sa nag-iisang butas sa sulok nito. Nahulog ang rebulto sa dingding na pasan ang mga balisang langgam, kasabay ang pagwasak ng orasang tumama sa sahig. Niyang pa ang buong silid nang ilang minuto bago tuluyang huminto.

Makalipas ang ilang oras ay sinubukan muling paganahin ng Tao ang dalawang radyo. Wala itong kaalam-alam sa sinapit ng mga kapwa-tao sa lupang Ibabaw. Wala itong kaalam-alam na nang nagsibagsakan ang mga matitikas na puno ng kagubatan sa Lambakin ay naistorbo ang mga hantik na naninirahan malapit rito. Libo-libong mapupulang hantik ang nagimbal sa Matinding Pagyanig na nag-udyok sa kanila para dali-daling maghukay ng mas ligtas na lungga.

Sa loob ng silid, 'di kalauna'y pumirmi ang mga langgam sa ilalim ng kama, tila hinihintay pa rin na magbalik ang mga lumabas na langgam mula sa butas sa dingding. Hindi napansin ng Tao ang pagpasok ng kaunting lupa mula sa butas na iyon. Abala pa rin ito sa pagtitig sa radyong nasira. Basa na ang suot nitong damit sa pawis. Nagtipon ang mga langgam sa sulok malapit sa isang paa ng kama. Doon nila itinago ang mga maliliit na butil ng pagkain.

Walang buga ang radyo. Dumukot ng isang bote ng tubig ang Tao mula sa bag na itim at nilagok ang laman nito hanggang maubos.

Nakita niya ang orasang basag at umiling. Tiningnan niya ang relos sa bisig at pumunta sa kalendaryo sa dingding na hindi nahulog tulad ng ibang nakasabit sa pader. Naglagay pa siya ng ekis sa isa pang kahon sa kalendaryo. Gumaralgal ang kanyang tiyan. Kumuha siya ng pagkain mula sa mesa. Pinunit niya ang pakete ng biskwit at kasabay ng pagkagat sa kapisang biskwit ay ang pagkahulog ng isang pulang hantik mula sa butas sa dingding. Hindi ito napansin ng Tao ngunit tumayo ang sungay ng mga langgam na tila naramdaman ang pagpasok ng kakaibang elemento sa silid liban sa buhangin na lupa. Tumingala ang mga langgam at nakita ang pagkahulog ng isa pang hantik. Hindi ito isa sa mga langgam na kanilang pinaalis upang maghanap ng lagusan papalabas sa bakal na silid.

Nadagdagan ang mga ekis sa kalendaryo at nabawasan ang delatang pagkain sa mesa. Nadagdagan ang mga boteng walang lamang tubig habang kumonti ang bilang ng mga pakete ng noodles na 'di pa nabubuksan. Wala na ang mga tinapay, liban sa mugmog na nahulog sa sahig at mabilis na sinimot ng mga langgam. Nagsimulang mag-rasyon ang Tao ng kanyang mga suplay at ganoon din ang ginawa ng mga langgam sa mga nakamkam na pagkain.

Araw-araw ay may nahuhulog na hantik galing sa butas sa dingding. Lalong naging masinop ang Tao sa mga pagkain. Sinusunog niya ang mga nadadatnan na langgam sa mesa kahit hindi naman nila kayang mangubos ng pagkain. Kinakain kaagad ng Tao ang mga matatamis na tsokolate para lang unahan ang mga langgam. Naging abala siya sa paghigit sa mga langgam kung kaya't hindi niya napansin ang pagdami ng mga pulang hantik na nagsimulang manirahan sa loob ng kanyang bag. Itinambak na lang kasi niya ito sa isang sulok ng silid matapos kunin ang lahat ng laman nito.

Kasabay ng ilang pagpalit ng baterya sa mga radyong hindi mapagana ay napuno ng mga ekis ang kalendaryo. Dumami nang dumami ang mga pulang hantik na nagtatago sa itim na bag. Tinipid rin kasi ng Tao ang bateryang nagpapagana sa nag-iisang ilaw sa silid kaya hindi naaninag ang pagdami ng mga ito. ‘Di tulad ng mga naunang langgam, mabilis at pumipitik-pitik ang galaw ng mga hantik. Tila laging nakatindig ang mga panipit nila. Ang mga namatay na kasamahan ng mga unang langgam ay kinain ng mga pulang hantik na hindi rin nakahanap ng lagusan pabalik sa ibabaw ng lupa, habang patuloy ang pagbagsak nila mula sa singkit na butas sa dingding.

Unang nakita ng Tao ang mga hantik nang mapansin ang pagdami ng nahulog na lupa galing sa butas sa itaas. Dahil ‘di mapagana ang mga makinarya, naging lubos ang kanyang pagkabalisa: dilat na dilat ang kanyang mga mata na maya’y maya kung tumingin sa apat na sulok ng silid, naging mas sensitibo rin ang kanyang tainga sa kahit anong tunog, at mabilis siyang nagugulat sa kahit anong paggalaw o pagtunog. Kung kaya’t nang makita niya ang tumpok ng lupa sa sulok ng silid, nag-iba rin ang hampas ng kanyang palad sa mga langgam.

Hindi nakatulong ng ilang araw ang Tao. Tumigil siya sa pagrarasyon ng pagkain dahil sa takot na maubusan ng mga kasamang insekto. Sa mga susunod na araw, tila parang may naririnig siyang boses na lumalabas galing sa dalawang radyo. Matagal nang walang baterya ang mga ito.

‘Di kalaunan, nagbara ang inidoro dahil sa dumi na hindi nabubuhusan ng tubig. Nagtipid kasi ang Tao sa tubig kung kaya’t dito nanirahan ang mga pulang hantik. Matapos mapunit ang dalawang pahina ng kalendaryo, ni patak ay walang tumulong tubig sa gripo. Dumating ang araw na nag-iisa na lang ang bote ng tubig na hawak-hawak ng Tao. Noong araw na iyon, kinakain niya ang huling pakete ng candy bar. Sa sinop,

nakararaos pa rin ang mga naunang langgam sa mga nakubling pagkain kahit pa limitado at tuluyang mawawala ang pagkukunan nito.

Hindi napansin ng Tao na nakalapit ang isang hantik sa kanyang paanan dahil sa taglay nitong bilis. Mabangis nitong kinagat nang pagkasakit-sakit ang tao, dahilan para matabig ang tubig na hawak niya. Agad na nabitawan ng Tao ang kalahating candy at tinangkang isalba ang bote ng tubig sa pagkakatapon. Sa desperasyon, sinubukang salukin ng Tao gamit ang palad ang kumalat na tubig sa sahig. Hindi niya matanggal ang mata sa mga hantik sa sulok. Kung may ididilat pa ang kanyang mata ay ididilat niya pa ito hanggang sa magsugat ang balat sa gilid nito.

Tila biglang naalala ng Tao ang nabitawang candy at agad na kinapa ito sa malamig na sahig ng silid. Ngunit may iilang langgam na ang naunang lumapit dito. Pinagpag agad sila ng Tao. Tila ramdam niya ang mga mata at sungay na nakatapat sa kanya—hawak ng kanyang palad ang huling piraso ng pagkain. Dahan-dahan niyang kinagat nang buo ang candy bar at ngumuya nang ngumuya. Umurong siya nang umurong hanggang madampi sa likod ang pader. Ngunit nabilaukan siya sa paglunok ng kapisang candy. Dahil sa laki nito, hindi na naibuga ng Tao ang kapisanggot na pagkain at tuluyang ‘di nakahinga kahit pa anong buka sa bibig ang gawin niya.

Nakatingin lang ang mga hantik sa kanya habang papalapit sila nang papalapit sa tao. Habang namimilipit ito para sa hangin, nangangalansay ring parang nagdedeliryo ang mga hantik sa samyo ng matamis na candy na nakabara sa lalamunan ng Tao. Hinintay nilang tumigil sa paggalaw ang tao bago lapitan ang bibig nito. Napaupo ang Tao sa sulok ng silid at sinubukan pang abutin ang bote ng tubig, kahit wala nang tubig rito.

Matapos ang ilang minuto ay tuluyan nang huminto ang Tao sa paggalaw, tila naging bato sa paninigas ng katawan. Dilat ang mga mata nitong nakatingin sa itaas—pinagmamasdan ang unti-unti ngunit patuloy

na pagkahulog ng mga hantik mula sa singkit na butas sa dingding habang binabawian ng buhay.

Walang ano-ano ay tumakbo ang mga hantik papalapit sa panibagong bangkay at pumasok sila sa bibig na nakabuka. Mabilis silang pumila at pinasok ang bukana ng Tao hanggang sa huling hantik. Unang biniyak ang nakabarang candy sa lalamunan at matapos lang ang ilang oras ay nawala itong parang bula. Dumiretso sa tiyan ang mga hantik—pusod ito ng mga pinakamatamis na pagkaing ipinagkait ng Tao sa kanila.

Tatlong araw bago maubos ang laman ng tiyan ng Tao, at kasabay nito ang tuluyang pagkasira ng kahoy na rebulto sa dingding. Binakbak ito ng mga sumunod na pulang hantik.

Pinagmamasdan lang ng mga naunang langgam ang mga pangyayari habang paunti nang paunti ang bilang ng kanilang uri. Ang iba ay tuluyang namatay dahil sa natamong sugat sa marahas natrato sa kanila ng Tao noong mga huling araw nito sa silid. Ang ibang natira ay naghihintay ng senyales para lapitan ang katawan ng Tao. Namanas na ito sa loob matapos lang ang ilang oras. Pumitik ang kanilang mga sungay at naamoy ang pamilyar na samyo ng asukal na nakakubli sa ilalim ng balat ng Tao.

Patuloy ang pagbagsak ng mga bagong hantik. Kalmadong pumila ang mga langgam patungo sa bangkay. Pumutok na ang kaliwang mata nito. Lumabas ang maraming hantik galing dito. Naabot na nila ang utak ng bangkay. Nang maabot ang palad na hindi na gumagalaw, isa-isa silang kumagat nang kumagat hanggang tila malapnos ang balat, at tumulo ang unang patak ng dugo. Ito ang pinakamatamis sa lahat.

Tahol in My Heart

Matagal na kaming magkaibigan ni Rene. Well, you could say na childhood best friends kami. Mula kasi noong nursery days namin sa Montessori sa Caloocan, magkasama na kami. E, hindi maiiwasan dahil BFFs rin ang mga nanay namin. ‘Yong Mama niya, si Tita Pacita, lagi akong pinagbabaunan ng extrang peanut butter sandwich kapag recess. Ito namang si Rene, minsan ay hindi binigay sa akin ang ipinagtabi ni Tita Pacita na sandwich. Kinain niya raw kasi gutom pa siya. Sakto pa naman na nakalimutan ako bigyan ni Mommy ng baon noong araw na ‘yon. Sa inis ko ay itinapon ko lahat ng pencils ni Rene sa basurahan. Pinagalitan pa siya ng teacher namin noon kasi wala man lang daw siyang dala-dalang panulat. E ano naman daw ang gagawin niya sa eskuwelahan kung gano’n? Sa loob-loob ko ay naghalo ang tuwa at konsensiya. Mangiyak-ngiyak si Rene after dismissal. Sabay kaming nagpunta sa hintayan ng mga susundo sa amin nang inamin kong ako ang nagtapon ng pencil case niyang may mukha ni Mickey Mouse. Naabutan na lang kami nina Mommy at Tita Pacita na nagsasabunutan. Inawat kami at tinanong kung anong nangyari. At doon na nga nalaman na sandwich lang ang pinag-awayan namin. Agad na ipinagbili ako ni Mommy ng bananacue. Ang sabi sa akin, after ng isang kagat, nag-sorry naman daw ako kaagad kay Rene. Pinagtatawanan na lang namin ‘yon kapag naaalala. Sabi ni Rene ‘yon daw ang dahilan kung bakit ngayon e sabik na sabik siya sa pagkain. Ayan ngayon, nahihirapan mag-diet. Ang sabi ko, “Napakatakaw mo kasing bakla ka!”

Anyway, sinundan ako ni Rene hanggang ma-relocate kami ng pamilya ko sa Bulacan. Bumukod na kasi ang Mommy at Daddy ko noon sa mga kamag-anak naming nanatili sa Caloocan. Noong taon kasi na ‘yon, namatay ang Papa ni Rene at siguro, ayaw ni Tita Pacita na mawalay rin sa best friend niya, ang Mommy ko, kaya bumili siya ng bahay sa kabilang street lang namin. Sa parehong school kami ipinasok ng mga nanay namin mula

kinder hanggang mag-elementarya. Pagtuntong ng high school, ganoon din. Okay na rin kahit papaano, at least kasama ko ang best friend ko sa mga pambu-bully sa 'kin noong high school. Actually, pareho nga kaming nabu-bully noon. Hindi pa naman kasi uso 'yang equality-equality eke na 'yan dati 'no. Kapag naglakad lang sa hallway ang dalawang malamy, wala nang gamit ang pagtangga pa. Pareho kaming napagbubuntungan ng kabulastugan ng mga mababaho namin kaklaseng hindi marunong mag-deodorant. Hello? Hygiene called and you weren't there! Pero si Rene ang kasama ko noong mangarap kaming maging fashion designer. Actually, siya lang talaga ang may future sa gan'on kasi may talent talaga siya sa pagguhit ng mga damit. E ako naman, nahilig sa pagsulat. Kaya kapag bumibili kami ng Vogue at Cosmo, kahit pareho kaming nagagandahan sa mga model at mga magagarbo nilang damit, sa salita talaga ako nahumaling.

Grabe ang iyakan namin noong pagdating ng results sa mga pinag-aplyan naming college entrance exams. E siyempre alam naman naming hindi kami cut out for UP no. Hindi na kami umasa. Ako kasi, nakapasa sa UST pero siya hindi. Ilang beses pa man din kami nagpa-picture sa Main Building na mukhang simbahan. Sinabi niya pa: "Huy friend, ang taray naman dito, nasa gitna 'yong church nila. Let's go inside and make luhod na!" Nilibot na namin 'yong buong campus at narating 'yong College of Fine Arts. Visual kasi talaga si Rene, naisip niya na kaagad na doon siya mag-aaral ng apat na taon. I guess masyado kaming umasa. Anyway, hindi naman kami talaga nagkalayo. Habang ako ay sa España, siya naman ay nasa Taft. Sa Benilde siya natuloy sa kursong Fashion Design and Merchandising. O, 'di ba ang taray. Pinagpilian ko naman ang Journalism at Literature sa UST, kaso na-realize ko na ayaw kong humarap sa TV pagdating ng araw. Mas mainam nang nasa backstage lang ako or off-cam. Sorry, hindi photogenic ang lola n'yo. Mabuti na lang, we kept in touch sa college. Minsan, siya ang pupunta sa dorm ko sa Dapitan, at minsan naman ako ang pupunta sa

apartment niya sa Taft. Mga tita at tito niya galing sa States ang nagpa-aral kay Rene, kaya naman afford na afford niya ang school at apartment. Sabay rin kaming umuuwi ng Bulacan kapag weekends.

Around 3rd year college siguro noong nahilig si Rene sa mga hayop. No, I don't mean 'yong mga boyfriends niyang asshole, haha, like literal na mga hayop. Noong minsang bumisita nga ako sa apartment niya, nakita ko, may dalawang kuting na naglalamyerd sa mga scraps ng tela na ginagamit niya sa school. 'Yong mas malaking kuting, si Mittens, ibinalot na ang sarili niya sa isang purple cloth. Habang 'yong isa, si Garfield, tinalon iyong nakasabit na tela sa upuan. Siyempre tinanong ko kaagad bakit may mga unwanted species sa place niya. Ang sabi ba naman sa akin: "Ha? Anong unwanted species? Girl, they chose to be with me!" E di tinanong ko kung saan niya napulot ang mga pusa. Nakita niya lang daw sa entrance ng apartment building niya tapos inihulog niya sa harapan ng dalawa ang tirang siomai. Ayun daw, sinundan na siya paakyat. Buti at wala ang Intsik na landlady at baka gawin din daw siomai ang dalawang kuting. Ang sabi ko naman, huwag siyang racist at lalong huwag niyang dibdibin ang paghingi ng "cool off" ni Arman, 'yong Iranian guy na recently hindi na siya tinext after the fifth date. Huwag kako niya i-project sa mga kuting ang humanistic ideals ng love and commitment. Sa isip-isip ko, *girl, siomai lang ang habol niyan sa iyo*. Pero siyempre, hindi ko na sinabi 'yon. Halata naman kasing dinibdib niya ang biglang pag-shut off sa kanya ni Arman. Ang sabi ko, huwag na niyang masyadong dibdibin at ikain na lang namin.

After a few weeks, naging okay na si Rene. Madalas na hangout namin sa apartment niya kasi, as part of his moving on, naisipan naming mag-redecorate. Bumili kami ng mga fairy lights at iba pang anik-anik sa Dapitan Arcade, at pinayagan din siya ng landlady na palitan ang pintura ng pader sa loob ng unit niya para naman hindi na magmukhang crime scene o pinsan ng kubeta ang kulay ng unit. Pagdating ko sa unit,

himalang nandoon pa rin ang dalawang pusa, tumaba at lumaki na sila, at nadagdagan pa nga. “Ano, kinarir mo na ang pagiging animal shelter mo?” Sinamaan ako ni Rene ng tingin. “FYI, hindi ako nag-ampon niyang si Thirdy, pagkauwi ko nandyan na ‘yan,” sabi niya. Nag-ampon daw ang dalawa niyang ampon. Ipinagkibit-balikat ko na lang at hindi ko na uli pinansin ang mga pusa. Pero sa next visit ko sa kanya, nagdala ako ng litter box at isang maliit na sako ng kibbles. Na-touch naman ang gaga. Ang sabi ko na lang, “Amoy shit naman kasi ‘tong place mo, no!” At na-realize ko, men came and went sa buhay ni Rene, but the cats stayed.

Pagtapos no’n, palaging may bagong alaga itong si Rene. Naalala ko na may phase na nagkaroon siya ng goldfish. Gusto niya raw kasi na maranasan how to live with an aquatic animal, pabiro kong sinabi na dati may boyfriend siyang tinyaga for a year na mukhang siokoy. E, at that time, nandoon pa ang tatlong pusa niya. Sabihin na lang natin na it didn’t end well for Nemo. Hindi na raw niya nakuha ang bangkay ng makinang na isda kasi pinag-agawan ng tatlo. Ang sabi ko e iyon naman ang cycle of life at hindi naman puwedeng forever siya mag-interfere. Ang sabi niya tanggap naman daw niya, nalungkot lang siya na walang body to mourn. Ang sabi ko, next time na kakain siya ng bangus, just say a little prayer.

Noong first year na magkatrabaho ako, sumali si Rene sa isang animal welfare org sa may Pasay. Every Saturday daw ay may pinupuntahan silang area para magpakain ng strays. Doon siya napalapit sa mga aso. Kinukuwento niya sa ‘kin kung paano mag-rescue ng mga asong gala, ‘yong mga askal, gan’on, may technique daw kasi para iwas sa kagat. Ni-require nga rin daw silang magpa-shot para kahit makagat ng aso habang nasa duty, kerri lang. Kinikita ko kasi siya minsan after ng duty niya sa org, depende kung nasaang area siya. Siyempre, tinitii ko ang amoy ng aso at pawis kasi mukhang gustung-gusto niya ‘yong ginagawa niya e. Sino ba naman ako para sitahin pa ang kanyang body odor. Support ko naman siya. Lagi

na rin akong nagbibigay ng donations kapag nagre-raise sila ng funds para mag-rescue ng mga hayop na may sakit, injured, o kaya 'yong malapit nang mamatay. Hindi ko man masakyan ang trip ni Rene, naging parte na rin ng buhay ko ang mga ginagawa niya para sa mga hayop.

Nitong week lang, bumalik sa Bulacan si Rene. Nagkaroon kasi ng chance na makapag-bakasyon si Tita Pacita sa States, siyempre, sponsored ng mga kapatid niya. Napag-iwanan kay Rene ang bahay sa Bulacan pero hindi niya maiuwi ang mga pusa niya, kaya ako ang nagpapakain ng mga pusa sa Taft. Ang sabi ko, “Bakit mo ba kasi kailangan bantayan ‘yang bahay n’yo sa Bulacan, wala namang paa ‘yan, hindi ‘yan maglalakad.” Tumawa sa kabilang linya si Rene. “E nag-ampon kasi si Mama ng aso dito sa may sa ‘min, hindi ko naman puwedeng dalhin ito sa Maynila. Gulat nga ako may aso si Mama, hindi man lang niya nabanggit sa ‘kin,” sabi ni Rene. Just as I expected, the apple does not fall far from the tree. “Ay, talaga?” sabi ko. “Oo, ang sabi ba naman, alagaan ko lang daw ang mga halaman niya. Kaso, friend, mukhang shy yata ‘yong aso, hindi nagpapakita sa ‘kin since pagdating ko two days ago,” sabi ni Rene. “O siya, siya. Mamaya na lang uli, tapos na lunch break ko.”

“Okay, pero tumawag ka agad mamaya, ah. Need ko ng favor, huhu.”

“Ang sabi ko tigilan mo na ko sa kaka-set up mo ng blind dates. I can find my own men, no!”

“Gaga, wala nang may gustong makipag-date sa’yo after ng pag-ditch mo last time. Basta.”

“Okay, bye.”

Hindi naman needy si Rene kaya kapag nanghihingi siya ng kahit anong favors sa akin, pumapayag naman ako. Siyempre ‘yong mga favors na ‘yon hindi naman ‘yong tipong ibebenta ko ang kaluluwa ko kay Satanas.

Basta kapag kailangan niya lang, for emergencies gan'on. Sa katunayan nga, between us two, ako ang mas needy. One time sobrang baha sa may Dapitan. Sakto kasing naabutan ako ng supertyphoon sa dorm kaya hindi ako nakauwi ng weekend. Late na naman kasi mag-suspend ang UST, hinihintay yata na umabot hanggang leeg namin bago mag-suspend ng klase. Ako naman 'tong si gaga, imbes na i-absent na lang 'yong 3p.m. class ko, pinasukan ko pa. Halfway through, nag-suspend rin 'yong prof namin. Ang chaka, 'di ba. Simula Biyernes hanggang Linggo nasa dorm lang ako, tapos hindi naman ako makalabas para makabili ng pagkain. Pinatulan ko na lahat ng instant noodles ko pero inabutan pa rin talaga ako ng gutom. Ayun, noong hapon ding 'yon sinundo ako ni Rene, nag-arkila raw siya ng mataas-taas na tricycle at sinuong ang baha mula Taft hanggang Dapitan. Ang sabi ko na lang babayaran ko siya kapag nakuha ko na ang allowance ko kay Mommy. Sa apartment niya ako nakituloy ng dalawang gabi hanggang tuluyang mag-subsidize ang tubig sa may dorm. And, siyempre, laging may pagkain si bakla. Sabi ko talaga kapag nagkaroon ng zombie apocalypse ako ang unang made-deads kasi hindi ako marunong mag-grocery.

Kaya naman noong tinawagan ko siya uli pagkauwi ko sa unit, hindi na ako makatanggi sa hiling niya. "Oh come on, weekend lang naman. You'll be back in Manila on Sunday night," pangako ni Rene. "E, alam mo namang hindi 'yon ang issue," sabi ko. "Sus, araw-araw diligan mo lang 'yong mga halaman ni Mama kapag hapon, at 'yong aso low-maintenance lang naman," sabi niya. "E, wala akong rabies shot ha, pag ako talaga kinagat niyan..." pag-aalinlangan ko. "Friend, I told you, hindi nga ako sinisipot ng aso na 'yan. Pero kasi nawawala 'yong kibbles kapag nilalagay ko sa may pintuan at saka naririnig kong tumatahol sa gabi. Ano na? Are you game?" Hindi ako nakasagot. Ayaw ko kasi ng may inaalaan pero siyempre hindi ko naman masabi 'yon kay Rene. Ang dami niyang responsibilities sa mga hayop na inaalaan niya sa welfare groups at pati na rin sa work. "I swear,

I wouldn't ask you, huhu, pero sobrang hectic kasi sa studio ngayon. And I don't want to lose this job to that chararat Charlene. Diyos ko! Kailangan lang talagang nasa office ako over the weekend.” Narinig kong nag-aayos ng gamit si Rene, knowing full well na office materials niya iyon na kasama niyang babiyahe pabalik ng Manila. And even if I haven't said yes, alam na ng best friend ko na napapayag na niya ako. “Fine, fine, I'll pack my clothes muna. Two nights lang, ha?” sabi ko at narinig ang pagtili ni Rene sa kabilang linya. “Oh, thank you, thank you talaga, Mitch!” at bago niya ibaba ang call, narinig ko ang mahinang pagtahol ng aso. Hay, so much for my much-awaited alone time.

Ipinagbilin ni Rene sa kapitbahay niyang si Aling Susan ang susi ng bahay nila. Kinailangan niya na raw kasing bumalik agad sa apartment niya dahil may mga tatapusin pa siyang sketches at mga tatahiing samples. Kaya naman noong papunta na akong Bulacan, pabalik na siya ng Manila. Ang sabi niya sa akin sa text: “Left note 4 u @ ref. help urself sa food. mwah! <3.” Dalawang FX at isang tricycle ang kailangang sakyan pauwi sa may sa 'min, at sa two hours na biyahe ko pauwi, iniisip ko na kung dadaan ba ako sa bahay namin. Sa kabilang street lang naman kasi ang bahay ng mga magulang ko, at isa nga iyon sa rason kung bakit ayaw kong um-oo sa hinihingi ni Rene. Not that my parents will know I'm there, pero siyempre nandoon pa rin sila. Hindi na kasi ako masyadong in-touch kila Mommy at Daddy. At tingin ko rin ayaw naman talaga nila akong makita kahit weekly akong china-chat ni Mommy ng “Muzta, nak?” sa Facebook. Iniiwasan ko na 'yong awkwardness. Kung hindi naman kasi nila kayang tanggapin kung sino ako, hindi ko naman sila pipilitin. Pero sana tigilan na nila na baguhin pa ako. Napabuntong-hininga na lang ako sa tricycle. Nang maramdaman ko ang malamig na simoy ng hangin, alam kong malapit na ako sa destinasyon ko.

Pasado alas onse na nang makarating ako sa bahay nina Rene. Sabay-sabay na nagtahuluan ang mga aso ng magkakapitbahay nang bumaba ako ng tricycle. Pero wala naman akong narinig na asong tumatahol sa loob ng bahay nila. Nakabukas naman ang ilaw sa loob ng gate nila. Saka ko lang naalala na kailangan ko pang kunin ang susi kay Aling Susan. Kinatok ko ang katapat na bahay na kulay blue. “Magandang gabi ho, Aling Susan. Pasensiya ho at ginabi na ako. Late na po kasi akong umalis ng Maynila at naabutan na ng Friday rush,” pagpapaumanhin ko sa matandang babae. Hindi ito nagsalita at nanatiling nakasimangot, pero inabot naman niya ang keychain na may susi ng bahay nina Rene. “Ay, salamat po.” Inabot ko na lang ang susi at umalis na. Na-interrupt ko siguro ang beauty sleep niya. Ako nga na-interrupt ang weekend ko pero keril lang e. Dineadma ko na lang at binuksan ang gate ng bahay. Wala pa ring asong tumatahol. Nakapagtataka pero at least walang sasalubong na other species sa ‘kin. Tumuloy na ako sa loob ng bahay.

Inilapag ko muna ang dalawang bag ko sa may sofa. Binuksan ko ang ilaw sa living room at kasunod na dining room. Nakita ko ang ref at ang mga bilin ni Rene:

- 1. make sure gate and doors are locked.*
- 2. water plants everyday @ 5pm*
- 3. feed dog twice a day. 11am and 6pm. kibbles top ng ref. put water sa bowl.*
- 4. take out trash on Sunday night b4 leaving.*
- 5. check and unplug electronics*

Binuksan ko ang ref half-expecting na may instructions pa na nakapaskil sa kabilang side ng door. Parang ten commandments lang ang peg. Ang daming utos. May adobong manok pa sa kaserola, ulam siguro ni Rene kaninang tanghali. May mangitim-ngitim na kalahating piling ng saging na ine-expect niyang ubusin ko by Sunday. Rice cooker na brown

rice naman ang laman, eugh. May kalahating roll ng chocolate cake galing Goldilocks, nahiya pa at itinira sa 'kin. At may nakatakip na bowl. Nagkamali akong buksan dahil umalingasaw kaagad ang amoy ng pait ng ginisang ampalayang may halong mamasa-masang itlog. Tingin ko bigay ng kapitbahay na si Aling Susan kasi siya lang naman ang naiisip kong magbibigay ng sama ng loob sa 'kin sa oras na iyon. Baka ibinigay kay Rene kaninang umaga to be friendly pero hindi niya kinayang kainin kaya itinabi na lang.

Antok na ako kaya naisipan ko munang mag-half bath. Umakyat ako sa second floor at pumasok sa loob ng kuwarto ni Rene para kumuha ng tuwalya nang marinig kong may tumatahol sa likod-bahay. Delayed siguro ang realization ng aso na may kasama na siyang iba sa bahay. Dumampot na lang ako ng tuwalya at isinabit sa balikat ko habang bumababa ng hagdan. Binuksan ko ang TV sa may sala at nag-play ng *Friends* sa Netflix. Gusto ko kasi ng may background kapag naliligo ako. Tinaasan ko nang bahagya ang volume para marinig ko pa rin kahit nasa loob ng banyo na nasa dulo ng kusina. Tumatahol pa rin ang aso. Sinilip ko muna ang bakuran at binuksan ang ilaw sa labas. Madilim pa rin kasi at ang mga paso lang ang naaaninag ko. Hindi ko makita ang aso pero tumigil na ito sa pagtahol. Pumasok na ako sa banyo at nagsimulang mag-shower.

Pagtapos, lumabas na ako ng banyo para magbihis. Binuksan ko ang ref at inilabas ang cake at karton ng gatas. Balak ko muna kasi manood saglit bago matulog. Biyernes pa rin naman at deserve ko ang mag-relax kahit papaano. Buti na lang at solo ko ang bahay. Tahimik pa rin naman sa probinsya lalo na't nasa subdivision. Binalot ko ang sarili ko sa tuwalya habang hinahati ang cake. Inilagay ko sa platito ang kapiraso at nagbuhos ng gatas sa baso. Dinala ko ang mga ito sa sala kung saan nagpe-play pa rin ang *Friends*. Inilapag ko ang pagkain sa table at binuksan ang bag ko.

Nagdamiit ako habang nanonood. Nasa “We were on a break!” scene na ako nang magsimula na namang tumahol ang aso. Pumunta uli ako sa bakuran at binuksan ang screen door. Out of nowhere, may lumapit na asong batik-batik: kulay puti at itim ang balat niya. Arf, arf, arf! Bati ng aso sa’kin. Dinambahan pa ako at muntik na akong matumba kundi lang pader ang nasa likod ko. “Hey, hey, stop!” saway ko sa aso. Tumahol-tahol pa ito nang hinihinal. Nakatango siya sa akin. “Ano ba ang gusto mo?” Tumahol nang dalawang beses ang aso. Sinilip ko ang dalawang mangkok na nasa tabi lang ng pintuan sa loob ng bahay. Halos wala na ang tubig at wala nang laman na kibbles ang isa pa. Isip-isip ko, baka gutom ang aso. Baka nakaligtaan ni Rene na lagyan ng kibbles ang bowl nito sa pagmamadali kanina. Isinara ko ang screen door at tuluyan nang pumasok ang Dalmatian. Dalmatian lang ang tawag ko dahil black and white ang spots niya, malay ko ba kung anong breed ‘tong asong ‘to. Masyado siyang balbon para maging Dalmatian. Kinuha ko ang kibbles sa taas ng ref at nagsalin ng kaunti sa bowl ng aso. Agad naman sinimot ni Dalmatian ang pagkain. “Matakaw ka rin?” tanong ko sa aso. Siyempre hindi niya maiintindihan ang pagiging condescending ko. Ang alam niya lang nasakin ang kibbles. Nagbuhos pa ako ng kaunti at ibinalik na ang kibbles sa taas ng ref. Rinig kong ngumangata pa si Dalmatian nang bumalik ako sa harapan ng TV. Break na ngang tuluyan si Ross at Rachel, at nahihirapan na ang mga kaibigan nila kung sino ang pipiliing samahan. Sabi ko na nga ba complicated ‘yang pagkakaroon ng romantic relationships within the same circle of friends na ‘yan e. Not that I would really know, wala naman akong gustong jowain sa circle of friends ko, at isa pa, need ko muna magkaroon ng circle bago maging problema ‘yon, haha. Siguro sa ngayon half-circle pa lang kasi kaunti lang talaga e.

Maya-maya ay narining ko ang footsteps ni Dalmatian papunta sa’kin. Tapos na sigurong kumain. Sumampa siya sa sofa kung saan ako nakahilata. Nagkatinginan kami. Ibinaling ko ang tingin ko sa paubos

nang cake. Isinubo ko na ang huling piraso at nilagok ang baso ng gatas. Ibinaon ko pa ang sarili ko sa malambot na unan. Sa paanan ko, nakita kong nakapikit na ang aso. Hay, buti pa ang aso, kain, tulog, at tae lang ang poproblemahin. At pati iyon ay problema rin ng amo nila. Hindi naman nila need kumayod, no. Suwerte lang sila kung may kaya ang aampon o bibili sa kanila. Humikab ako. Nakatutok pa rin ang mata ko sa TV. Hindi ko namalayan na napapikit na pala ako.

Nagising ako ng pasado ala sais. Force of habit simula noong magkatrabaho ako. Minsan pa nga nalilimutan ko na weekend at magmamadali akong gumayak na parang gaga. Usually babalik lang ako sa pagtulog at gigising hanggang mag-tanghali, pero naalala ko nasa ibang bahay pala ako. At saka ang sakit ng likod ko dahil pangit ang posisyon ng pagkahiga ko sa sofa. Hindi na ako nakaakyat sa antok ko. Nakabukas pa rin ang TV pero nagtatanong na ito ng “Are you still watching *Friends*?” Pinindot ko ang remote at namatay na ang TV. Humikab ako. Doon ko lang napansin na wala na rin pala sa sofa si Dalmatian. Naglakad na ‘ko papuntang bakuran at napahinto sa may pintuan ng screen door. Pagtingin ko sa baba, nandoon pa rin ang dalawang bowl ni Dalmatian. Napakamot ako ng ulo. Inisip ko na baka lumabas lang siya sa bakuran, pero nung tiningnan ko naman, naka-lock ang screen door. Wala rin naman siya kanina sa loob ng gate. Hindi ko na masyadong inisip kasi sabi naman ni Rene na shy ang aso. Umakyat na lang ako sa kuwarto ni Rene at itinuloy ang tulog ko.

Nagising ako sa pagtunog ng aking cellphone sa ringtone na 34 + 35 ni Ariana Grande. Pagtingin ko, si Rene pala. Pinindot ko ang phone at sinagot kahit groggy pa. “Hello?”

“Hello, Mitch?”

“Oh, bakit?”

“Ngayon ka lang nagising? My god, 2 p.m. na.”

“Shut up, it’s my weekend no!”

“Oo, ‘yong mga bilin ko. 11 a.m. pa dapat napakain ‘yong dog.”

“Binigyan ko siya ng kibbles around midnight, ang takaw nga e, may pinagmanahan.”

“Haha, you’re so funny. Pakainin mo na! Maghati kayo sa adobo.”

“Hindi ba puwedeng iyong ampalaya na lang ang kanya? It’s so disgusting!”

“Hindi puwede, toxic ‘yan sa aso.”

“Toxic rin sa tao.”

“Bumangon ka na! 5 p.m. ‘yong plants, ha.”

Mataas na ang sikat ng araw sa labas. Gumaralgal na rin ang tiyan ko. I guess time na talaga para kumain. Pinatay ko muna ang aircon sa kuwarto ni Rene bago bumaba ng hagdan. Tahimik sa living room at hindi pa uli nagpapakita si Dalmatian. Inilabas ko ang container ng adobo at ang brown rice. Kakaunti na lang ang pinagkanulong kanin kaya itinabi ko na lang para kay Dalmatian. Magsasaing na lang ako ng panibagong kanin. Inilipat ko muna sa plato ang brown rice at saka ibinabad ang lalagyanan ng rice cooker. Habang binababaran ko ito ng tubig, sumilip muna ako sa bakuran. Hindi ko pa rin makita si Dalmatian. Saan naman nagsusuot ‘yon? Lumabas ako ng screen door. Medyo may kaluwagan rin ang bakuran nina Rene. Mayroon lang plastic na bubong na kulay green para siguro maprotektahan ang mga halaman from direct sunlight. Pero hula ko lang iyon. Feel ko para rin hindi sila agad-agad akyatin ng magnanakaw. Pagtapak ko pa lang sa labas ang fresh na sa pakiramdam. Parang ‘yong mga model ng feminine wash o napkins. Ganoon ang feels. O kaya ‘yong mga umiinom ng Coke sa mga commercials para gender-neutral.

Nilibot ko ang mga halamanan at bulaklak. Na-recognize ko ang iba—may orchids, gumamela, at bougainvillea. Puno ng bayabas yata ang nasa sulok ng bakuran na nakausli na sa labas ng bubong. Narating ko ang dulo ng bakuran na napaliligiran ng matataas na pader. May gate din pero nakakandado. Ininspeksiyon ko ang pader at hinanap kung may butas ba o hukay sa ilalim. Baka kasi nakakalabas lang si Dalmatian kaya pawala-wala. Pero wala naman akong nakita sa tatlong pader. Weird. Babalikan ko pa sana ang nakakandangong gate para tingnan uli nang narinig kong tumahol si Dalmatian. Arf, arf, arf! Pagkalingon ko, nasa bukana na siya ng screen door. Naglakad na ako pabalik sa loob.

“Aba, saan ka naman nagsuot?” tanong ko sa aso. Tumahol lang uli ito. Siyempre, ano ba ang ine-expect ko? Hindi naman mae-express ng aso ang sarili niya through words. At hindi kami magkakaintindihan nang lubos. Hinawakan ko ang ulo ni Dalmatian at inilapit pa niya ito sa’kin. “Ay sus, gusto lang pala ng lambing,” sabi ko. Bumalik ako sa kusina para ihanda ang pagkain ni Dalmatian. Pinaghalo ko ang brown rice at sapat na ulam. Tinanggal ko ang buto sa manok at itinira ang laman. Alam ko kasing bawal ang buto sa aso, baka mabulunan. Dinamihan ko na lang ng sabaw para malasa. Pagtapos, inabot ko ang supot ng kibbles at hinaluan nang kaunti. Naalala ko kasi na ganito raw ang ginagawa minsan ni Rene sa mga outreach niya at noong minsang nag-foster siya ng aso. Nakikinig naman ako kahit papaano. Nagsandok ako at inilagay sa bowl ni Dalmatian. “O, ubusin mo muna iyan,” sabi ko sa aso. Kumain naman kaagad siya. Hinugasan ko na ang rice cooker at nagsalin ng puting bigas. Kumakalam na ang sikmura ko. Nang maisalang na ang kanin, nagpunta ako sa living room para buksan ang TV.

Naupo muna ako sa sofa. Alam kong in 15 minutes ay maluluto na ang kanin. Nakakatakam kasi ‘yong adobo tapos naunahan pa ‘ko ni

Dalmatian kumain. Nagpe-play uli ang *Friends*. Nasa episode na ako kung saan may miniature house si Monica at nagdala ng mga laruan si Phoebe para sa miniature house. Isa sa mga dinala niya ay plastic figurine ng aso pero kasinlaki ng miniature house kaya ayaw ni Monica, kasi raw it doesn't fit. Puti ang aso ngunit itim ang dalawang tainga. Parang si Dalmatian lang pero mas maraming black spots. Tumahol si Dalmatian sa kusina. Pumunta ako at nakitang ubos na ang laman ng bowl. Dinagdagan ko pa ng adobo rice ang lalagyan niya. Gutom na gutom ang aso. "Grabe, parang ilang taon ka yatang hindi nakain ah," sabi ko sa aso na hindi naman ako pinansin. Bumalik ako sa sala at pinagmasdan ang mga picture frames na nakasabit sa isang pader at naka-display sa entertainment unit. Only child lang si Rene kaya karamihan ay mga pictures niya from childhood. Mayroong isa na katabi niya si Jollibee. Mayroong isa na itinuturo niya ang estatwa ni McDo. Mayroong graduation picture from elementary days. Mayroong family picture na silang tatlo nina Tita Pacita at Papa ni Rene na kuha sa Chocolate Hills sa Bohol. May picture naming dalawa ni Rene mula high school graduation. Napangiti ako. Madali kasi akong ma-touch kapag physically compromised, tingin ko dahil sa gutom. Out of the corner of my eye, nakita ko ang isang picture frame na nakapatong sa small table kung nasaan ang telephone at wifi router. Picture ni Rene, siguro around ten years old, na may kasamang aso. "Hmmm, nagkaroon pala ng aso si Rene before?" sabi ko sa sarili. Hindi ko na kasi matandaan. Siguro kakalipat pa lang nila dito noon sa Bulacan. Napansin kong batik-batik din ang aso. Puti at itim. Narinig kong umangat na ang switch ng rice cooker. Sa wakas ay makakakain na ako. Dali-dali akong bumalik sa kusina. Inilagay ko muna sa mangkok ang natitirang adobo at ipinasok sa microwave. Naglabas ako ng malamig na tubig galing ref. Nang kukuha na ako ng plato at kubyertos, napansin kong nawawala na naman si Dalmatian. Pero naubos na niya ang pagkain niya. Ipinagwalang-bahala ko lang uli dahil nagugutom na ako.

Tumunog ang microwave ng tatlong beses. Nagsandok na ako ng kanin sa plato. Inilabas ko ang adobo sa microwave at naglagay ng ulam sa plato. Balik ako sa living room para kumain at manood. Pasado alas tres na pala. Imagine my hunger. Nakatatlong subo pa lang ako pero mabubulunan na ako. Nalimutan ko ang tubig sa mesa sa dining. Bumalik ako para maglagay ng tubig sa baso. Uminom kaagad ako. Pagkakita ko sa gilid ay biglang nandoon na si Dalmatian, nakaupo at nakatingin sa akin. Malapit ko nang mabuga ang tubig. “My god! Nakakagulat ka naman,” sabi ko sa aso na inihilig ang kanyang ulo. Nakababa ang itim niyang tainga. Bumalik na ako sa sala hawak ang malamig na baso. Kumakabog pa rin ang puso ko dahil sa pagkagulat. Sumunod si Dalmatian sa’kin. Umupo kami sa sofa at nagpatuloy ako sa pagkain ng late, late lunch ko. Tumungo sa ‘kin si Dalmatian pero hindi ko pinapansin. Nang hindi ko tigilan, sabi ko, “Huy, naubos mo na ang iyo ha.” Pumirmi siya at dumapa na lang sa sofa.

Matapos ko kumain, naisipan kong ubusin na ang cake sa ref. Tatal aalis na rin naman ako bukas nang gabi. Mamaya, iyong saging na lang ang ihahapunan ko para maubos at para na rin ma-feel ko na healthy ako. Tumayo ako at iniwan si Dalmatian sa sofa na natutulog. Pumunta ako sa kitchen at kinuha ang box ng cake. Hindi na ko nag-abala pang ilagay sa platito ang cake dahil uubusin ko rin naman. Narinig kong tumutunog ang cell phone ko. Baka si Rene na iyon. Bumalik ako sa sala para sagutin ang phone. Pagkapindot ko, choppy ang tunog. Hindi ko maintindihan ang sinasabi ng nasa kabilang linya. Paulit-ulit lang akong nag-hello. Nakita ko naman na malakas ang signal. “Mitch?” tunog boses ni Rene ang nasa linya. “Hello?” sagot ko. Static. “...ka?” iyon lang ang narinig ko. “Ano? Ulit nga?” sagot ko. “Tawag...maya.” sabi ng kausap ko at ibinaba na ang tawag. Si Rene nga ang tumawag dahil nag-text siya pagkababa ng call. *Tawag ako maya, diligan mo na plants.* Pagkalingon ko, wala na naman si Dalmatian. Baka nasa bakuran lang at nauna na, sa isip-isip ko.

Lumabas ako sa likod-bahay at tinawag si Dalmatian. Sumipol ako dahil alam kong iyon minsan ang ginagawa para makuha ang atensiyon ng aso. Saka ko lang naalala na hindi ko pa nga pala natanong kay Rene kung ano ang pangalan ng aso. At ang weird lang din na hindi man lang niya sinabi sa akin. Inilabas ko ang phone ko at tinext si Rene. *Backyard na me. Ano name dog?* Ibinulsa ko ang phone at kinuha ang watering can. Pinuno ko ito ng tubig habang sumisipol pa rin. “Dalmatian!” sigaw ko. Napuno na ang tubig at sinimulan ko munang diligan ang mga nasa maliliit na paso. Napakabango ng halimuyak ng samot-saring halaman sa likod-bahay. Nakapagtataka lang na wala akong naaamoy na mabaho, not that I’m looking for it.

Pero one time kasi na kinita ko si Rene, pinuntahan ko siya sa isang location. Shelter ‘yon, if I’m not mistaken. Sabi niya kasi ayaw niyang mag-isang umalis kasi gagabihin siya and nahihiya naman daw siya maki-hitch ng ride sa mga kasamahan niya. So anyway, I went. Pagkarating ko, mayroong prevailing smell of decay. Parang ‘yong manifestation ng sama ng loob, ganoon. O kaya ‘yong burp na isang linggo nang naka-stuck sa lalamunan. Tapos medyo full na raw kasi iyong capacity noong shelter kasi mas maraming dumarating kaysa nag-aampon from them, kaya nahihirapan daw iyong volunteers i-maintain ‘yong area. Maraming dogs. Medyo hindi lang well-kept ‘yong place nila. Sabi ko kay Rene, “Friend, ano bang amoy ito? Akala ko shelter ito, bakit parang imburnal naman.” Tumingin si Rene sa akin at napatawa na lang. Inabutan niya ako ng face mask. “Gaga, ihi at pupu ‘yan ng dogs. Saglit lang at tutulungan ko maglinis. Kakatapos lang kasi ng feeding time kaya ayan,” sagot niya at umalis na sa tabi ko.

Na-interrupt ang pagmumuni ko nang maramdaman kong mag-vibrate ang phone ko. Nagreply si Rene: *Hindi ko natanong kay Mama. Y?* Nagreply ako: *Curious lang. Saan siya tumatae?* Nagreply agad si Rene: *Backyard siguro. Di ko nakita, baka binubury niya. Y curious??* Ibinaba ko

ang watering can at tumingin sa lupa. Hindi ko alam kung bakit, baka instinct ko lang, pero gusto kong makita kung mayroon bang mounds of soil. Nilibot ko ang buong likod-bahay pero wala naman akong nakita bukod sa mga halaman na bagong tanim. Wala rin akong maamoy na ihi. Weird. Napansin ko na namang wala si Dalmatian. Akala ko ay nauna siya rito sa may likod-bahay. Tinapos ko muna ang pagdidilig. Minabuti kong hanapin si Dalmatian. For sure, wala naman siya sa mga halamanan, so baka nasa loob lang ng bahay somewhere. Pumasok na muna ako sa loob. At ngayon, sinigurado kong naka-lock ang screen door.

Hinanap ko si Dalmatian sa ilalim ng dining table, sa sala table, sa loob ng front gate. Umakyat ako sa second floor. Binuksan ko ang kuwarto ni Rene na expected ko nang walang aso. Nakasara ang pinto ng kuwarto ni Tita Pacita at sigurado akong hindi naman makakapasok si Dalmatian doon, pero sinubukan ko pa ring tingnan. Naka-lock ang pinto. Doon na ako kinabahan. At doon ko lang rin talaga napansin—wala akong nakitang bed ng aso kahit pa inikot ko na ang buong bahay. I mean, hindi ko alam kung bakit pero ang weird sa pakiramdam. Bumaba ako uli. Kailangan ko ng tubig. Nadaanan ko ang cake na hindi ko pa nakakain. Nakahinto uli ang TV screen at nagtatanong ng “Are you still watching *Friends*?” Pagtingin ko sa labas, dapit-hapon na pala. Nagulat ako sa tunog ng telepono. Mahinahon kong sinagot ang tawag. “Hello?”

“Hello? Rene, ikaw ba ‘yan?”

“Hello, si Mitch ho ito.”

“Ay, Mitch! Ikaw pala ‘yan. Andiyen ba si Rene?” Doon lang nag-sink in sa ‘kin na si Tita Pacita pala ang kausap ko.

“Tita, kamusta na po? Wala po si Rene pero ako po ang nagbabantay ng bahay.”

“Ganoon ba? Nasaan si Rene? Hindi kasi sumasagot sa mga chats ko sa FB e.”

“Nasa work po siya ngayong weekend kaya nga po ako ang nahila na magbantay dito sa house n’yo, hehe.”

“Ganoon ba? Naku, si Rene talaga, ipinasa pa sa iba. Till when ka ba d’yan, Mitch?”

“Hanggang tomorrow night lang po, tita. Babalik na rin po akong Manila kasi work na uli ng Monday.”

“A, okay. ‘Yong plants lang naman ang ibinilin ko sa kanya at pag-unplug ng appliances. Mahirap na kasi, ano, ‘yang mga electrical kapag naiwanan lang saglit.”

“Opo, ako rin po nagpapakain sa dog n’yo dito, tita. Ano nga palang name niya?”

“Dog? Anong dog?”

“Ito pong black and white dog n’yo dito sa house, tita. Ano ngang name niya?”

Tumahimik ang kabilang linya.

“A, Mitch, wala naman akong dog sa house. Hindi kaya inuwi ni Rene? Alam mo naman ‘yon, hahaha.”

Ako naman ang natahimik.

“A, ganoon po ba tita...”

“O siya, ‘nak, ibababa ko na, ha. Mahal ang long distance. Ingat ka palagi.”

Hindi na ako makasagot kaya ibinaba na lang ni Tita Pacita ang call. Ibinalik ko ang phone sa receiver, at doon ko nga nakita uli—iyong picture ni Rene kasama ang aso. Iyong batang picture ni Rene na nasa

mesa kung nasaan ang phone. Tiningnan ko uli ang litrato at tinitigan ang aso na kasama ni Rene. Kamukhang-kamukha siya ni Dalmatian. Nagulat ako sa tahol malapit lang sa akin. Woof, woof, woof! Pagkalingon ko, nandoon na si Dalmatian, nakatungo sa akin. Gusto ko sanang tumili pero hindi ko magawa. Hindi ko naman in-expect na mapupunta ako sa ganitong sitwasyon, ever. Biglang nag-ring ang cellphone ko. Sinabayan ni Dalmatian ang pag-iingay ng phone. Sinagot ko ang tawag at tumigil din si Dalmatian. “Hello?” nanginginig ang boses ko. “Finally! Mitch, kanina pa kita tina-try i-reach,” sabi ni Rene. “Rene...uh...” utal ko. “Mitch? Ano ‘yon? Hindi kita marinig,” sagot ni Rene. “Uh, ‘yong aso mo dito...” usal ko. “Ah, yes! Kamusta? Kaka-chat lang sa ‘kin ni Mama about it. Nakakaloka. Ang tanong ba naman sa’kin, kailan raw ako nag-uwi ng dog sa house, haha. Ang sabi ko, ‘Ma, ano ka ba! Makakalimutin ka na yata.’ Anyway, I called lang to tell you na—hello? Mitch, are you there?” Nabitawan ko ang phone. Tumahol uli si Dalmatian. Naririnig ko na nagsasalita pa rin si Rene sa phone. Nanlalamig ang kamay ko pero dinampot ko ang phone. “Rene, naririnig mo ba ngayon na tumatahol ‘yong aso?” Hindi tumitigil sa kakatahol si Dalmatian. “Tahol? Wala naman akong naririnig. Are you okay, Mitch?” alalang tanong ni Rene. “Rene, may picture ka dito sa may telephone table na may kasamang black and white dog. Naalala mo?” tanong ko. “Uhuh, barely. Si Spots ‘yan. Bakit?” tanong ni Rene. “Anong nangyari kay Spots?” sabi ko. “Ay nako, matagal na ‘yon. Nagkasakit siya, e,” sagot ni Rene. Huminto sa pagtahol si Dalmatian. “Spots?” usal ko. Tumahol ng isang beses si Dalmatian at umupo sa lapag. “Oh? What about Spots? You’re being weird ha,” sabi ni Rene sa kabilang linya. “A, wala. Okay lang ako. Never mo pa nakita ‘yong dog ng Mama mo, right?” tanong ko. “Shy nga sa ‘kin so I figured mapalabas ko siya kung maglalagay ako ng food. That’s why I bought the kibbles,” sabi ni Rene. “Pero tumatahol siya, right?” igit ko. “Hahaha! Of course! Alangan namang ngumiyaw ‘yan. Ang

funny mo ha. O siya, I just called to check up on you and to tell you na puwede ka nang umalis bukas after lunch since mapapaaga naman ang uwi ko d'yan, around 5 p.m.," sabi ni Rene. "Okay," iyon na lang ang nasagot ko. "Okay, bye!" End call.

Lumipas ang takot ko nang makipagtitigan ako kay Spots for five minutes. To be honest, hinihintay ko siya mag-dissipate o vanish from air para ma-confirm ang hinala ko. O kaya 'yong maglakad at mag-fade out. Pero sa katagalan ng pakikipagtitigan ko, humiga lang si Spots sa lapag at tumihaya. Tapos, tiningnan ako. Iniabot ko ang kamay ko sa tiyan niya. Hinimas-himas ko at natuwa naman si Spots. Nag-wiggle ang buntot niya. Kinapa ko ng dalawang kamay ang aso. Solid siya. Kinapa ko ang sarili ko, solid rin naman ako. I exist, I think. Pero naloloka ako. "Spots!" sabi ko at biglang tumayo ang aso. Iyon nga siguro ang pangalan niya. Hinimas ko pang uli ang ulo ni Spots at lalo pa niya itong inilapit sa akin.

Gabi na at masakit na ang puwit ko nang tumayo ako mula sa sahi. Naupo ako sa sofa at sinundan naman ako ni Spots. Pinlay ko ang *Friends* at kinain ang cake na kanina ko pa inilabas. Maya't maya ko tinitingnan ang aso na katabi ko at maya't maya rin niya kung silipin ang cake na kinakain ko. Inisip ko kung puwede ba sa aso ang cake at naalala na poisonous pala sa kanila ang chocolate. But then again, hindi naman na yata puwedeng mamatay pa si Spots. Still, hindi ko pa rin siya binigyan just to be safe, at dahil nagutom ako sa sobrang stress ko kanina. "Spots, anong nangyari sa'yo?" tanong ko sa aso. Iniangat niya lang ang ulo niya at ibinabang muli. Siguro naiintindihan niya ako pero hindi niya lang alam kung paano sasabihin sa akin. "Spots, bakit ka nandito?" tanong ko pang muli, as if naman na this time makakapagsalita na siya. I mean, kung multo man 'tong asong 'to, may special skills ba siya like having the ability to talk? I braced myself pero wala namang nangyari. Maya-maya, tumayo ako para maligo. Just because nawindang ako out of my reality magiging dugyot na

ako. Pagtayo ko sa sofa, sabi ko, “Spots, dito ka lang,” at saka umakyat sa taas para kunin ang towel ko. Pagbaba ko, nakahiga pa rin si Spots sa sofa, natutulog. Pumunta ako sa banyo at naligo nang matiwasay. Blanko lang ang utak ko at gusto ko lang mag-relax. Paglabas ko, dahan-dahan akong nag-tiptoe papuntang sala. Nandoon pa rin siya. Nagbihis ako sa taas at pagbaba ko, nandoon pa rin siya. At least marunong sumunod si Spots.

Around 9 p.m., pinakain ko ng kibbles si Spots. Ayaw ko nang isipin kung paanong kaya kumunsumo ni Spots ng pagkain without excreting it. Wala naman talagang logic, at hindi naman ako baliw. Kung sa isip ko lang si Spots nage-exist, then dapat ay makikita ko ang trace ng mga pagkain na kinain niya pero wala naman. Kinain ko na lang ang mga saging. Mangilo-ngilo nga ako dahil galing sa ref ang prutas, pero ipinagwalangbahala ko na lang. We spent the rest of the evening in silence. Nag-skip ako ng ilang seasons sa *Friends*. Pinanood namin ni Spots kung paanong itinago ni Phoebe si Klunkers sa apartment nina Monica at Chandler for three days na hindi nila alam. Nang magkabukingan na may aso pala, nalaman na hindi naman pala talaga allergic si Chandler sa aso. Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako.

Pagkagising ko ay maaraw na. Hinanap ko kaagad si Spots. As if on cue, narinig ko siyang tumatahol sa may likod-bahay. Bumangon ako at pinuntahan siya. Tinalon-talon ako ni Spots nang makita niya ako. Hinawakan ko naman ang ulo niya. Maya-maya, bumalik ako sa kusina para mag-umagahan. Binigyan ko lang din ng tinapay si Spots. Tinignan ko ang orasan at nalamang magtatanghali na rin pala. Napabuntong-hininga ako. Mabigat ang loob ko sa hindi ko malamang rason. Pagkaligo ko, umakyat uli ako para ayusin ang mga gamit ko. Sinusundan lang ako ni Spots kahit saan ako magpunta. At hinahayaan ko lang naman siya. Iniisip ko kung hihintayin ko na lang bang umuwi si Rene para ipaliwanag sa kanya ang

nakikita ko. Pero ano pa? Bakit hindi niya nakikita si Spots? Bakit sa akin lang nagpapakita ang aso? Ayoko nang halungkatin pa. At saka, ayoko rin namang ma-traffic pabalik ng Manila. Tinignan ko si Spots. “Sama ka?” tanong ko rito. Tumahol ng isang beses ang aso. Natawa na lamang ako sa sarili ko. Bumaba na rin ako at isa-isang pinatay at in-unplug ang mga appliances: electric fan, microwave, TV. Sinigurado ko ring patay ang lahat ng ilaw. Inayos ko ang sofa at binitbit ang mga bag ko. Lumabas ako ng gate at kinando muli ang pinto. Kinatok ko si Aling Susan at ibinilin sa kanya ang susi. Katulad noong isang gabi, hindi ito nagsalita at tinanggap lang ang susi. Bumiyahе ako pabalik ng Manila.

5 p.m. ako nakarating sa apartment building ko. Dumaan muna kasi ako ng Trinoma para magpagpag. Saka ko lang na-realize na sa mga burol nga pala iyon kailangang gawin. Nag-grocery ako nang kaunti para mawala ang isip ko sa mga pangyayari. Hindi ko namalayan na napunta pala ako sa aisle ng pet food. Hindi ko na inisip pero kumuha ako ng maliit na pack ng kibbles. Natawa na lang ako sa sarili ko. Sa tapat ng building ko, doon ko lang naramdaman ang bigat na hindi ko kailanman naramdaman. Hindi naman dahil sa groceries kasi kaunti nga lang. Kung mage-emote ako sasabihin kong dahil nami-miss ko si Spots. Si Spots na hindi naman talaga nag-exist sa life ko. Kung tototohanin ko ang sarili ko, sasabihin kong dahil sa god-forsaken na laptop na dinala ko pa sa Bulacan. Hindi ko naman nabuklat kahit once. Akala ko kasi makakapagsulat ako over the weekend. Papasok na sana ako sa building nang makita ko ang isang aso na nakatingin sa akin. Kulay krema siya at gusgusin. Medyo payat pero balbon. Lumuhod ako at ibinaba ang bag sa lapag. Kinuha ko ang kibbles na binili ko at binuksan. Naglagay ako nang kaunti sa lapag at sinipolan ang aso. Nag-hesitate siya slight pero kinain rin naman. Choosy pa ba siya? Nag-vibrate ang phone ko. Text mula kay Rene: *Bulacan na ako, thanks uli. Wala ka bang nakalimutan?* Tumayo ako para pumasok na sa building.

Huminto ang gusgusing aso sa pagkain at tinignan ako. Humakbang ako papaloob at humakbang din siya. Sinusundan yata ako. Humakbang pa ako ng makailang beses at sumusunod pa rin ang aso. Bago ako umakyat sa hagdanan, nireplyan ko muna si Rene: *Welcome. Dala ko ang lahat.*

Si KISHA ALEENA ABUDA ay nagtapos ng BA Literature at MA Creative Writing sa Unibersidad ng Santo Tomas. Nailimbag ang mga akda niya sa UBOD: 2020, Likhaan, Tomas, at Animal Scene Magazine. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Literature at Creative Writing sa UST.